
ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • ABRIL 2011

# Liahona



## Siya ang Pagkabuhay na Maguli at ang Kabuhayan, mga pahina 4, 12

**Isang Patotoo sa Makapangyarihang Anak ng Diyos, p. 16**

**Dahil Mas Malaki ang Ating Utang Kaysa Kaya Nating Bayaran, p. 56**

**Art Exhibit ng mga Bata: Pinagpapala ng Ebanghelyo ang Aking Buhay, p. 62**



© SCALA/ART RESOURCE, NEW YORK

*Ecce Homo (Masdan, ang Tao!),* ni Antonio Ciseri

*"At tinipon ni Pilato ang mga pangulong saserdote, at ang mga pinuno at ang bayan,*

*"At sinabi sa kanila, Dinala ninyo sa akin ang taong ito na gaya ng isang nagpapasama sa bayan: at narito, nang aking siyasatin siya sa harapan ninyo, ay wala akong nasumpungang anomang sala sa taong ito, tungkol sa mga bagay na isinusumbong ninyo laban sa kaniya; . . .*

*"Siya nga'y aking parurusahan, at siya'y pawawalan.*

*"(Kinakailangan nga niyang sa kanila'y magpakawala ng isang bilanggo sa kapistahan.)*

*"Datapuwa't silang lahat ay nagsisigawang paminsan, na nangagsabi, Alisin mo ang taong ito, at pawalan mo sa amin si Barrabas: . . .*

*"Si Pilato'y nagsalitang muli sa kanila, sa pagnanais na pawalan si Jesus.*


*"Datapuwa't sila'y nagsigawan, na sinasabi, Ipako sa krus, ipako siya sa krus.*

*"At kaniyang sinabi sa kanila, na bilang ikatlo, Bakit, anong masama ang ginawa ng taong ito? Wala akong nasumpungang anomang kadahilanang ipatay sa kaniya: parurusahan ko nga siya, at siya'y pawawalan.*

*"Datapuwa't pinipilit nilang hingin sa malalakas na tinig, na siya'y ipako sa krus. . . .*

*"At hinatulan ni Pilato na gawin ang kanilang hinihingi.*

*". . . Ibinigay [niya] si Jesus sa kalooban nila" (Lucas 23:13–14, 16–18, 20–25).*



16

## MGA MENSAHE


4 **Mensahe ng Unang Panguluhan: Wala Siya Rito, Datapuwa't Nagbangon**
Ni Pangulong Thomas S. Monson


7 **Mensahe sa Visiting Teaching: Ang Layunin ng Relief Society**


## TAMPOK NA MGA ARTIKULO


20 **Na Lagi Siyang Aalalahanin**
Ni Elder D. Todd Christofferson
*Tatlong paraan na makatutulong sa atin na maalaala ang Tagapagligtas.*

28 **Rebecca Swain Williams: Matatag at Hindi Matitinag**
Ni Janiece Lyn Johnson
*Nanatili siyang tapat sa ebanghelyo kahit kinalaban siya ng sarili niyang pamilya.*

32 **Diretsong Paglalayag sa Marshall Islands**
Ni Joshua J. Perkey
*Kung minsan kailangan natin ang iba para tulungan tayong makatahak sa makipot at makitid na landas.*

**SA PABALAT**
*Ang Kapayapaan ay Iniiwan Ko sa Inyo,* ni Walter Rane, sa kagandahang-loob ng Church History Museum.

## MGA BAHAGI


8 **Maliliit at mga Karaniwang Bagay**

11 **Paglilingkod sa Simbahan: "Lahat ng Ito ay Nagpapala sa Akin"**
Ni Michael R. Morris

12 **Ang Ating Paniniwala: Si Jesucristo ay Nagbayad-sala para sa Ating mga Kasalanan**

14 **Nangungusap Tayo Tungkol kay Cristo: Magsisi, Bumaling sa Panginoon, at Mapagaling**
Ni David L. Frischknecht

16 **Mga Klasikong Ebanghelyo: Ang Nagpapadalisay na Kapangyarihan ng Getsemani**
Ni Elder Bruce R. McConkie

38 **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

74 **Mga Balita sa Simbahan**

79 **Mga Ideya para sa Family Home Evening**

80 **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Koronang Tinik, Korona ng Tagumpay**
Ni Larry Hiller

## MGA YOUNG ADULT





**42 Ang Isang Tipan ay Walang Hanggan**
Ni Marta Valencia Vásquez
*Noong dalagita ako nagdesisyon ako na magpupunta ako sa templo balang-araw, kahit wala pang templo noon sa Costa Rica.*

**44 Nakinig sa Wakas**
Hindi ibinigay ang pangalan
*Sa buong panahon ng pakiki-pagdeyt ko kay Madeline, lagi akong hinihikayat ng Espiritu na i-deyt lamang ang mga may matataas na pamantayan.*




*Tingnan kung ma-kikita ninyo ang na-katagong Liahona sa isyung ito. Hint: isang magandang prinsesa.*

## MGA KABATAAN


**46 Mga Tanong at mga Sagot**
*Bakit may mga problema kami sa pamilya ko kahit nagsisimba kami, nagdaraos ng family home evening, at sinisikap na ipamuhay ang ebanghelyo? Ano pa ang magagawa namin?*

**48 Poster: Lagi Siyang Alalahanin**

**49 Taludtod sa Taludtod: Doktrina at mga Tipan 76:22–24**

**50 Mga Gantimpala ng Muling Pagtatayo**
Ni Ashley Dyer
*Sa guho o labi ng mga gusaling winasak ng lindol, natagpuan ko ang kahalagahan ng aking sarili.*

**52 Bisa ng Banal na Kasulatan**
Ni Adam C. Olson
*Kinailangan lamang bigyan ng pagkakataon ng dalawang tinedyer na Tahitian na ito ang mga banal na kasulatan.*

**55 Mula sa Misyon: Ang Clue sa Aking Patriarchal Blessing**
Ni Scott Talbot

**56 Ang Tagapamagitan na si Jesucristo**
Ni Pangulong Boyd K. Packer
*Ipinauunawa sa atin ng taling-haga ng nagpautang at nangu-tang ang katarungan, awa, at Pagbabayad-sala.*





## MGA BATA





**59 Ang Pinili ni Niya**
Ni Marcel Niyungi
*Kailangan niyang pumili nang matanto niyang sobra ang isinukli sa kanya ng may-ari ng tindahan.*

**60 Linggo ng Paskua**
*Kahit ipinagdiriwang natin ang Paskua sa isang araw, naka-paloob dito ang isang linggong mga pangyayari sa buhay ng Tagapagligtas.*

**62 Gawang-Sining ng mga Bata mula sa Iba't Ibang Dako ng Mundo**
*Mga mangingisda, templo, misyonero, at marami pang iba.*

**65 Natatanging Saksi: Paano Ako Mananatiling Ligtas mula sa Masasamang Bagay sa Mundo?**
Ni Elder Richard G. Scott

**66 Dalhin sa Tahanan ang mga Turo sa Primary: Si Jesucristo ang Aking Tagapagligtas at Manunubos**
Nina Ana Maria Coburn at Cristina Franco

**68 Masaya sa Tahanan**
Ni Chad E. Phares
*Ikinuwento ng magkapatid mula sa Cambodia ang mga ba-gay na nagpapasaya sa kanila.*

**70 Para sa Maliliit na Bata**

**ABRIL 2011 TOMO 14 BLG. 4**
**LIAHONA 09684 893**
Opisyal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

**Patnugot:** Paul B. Pieper
**Mga Tagapayo:** Stanley G. Ellis, Christoffel Golden Jr., Yoshihiko Kikuchi

**Namamahalang Direktor:** David L. Frischknecht
**Direktor sa Patnugutan:** Vincent A. Vaughn
**Direktor sa Graphics:** Allan R. Loyborg

**Namamahalang Patnugot:** R. Val Johnson
**Assistant na Namamahalang mga Patnugot:** Jenifer L. Greenwood, Adam C. Olson
**Associate na Patnugot:** Ryan Carr
**Assistant na Patnugot:** Susan Barrett
**Staff sa Patnugutan:** David A. Edwards, Matthew D. Flitton, LaRene Porter Gaunt, Larry Hiller, Carrie Kasten, Jennifer Maddy, Melissa Merrill, Michael R. Morris, Sally J. Odekirk, Joshua J. Perkey, Chad E. Phares, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Janet Thomas, Paul VanDenBerghe, Julie Wardell
**Senior na Sekretarya:** Laurel Teuscher

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Scott Van Kampen
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Staff sa Disenyo at Produksyon:** Cali R. Arroyo, Collette Nebeker Aune, Howard G. Brown, Julie Burdett, Thomas S. Child, Reginald J. Christensen, Kim Fenstermaker, Kathleen Howard, Eric P. Johnsen, Denise Kirby, Scott M. Mooy, Ginny J. Nilson
**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin

**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick
**Direktor sa Pamamahagi:** Evan Larsen

**Pagasasalin:** Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org**

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2011 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin kung mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala anag mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

**For Readers in the United States and Canada:**
April 2011 Vol. 14 No. 4. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send address changes to Salt Lake Distribution Center, Church Magazines, PO Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368.

# Marami Pang Impormasyon Online

Liahona.lds.org

## PARA SA MATATANDA



**Basahin ang mga kuwento** ng pagbabalik-loob mula sa Marshall Islands (pahina 32) at tingnan ang iba pang mga larawan sa www.liahona.lds.org.


## PARA SA MGA KABATAAN





Nang magpasiya ang dalawang tined-yer na Tahitian na pagtuunan ng pansin ang scripture mastery, binago nito ang kanilang buhay (pahina 52). **Alamin ang iba** pa sa www.seminary.lds.org.

## PARA SA MGA BATA







**Tingnan ang 23 gawang-sining mula** sa international art exhibit sa mga pahina 62–64 at ang iba pang mga lahok sa www.liahona.lds.org.


## SA INYONG WIKA

*Ang Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa **www.languages.lds.org**.

## MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

*Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.*

***Awa,*** *56*
***Bagong Tipan,*** *60*
***Banal na katangian,*** *70, 72*
***Espiritu Santo,*** *44*
***Gawaing misyonero,*** *28, 55*
***Halimbawa,*** *32*
***Jesucristo,*** *4, 12, 14, 16, 20, 48, 49, 56, 60, 66, 80*
***Kabutihan,*** *65*
***Kagipitan,*** *46*
***Kahalagahan ng sarili,*** *50*
***Kasaysayan ng Simbahan,*** *8*
***Katapatan,*** *59*
***Katarungan,*** *56*
***Lider ng Simbahan,*** *mga, 9*
***Moralidad,*** *42, 44*
***Pag-aaral ng mga banal na kasulatan,*** *52, 68*
***Pagbabalik-loob,*** *28, 32, 38*
***Pagbabayad-sala,*** *12, 14, 16, 39, 66*
***Pag-ibig,*** *pagmamahal, 41*
***Pagkabuhay na Mag-uli,*** *4, 16, 49, 60*
***Paglilingkod,*** *11, 41, 50*
***Pagpapaaktibo,*** *32*
***Pagpapagaling,*** *80*
***Pagsisisi,*** *12, 14, 32, 39*
***Pamantayan,*** *mga, 44*
***Pamilya,*** *46*
***Panalangin,*** *40*
***Pananampalataya,*** *32*
***Plano ng kaligtasan,*** *41*
***Propeta,*** *mga, 10*
***Relief Society,*** *7*
***Sakrament,*** *20, 48*
***Seminary,*** *52*
***Sining,*** *62*
***Talento,*** *mga, 62*
***Tipan,*** *mga, 42*
***Trabaho,*** *9*



**Ni Pangulong Thomas S. Monson**

# Wala Siya Rito, Datapuwa't Nagbangon

Ngayon tanging mga labi na lang ang makikita sa Capernaum, ang lungsod sa baybayin ng lawa na sentro ng ministeryo ng Tagapagligtas sa Galilea. Dito ay nangaral Siya sa sinagoga, nagturo sa tabing-dagat, at nagpagaling ng mga tao sa mga bahay-bahay.

Sa simula ng Kanyang ministeryo, binanggit ni Jesus ang isang tala mula sa Isaias: "Ang Espiritu ng Panginoong Dios ay sumasa akin; sapagka't pinahiran ako ng Panginoon upang ipangaral ang mabubuting balita sa mga maamo; kaniyang sinugo ako upang magpagaling ng mga bagbag na puso, upang magtanyag ng kalayaan sa mga bihag, at magbukas ng bilangguan sa nangabibilanggo" (Isaias 61:1; tingnan din sa Lucas 4:18)—isang malinaw na pagpapahayag ng banal na plano na iligtas ang mga anak ng Diyos.

Ngunit ang pangangaral ni Jesus sa Galilea ay simula pa lamang. Ang Anak ng Tao ay may nakapanghihilakbot na gagawin sa burol na tinatawag na Golgota.

Dinakip sa Halamanan ng Getsemani matapos ang Huling Hapunan, itinatwa ng Kanyang mga disipulo, niluraan, inusig, at kinutya, sumusuray na pinasan ni Jesus ang Kanyang napakabigat na krus papuntang Kalbaryo. Nagsimula Siyang magtagumpay hanggang sa Siya ay ipagkanulo, parusahan, at mamatay sa krus.

Sa mga titik ng awiting "[The Holy City] Ang Banal na Lungsod":

*Nagbago ang tagpo. . . .*
*Sa napakalamig na umagang iyon,*
*Anino ng krus ay natanaw*
*Sa malungkot na burol sa dako pa roon.*[1]



Para sa atin ay ibinigay ng ating Ama sa Langit ang Kanyang Anak. Para sa atin ay inalay ng ating Nakatatandang Kapatid ang Kanyang buhay.

Sa huling sandali'y maaari sanang tumalikod ang Panginoon. Ngunit hindi Niya ginawa. Nagpakababa Siya sa lahat ng bagay upang iligtas Niya ang lahat: ang sangkatauhan, ang mundo, ang lahat ng nilalang na nanirahan dito.

Wala nang mga salitang higit na makahulugan sa akin kaysa sa mga binigkas ng anghel sa nananangis na si Maria Magdalena at sa isa pang Maria nang papalapit na sila sa libingan upang linisin ang katawan ng kanilang Panginoon: "Bakit hinahanap ninyo ang buhay sa gitna ng mga patay? Wala siya rito, datapuwa't nagbangon" (Lucas 24:5–6).

Sa pahayag na ito, ang mga nabuhay at namatay, ang mga nabubuhay ngayon at mamamatay balang-araw, at ang mga isisilang pa lang at mamamatay din ay nailigtas na.

Dahil sa nadaig ni Cristo ang kamatayan, lahat tayo ay mabubuhay na maguli. Ito ang pagkatubos ng kaluluwa. Isinulat ni Pablo:

"Mayroon[g]. . . mga katawang ukol sa langit, at mga katawang ukol sa lupa: datapuwa't iba ang kaluwalhatian ng ukol sa langit, at iba ang ukol sa lupa.

"Iba ang kaluwalhatian ng araw, at iba ang kaluwalhatian ng buwan, at iba ang kaluwalhatian ng mga bituin; sapagka't ang isang bituin ay

*SIYA'Y WALA RITO*, NI WALTER RANE, HINDI MAAARING KOPYAHIN; *SI CRISTO AT SI MARIA SA PUNTOD*, NI JOSEPH BRICKEY © 2004 IRI

naiiba sa ibang bituin sa kaluwalhatian.

"Gayon din naman ang pagkabuhay na maguli ng mga patay" (I Mga Taga Corinto 15:40–42).

Selestiyal na kaluwalhatian ang hangad natin. Sa piling ng Diyos natin nais manirahan. Ito ay pamilyang walang hanggan at dito natin nais na mapabilang.

Tungkol sa Kanya na nagligtas sa atin sa walang hanggang kamatayan, pinatototohanan ko na Siya ay guro ng katotohanan—ngunit Siya ay higit pa sa isang guro. Siya ang huwaran ng perpektong buhay—ngunit Siya ay higit pa sa isang huwaran. Siya ang pinakamahusay na manggagamot—ngunit Siya ay higit pa sa isang manggagamot. Siya ang literal na Tagapagligtas ng daigdig, ang Anak ng Diyos, ang Pangulo ng Kapayapaan, ang Banal ng Israel, maging ang nagbangong Panginoon, na nagpahayag, "Ako ang una at ang huli; ako ang siyang nabuhay, ako ang siyang pinaslang; ako ang inyong tagapamagitan sa Ama" (D at T 110:4).

"Ligayang aking matalos: 'Buhay ang aking Manunubos!'"[2]

Ito ay pinatototohanan ko. ■

**MGA TALA**

1. Frederick E. Weatherly, "The Holy City" (1892).
2. "Buhay ang Aking Manunubos," *Mga Himno,* blg. 78.

## PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO


Hinihikayat ng mahuhusay na guro na magkaisa ang kanilang mga tinuturuan. Habang ibinabahagi ng mga tao ang kanilang mga kaalaman at karanasan at nakikinig sa isa't isa nang may paggalang, hindi lamang sila nagkakaroon ng positibong kapaligiran sa pagkatuto kundi mas nagkakaisa sila (tingnan sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* [1999], 78). Magkakaroon ng pagkakaisa ang inyong mga tinuturuan habang kayo ay mapitagang nagpapatotoo sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo at sa Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli. Ang pagkakaisang ito ay makatutulong sa mga pamilya na sundin ang payo ni Pangulong Monson na maging "walang hanggang pamilya."





## MGA KABATAAN

### Ipinakita Niya sa Atin ang Daan Pabalik



"Naparito ang Tagapagligtas sa mundo upang ipakita sa atin kung paano ipamuhay ang planong mula sa langit—isang plano na kung ipamumuhay ay magpapaligaya sa atin. Ang Kanyang halimbawa ang nagturo sa atin ng daan pabalik sa ating Ama sa Langit. Walang ibang nabuhay sa mundo na naging lubos na 'matatag at [hindi n]atitinag' (Mosias 5:15). Hindi man lang Siya nabahala. Nakatuon Siya sa pagsasakatuparan ng kagustuhan ng Ama, at nanatili Siyang tapat sa Kanyang banal na misyon. . . .

"Bahagi kayo ng kahanga-hangang planong iyon na inilahad sa mundo noon bago pa kayo isinilang. Ang pagparito ninyo sa mundo ngayon ay inasahan na mula pa noong tanggapin ang plano. Hindi aksidente ang oras at lugar ng inyong kapanganakan. Ang inyong 'labis na pananampalataya at mabubuting gawa' (Alma 13:3) noon ang naging saligan ng anumang magagawa ninyo ngayon kung kayo ay tapat at masunurin. . . . May gagampanan kayong dakilang gawain. Para magampanan ang inyong banal na misyon at masunod ang plano ng kaligayahan, kailangan din ninyong maging matatag at hindi natitinag."

**Elaine S. Dalton, Young Women general president, "Sa Lahat ng Panahon, sa Lahat ng Bagay, at sa Lahat ng Lugar,"** ***Liahona,*** **Mayo 2008, 116.**

## MGA BATA

### Maaari Tayong Maging Walang Hanggang Pamilya

Itinuturo ni Pangulong Monson na sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, maaari nating makasamang muli ang ating mga pamilya sa kabilang-buhay. Pagsama-samahin ang pamilyang ito sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubilin na nasa ibaba.

*Mga Tagubilin:* Ang mga miyembro ng pamilya sa kaliwa ay nagkahiwa-hiwalay at nahiwalay sa Tagapagligtas dahil sa kamatayan. Gawan ng kopya ang pahinang ito, i-print ito mula sa www.lds.org, o gumawa ng sarili mong paglalarawan upang ipakita kung paano tayo mapagsasama-sama ng Tagapagligtas. Itupi ang pahina sa bawat linyang may mga tuldok upang magdugtong ang mga bituin sa ibaba ng pahina, at matakpan ang madilim na bahagi.



PAGLALARAWAN NI STEVE KROPP

# Ang Layunin ng Relief Society

*Mapanalanging pag-aralan ang materyal na ito at, kung angkop, talakayin ito sa kababaihang dinadalaw ninyo. Gamitin ang mga tanong upang tulungan kayong patatagin ang mga kapatid at gawing aktibong bahagi ng inyong buhay ang Relief Society.*

**Pananampalataya • Pamilya • Kaginhawahan**

Nang unang tawagin ang aming panguluhan, binigyan kami ng ilang sanggunian tungkol sa kasaysayan ng Relief Society. Pinag-aralan namin ang mga ito nang may panalangin, sa hangaring malaman ang layunin ng Relief Society at kung ano ang nais ipagawa sa amin ng Panginoon. Nalaman namin na ang layunin ng Relief Society na itinatag ng Panginoon ay magbuo, magturo, at magbigay-inspirasyon sa Kanyang mga anak na babae upang ihanda sila sa mga pagpapala ng buhay na walang hanggan.

Upang maisakatuparan ang layuning ito ng Relief Society, inutusan ng Panginoon ang bawat babae at ang buong organisasyon na:

1. Pag-ibayuhin ang pananampalataya at sariling kabutihan.
2. Palakasin ang mga pamilya at tahanan.
3. Magbigay ginhawa sa pamamagitan ng paglilingkod sa Panginoon at sa Kanyang mga anak.

Magagampanan lamang natin ang gawaing ito sa paraan ng Panginoon kung tayo ay maghahangad at tatanggap ng personal na paghahayag, at kikilos ayon dito. Kung wala tayong personal na paghahayag, hindi tayo magtatagumpay. Kung susundin natin ang personal na paghahayag, hindi tayo mabibigo. Pinagbilinan tayo ng propetang si Nephi na ipapakita sa atin ng Espiritu Santo ang "lahat ng bagay na nararapat [nating] gawin" (2 Nephi 32:5). Pumanatag tayo at tumahimik nang sapat para marinig natin ang tinig ng Espiritu.

Mga kapatid, tayo ay may mahalagang papel na gagampanan sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos at paghahanda sa pagdating ng Panginoon. Sa katunayan, hindi maisasakatuparan ang gawain ng Panginoon kung wala ang tulong ng Kanyang mga anak na babae. Dahil diyan, inaasahan ng Panginoon na daragdagan natin ang ating handog. Inaasahan Niya na mas tutuparin natin ang layunin ng Relief Society kaysa dati.

***Julie B. Beck, Relief Society general president.***

## *Mula sa mga Banal na Kasulatan*

Deuteronomio 6:5–7; Lucas 10:30–37; Santiago 1:27; 2 Nephi 25:26; Mosias 3:12–13

*Para mabasa ang tungkol sa isang babaeng naging halimbawa ng pananampalataya at personal na kabutihan, tingnan sa pahina 28.*

## *Ano ang Magagawa Ko?*

**1.** Anong inspirasyon ang natanggap ko upang tulungan ang aking mga kapatid na babae na pag-ibayuhin ang pananampalataya at sariling kabutihan at palakasin ang kanilang pamilya at tahanan? Anong ginhawa ang maibibigay ko?

**2.** Paano ko gagamitin ang mensaheng ito upang palakasin ang aking pananampalataya at pag-ibayuhin ang sarili kong katapatan sa personal na kabutihan?

Para sa iba pang impormasyon, puntahan ang www.reliefsociety.lds.org.

## *Mula sa Ating Kasaysayan*

Sa isang pulong ng Relief Society noong Hunyo 9, 1842, itinuro ni Propetang Joseph Smith sa kababaihan na ang kanilang samahan ay "hindi lamang para bigyang ginhawa ang maralita, kundi para magligtas ng mga kaluluwa."[1] Ang pahayag na ito ng espirituwal at temporal na layunin ay katangian na ng Relief Society sa buong kasaysayan nito. Noong 1906 itinuro ni Pangulong Joseph F. Smith (1838–1918): "[Ang Relief Society ay] hindi lamang . . . tumutukoy sa mga pangangailangan ng mahihirap, maysakit at nangangailangan, kundi bahagi pa rin ng tungkulin nito—[at] ang mas malaking bahagi [pa] nito—ay ang pangalagaan ang espirituwal na kapakanan at kaligtasan ng mga ina at anak na babae ng Sion; tiyakin na walang napababayaan, sa halip lahat ay nababantayan laban sa kasawiang-palad, kalamidad, kapangyarihan ng kadiliman, at kasamaan na nagbabanta sa kanila sa mundo."[2] Noong 2001 inulit ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Bawat kapatid na babae sa Simbahang ito na gumawa ng mga tipan sa Panginoon ay binigyan ng banal na tagubilin na tumulong sa pagliligtas ng mga kaluluwa, na akayin ang kababaihan ng daigdig, patatagin ang mga tahanan sa Sion, at itayo ang kaharian ng Diyos."[3]

**MGA TALA**

1. Joseph Smith, *History of the Church,* 5:25.
2. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph F. Smith* (1999), 223.
3. M. Russell Ballard, "Kababaihan ng Kabutihan," *Liahona,* Dis. 2002, 39.



PAGLALARAWAN NI CHRISTINA SMITH

# Maliliit at mga Karaniwang Bagay

*"At mula sa maliliit na bagay nagmumula ang yaong dakila" (D at T 64:33).*

**KASAYSAYAN NG SIMBAHAN SA IBA'T IBANG DAKO NG MUNDO**



## Ang Marshall Islands

Bagama't nabisita ng mga miyembro ng Simbahan ang Marshall Islands noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nagsimula lamang ang opisyal na gawaing misyonero doon noong Pebrero 1977. Sa taong iyon inatasan sina Elder William Wardel at Elder Steven Cooper mula sa Hawaii Honolulu Mission na mangaral sa lugar. Sa tulong ni Eldred Fewkes, isang miyembro ng Simbahan na lumipat sa Marshall Islands dahil sa trabaho, gumawa sila ng paraan upang makapagdaos ng mga pulong ng Simbahan sa gusali ng ibang simbahan.

Sa unang taong na iyon ay nakapagbinyag ang mga misyonero ng 27 katao. Pagkaraan ng tatlong taon ang Marshall Islands ay naging bahagi ng Micronesia Guam Mission.

Noong 1984 nabuo ang Majuro Marshall Islands District. Patuloy na dumami ang mga miyembro ng Simbahan, na nauwi sa pagbubuo ng pangalawang district noong 1991 sa Kwajalein. Noong 2006 nilikha ang Marshall Islands Majuro Mission. Nang sumunod na tatlong taon nakita ang malaking pagdami ng mga aktibong miyembro dahil sa pagpapaaktibo, pagbibinyag sa mga naturuan, at pagpapatatag sa mga lokal na lider. Kaya noong Hunyo 14, 2009, naorganisa ang Majuro Marshall Islands Stake.

Para mabasa ang mga kuwento ng pananampalataya at pagbabalik-loob ng mga miyembro sa Marshall Islands, tingnan sa pahina 32.

| ANG SIMBAHAN SA MARSHALL ISLANDS | |
|---|---|
| Bilang ng mga Miyembro | 4,486 |
| Mga Mission | 1 |
| Mga Stake | 1 |
| Mga District | 1 |
| Mga Ward/Branch | 11 |

### Matuto mula sa Kumperensya

Ang aming mga anak ay malalaki na at may kani-kanyang tahanan at pamilya, ngunit nakahanap kami ng magandang paraan na sama-samang matutuhan ang mga salita ng mga propeta. Sa tuwing matatapos ang bawat pangkalahatang kumperensya, pinag-aaralan ko sa buwan ding iyon ang mga mensahe sa www.conference.lds.org at pumipili ng mga quotation doon na nagbibigay ng tagubilin, patnubay, at kaaliwan. Sapat ang nakokolekta ko para may isang quotation bawat araw sa loob ng anim na buwan. (Halimbawa, noong Abril, may quotation ako araw-araw para sa Mayo 1–Oktubre 31.) Pagkatapos ay binibigyan ko ng kopya ng mga quotation na ito ang bawat isa sa aming mga anak.

Bilang karagdagan sa sariling pag-aaral nila ng mga mensahe sa kumperensya, ang mga quotation na ito ang nagiging paksa ng pag-uusap ng mga miyembro ng pamilya. Isang magandang karanasan ang repasuhin ang payo ng mga propeta sa sumunod na mga buwan matapos ang pangkalahatang kumperensya, kahit milya-milya ang layo namin sa isa't isa.

**Christine Tippetts, Utah, USA**

KALIWA: LARAWAN © ISTOCK; KANANG IBABA: LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY LIBRARY.

# J. Reuben Clark Jr.: Isang Taong Hindi Pangkaraniwan ang mga Kaloob



Si Joshua Reuben Clark Jr. ay ipinanganak sa Grantsville, Utah, noong Setyembre 1, 1871. Bagama't kaunti lamang ang kanyang pormal na edukasyon at hindi siya tumuntong ng hayskul, tinuruan siya ng kanyang ina, at nakahiligan niya ang pag-aaral. Nanguna siya sa kanyang klase nang magtapos siya sa University of Utah sa kursong bachelor of science at nagpatuloy sa pag-aaral ng abugasiya sa Columbia University law school sa New York City.

Pinakasalan ni Brother Clark si Luacine Annetta Savage sa Salt Lake Temple noong 1898, at apat ang kanilang naging anak.

Taglay ang natapos na kurso sa abugasiya at angking talino, si J. Reuben Clark Jr. ay nakilala bilang isang mahusay na mambabatas at tagapaglingkod sa publiko na nagsimula nang matawag siya bilang U.S. ambassador sa Mexico noong 1930. Gayunpaman nahinto si Brother Clark sa propesyong ito nang sang-ayunan siya bilang Pangalawang Tagapayo kay Heber J.Grant sa Unang Panguluhan noong Abril 6, 1933. Bagama't high priest siya noong panahong iyon, hindi siya isang General Authority. Siya ay inordenan bilang Apostol nang sang-ayunan siya bilang Unang Tagapayo kay Pangulong Grant noong Oktubre 1934. Si Pagulong Clark ay naglingkod bilang tagapayo kina Pangulong George Albert Smith at David O. McKay.

*Si Pangulong Clark (kaliwa) kasama si Lamont Toronto, mission president.*





*Ang Unang Panguluhan noong 1945 (mula sa kaliwa): J. Reuben Clark Jr., Heber J. Grant, at David O. McKay.*

Sa marami niyang kontribusyon sa Simbahan, namumukod doon ang halimbawa ng pagpapakumbabang ipinakita niya nang si David O. McKay ay naging Pangulo ng Simbahan. Tinawag niya si Pangulong Clark bilang kanyang Pangalawang Tagapayo. Dahil si Pangulong Clark ay naglilingkod bilang Unang Tagapayo sa nakaraang mga Unang Panguluhan, inisip ng ilan na tila pagwawalanghalaga ito sa kanya, ngunit ipinaliwanag ni Pangulong Clark: "Sa paglilingkod sa Panginoon, hindi mahalaga kung saan ka naglilingkod kundi kung paano. Sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ginagampanan ng isang tao ang tungkuling iniatas sa kanya, tungkuling hindi niya dapat hangarin ni tanggihan."[1]

Si Pangulong Clark ay namatay noong Oktubre 6, 1961.

**TALA**

1. J. Reuben Clark Jr., sa Conference Report, Abr. 1951, 154.

## LDS EMPLOYMENT RESOURCE SERVICES WORKSHOP

Ang LDS Employment Resource Services ay nagbibigay ng workshop para tulungan ang mga taong naghahanap ng trabaho, gustong pumasok sa eskwelahan, o nagsisimulang magtayo ng negosyo. Ang workshop ay tumutulong sa mga tao na matukoy ang kanilang mga mithiin at magkaroon ng tiwala sa kanilang kakayahang magtagumpay. Layon nitong magturo, mahikayat at makibahagi ang lahat, at maging kasiya-siya. Ang mga taong nagsasagawa ng kanilang natutuhan sa workshop ay kadalasang nakahahanap ng trabaho nang mas mabilis kaysa sa ibang hindi ginagawa ito.

Kabilang sa workshop ang mga paksang tulad ng pagtukoy sa mga mithiing gustong makamtan, paghanap ng mga makatutulong upang makamtan ang mga mithiin, pagsusulat ng mga résumé, at pagtatagumpay sa bagong trabaho.

Para malaman ang pagdarausan ng workshop, magtanong sa inyong bishop o branch president o bisitahin ang **www.ldsjobs.org** at mag-klik sa "Find a Center."

## "ALALAHANIN MO RIN NAMAN ANG MAYLALANG SA IYO SA MGA KAARAWAN NG IYONG KABATAAN" (ECLESIASTES 12:1)

Ang mga banal na kasulatan ay nagsasalaysay ang mga ministeryo ng mga propeta at apostol. Marami sa mga lider na ito ang kilala na ang Diyos mula pa noong kanilang kabataan. Narito ang limang tala sa banal na kasulatan na naglalarawan ng mga karanasan ng ilan sa mga magiging lider na ito.



- Si Mormon ay mga 10 taong-gulang nang piliin siya ni Amaron na maging kasunod na tagapag-ingat ng mga talaan (ang mga lamina ni Nephi). Sa edad na 16 anyos pinamunuan ni Mormon ang mga hukbo ng Nephita. (Tingnan sa Mormon 1:2–4; 2:1–2.)



- Si Juan Bautista, na tinawag upang ihanda ang mga tao para sa "pagparito ng Panginoon," ay "inordenan sa pamamagitan ng anghel ng Diyos sa panahong siya ay nasa gulang na walong araw sa kanyang kapangyarihan" (D at T 84:27–28).



- Si David ay "binatilyo" pa lang nang patayin niya si Goliath, na marahil ay kaedad ng mga kawal sa hukbo ni Helaman (tingnan sa 1 Samuel 17:49–56; Alma 53:22).



- Si Haring Josias, na pinutungan ng korono sa edad na walo, ay ginugol ang kanyang 31-taong pamumuno sa pagtulong sa mga Judio na magbalik-loob sa ebanghelyo (tingnan sa II Mga Hari 22).



- Si Jose ay 17 nang ipagbili siya sa Egipto, kung saan "ang Panginoon ay suma kay Jose" (tingnan sa Genesis 37:2, 27–28; 39:2).

KALIWANG ITAAS: PAGLALARAWAN NI PAUL MANN; DETALYE MULA SA *DINALA NI SAPHAN ANG MGA NAKABALUMBON NA PAPEL KAY JOSIAS*, NI ROBERT T. BARRETT © 1990, HINDI MAARING KOPYAHIN; *PINAIKLI NI MORMON ANG TALA SA MGA LAMINA*, NI TOM LOVELL © IRI; *DAVID AT GOLIATH*, NI STEVE NETHERCOTT, HINDI MAARING KOPYAHIN; *SINAUNANG MGA HALIMBAWA/MAKABAGONG MGA PANGAKO*, NI JEFF WARD

# “Lahat ng Ito ay Nagpapala sa Akin”

**Ni Michael R. Morris**
Mga Magasin ng Simbahan



*Elvira Guagliarello*

Kung Sabado ngayon, makikita ninyo si Elvira Guagliarello na abalang nagtatrabaho sa kusina ng kanyang tahanan sa Puerto Madryn, na nasa baybayin ng Nuevo Gulf ng Argentina sa katimugang lalawigan ng Chubut.

Nagsusukat siya ng harina at tubig at pagkatapos ay kinukuha ang iba pang sangkap. Bababahagya siyang umimik habang nagtatrabaho, mas kumikilos siya kaysa nagsasalita. Kunsabagay, siya ay naglilingkod sa Panginoon.

“Maganda ang pakiramdam ko dahil alam kong mabuti ang ginagawa ko,” sabi ni Sister Guagliarello habang hinahalo niya ang mga sangkap. Iniisip niya ang Tagapagligtas habang nagtatrabaho, masaya sa ideya na ang produkto ng kanyang paglilingkod ay makatutulong sa iba pang mga miyembro ng Simbahan na alalahanin Siya.

Si Sister Guagliarello, edad 82, ay masayang naglilingkod bilang visiting teacher, tumutulong sa pagkumpas ng musika sa kanyang ward, at nagluluto ng tinapay na gagamitin sa ordenansa ng sakrament—isang tungkuling halos 10 taon na niyang ginagampanan. Naghahanda siya ng isang buong tinapay para sa kanyang sarili sa mga unang araw ng linggo, ngunit naglalaan siya ng oras tuwing Sabado para magluto ng tinapay na “tanging para sa Simbahan,” sabi niya. “Sinasabi ko sa sarili ko, ‘Kailangan kong magluto ng tinapay, at kailangan kong magsimba.’ Ayokong mabigo.”

Kung wala siyang sakit, dumadalo rin siya sa templo—na gumugugol ng taunang 20-oras na paglalakbay sa bus patimog patungong Buenos Aires Argentina Temple.

“Laging masayang naglilingkod si Sister Guagliarello sa lahat ng paraan sa abot ng kanyang makakaya,” sabi ng kanyang bishop na si Jesús Santos Gumiel. “Alam ng mga miyembro ng ward na maaasahan nila siya. Sa kabila ng kanyang edad, tapat siya sa paghahanda ng tinapay tuwing Sabado at pagsisimba tuwing Linggo. Isa siyang mabuting halimbawa.”

Nakilala ni Sister Guagliarello ang mga full-time missionary noong 1962 sa Mar del Plata, timog ng Buenos Aires, habang nagtatrabaho sa boarding house na tinirhan nila. Nang makita niya silang kumakatok sa mga pintuan pagkaraan ng 15 taon, matapos lumipat sa Puerto Madryn, nakinig siya sa mga turo nila, nabinyagan, at nagsimulang maglingkod sa Simbahan.


Ngayon ay mag-isa siyang namumuhay, ngunit hindi niya nadaramang siya ay nag-iisa. Mayroon siyang mga banal na kasulatan at pamilya sa ward, at madalas siyang manalangin sa kanyang Ama sa Langit. Bukod pa rito, kasama niya ang Espiritu, na ipinangako ng Panginoon sa mga naglilingkod sa Kanya sa pamamagitan ng paglilingkod sa iba.[1]

“Lahat ng ito ay nagpapala sa akin,” nakangiting sabi ni Sister Guagliarello. “Pinaglilingkod tayo ng Simbahan, at nagpapasaya iyan sa akin. Noon pa man ay nagagalak na ako sa paglilingkod sa ating Ama sa Langit.” ■

**TALA**

1. Tingnan sa Henry B. Eyring, “Sa Lakas ng Panginoon,” *Liahona,* Mayo 2004, 19; tingnan din sa Juan 14:16–18; Doktrina at mga Tipan 88:3.

ITAAS: LARAWANG KUHA NI MICHAEL R. MORRIS



**PINAKAMAGANDANG MAGAGAWA SA KATANDAAN**

Ang susi para madamang may silbi tayo at mapaglabanan natin ang kalumbayan ay humanap ng mga paraan na matulungan ang ibang nangangailangan. Iminungkahi ni Pangulong Ezra Taft Benson (1899–1994) na isaalang-alang ng matatandang miyembro ng Simbahan na maglingkod sa sumusunod na mga paraan:

1. Magtrabaho sa templo at dumalo nang madalas.
2. Mangolekta at magsulat ng mga kasaysayan ng pamilya.
3. Makibahagi sa paglilingkod ng mga misyonero.
4. Itaguyod ang pagsasama-sama ng pamilya.
5. Tanggapin at gampanan ang mga tungkulin sa Simbahan.
6. Maglingkod nang tulad ni Cristo.
7. Manatiling malakas, malusog, at aktibo.

**Mula kay Ezra Taft Benson, “To the Elderly in the Church,” *Ensign,* Nob. 1989, 4–6.**

# SI JESUCRISTO AY NAGBAYAD-SALA PARA SA ATING MGA KASALANAN

Ang isa sa mga dahilan kaya tayo narito sa lupa ay para matutuhang sundin ang mga utos ng Diyos. Maliban kay Jesucristo, na naging sakdal ang buhay, bawat taong nabubuhay sa mundo ay nagkasala (tingnan sa Mga Taga Roma 3:23; I Ni Juan 1:8). Nagkakasala tayo kapag sadya nating sinusuway ang mga utos ng Diyos, at lahat ng kasalanan ay may kaakibat na parusa. Kapag nagkasala tayo, hinihingi ng katarungan na parusahan tayo (tingnan sa Alma 42:16–22).


Sa huli, ang bunga ng anumang kasalanan ay pagkawalay sa Diyos (tingnan sa 1 Nephi 10:21). Ang pagkawalay na ito ay napakatindi kaya hindi natin ito maiaayos nang mag-isa.

Para madaig ang pagkawalay na ito, naglaan ng paraan ang ating Ama sa Langit sa pamamagitan ng Kanyang Bugtong na Anak na si Jesucristo, na dalhin sa Kanyang sarili ang bigat ng ating mga kasalanan, nang tayo ay maging malinis sa espirituwal at makapiling Siyang muli. Ito ang plano ng awa.

Itinuro ng Tagapagligtas, "Sapagkat masdan, ako, ang Diyos, ay pinagdusahan ang mga bagay na ito para sa lahat, upang hindi sila magdusa kung sila ay magsisisi; subalit kung hindi sila magsisisi sila ay kinakailangang magdusa na katulad ko" (D at T 19:16–17).

Bilang bahagi ng Kanyang Pagbabayad-sala, si Jesus ay nagdusa para sa ating mga kasalanan sa Halamanan ng Getsemani at sa krus ng Kalbaryo. Kapag pinagsisihan natin ang ating mga kasalanan, magkakaroon ng bisa ang Kanyang Pagbabayad-sala sa ating buhay.

Sinabi ni Jesucristo, na kusang nagbayad-sala para sa ating mga kasalanan:



"Si Jesucristo, bilang Bugtong na Anak ng Diyos at ang tanging taong nabuhay na walang kasalanan sa mundong ito, ang tanging makagagawa ng pagbabayad-sala para sa sangkatauhan" (Bible Dictionary, "Atonement").

**Inilalaan din ng Pagbabayad-sala ang sumusunod na mga pagpapala:**

*1. Pagkabuhay na Mag-uli sa lahat ng isinilang sa mundo (tingnan sa Alma 11:42–45).*



*2. Buhay na walang hanggan sa piling ng Diyos para sa lahat ng batang namatay bago sumapit sa edad ng pananagutan, o walong taong gulang (tingnan sa Mosias 3:16; 15:24–25; Moroni 8:8–12).*



"Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y aking papagpapahingahin.

"Pasanin ninyo ang aking pamatok, at magaral kayo sa akin; sapagka't ako'y maamo at mapagpakumbabang puso: at masusumpungan ninyo ang kapahingahan ng inyong mga kaluluwa.

"Sapagka't malambot ang aking pamatok, at magaan ang aking pasan" (Mateo 11:28–30). ■

Para sa iba pang impormasyon, tingnan sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (2009), 69–78; at *Tapat sa Pananampalataya* (2006), 111–118.



*3. Kakayahang magkaroon ng kapayapaan sa mga oras ng pagsubok dahil dinala ni Jesus sa Kanyang sarili ang ating mga pasakit at karamdaman (tingnan sa Juan 14:27; Alma 7:11–12).*



*4. Gantimpala sa mabubuti para sa kawalan ng katarungan sa buhay na ito (tingnan sa* Mangaral ng Aking Ebanghelyo *[2004], 57).*

*"Masdan, pumarito ako sa daigdig upang bigyang-kaganapan ang pagtubos sa sanlibutan, upang iligtas ang sanlibutan mula sa kasalanan.*

*"Anupa't sinuman ang magsisisi at lalapit sa akin na tulad ng maliit na bata, siya ay tatanggapin ko, sapagkat sa kanila ang kaharian ng Diyos. Masdan, sapagkat sa kanila ko inialay ang aking buhay, at muling kinuha ito; kaya nga magsisi, at lumapit sa akin kayong mga nasa dulo ng mundo, at maligtas" (3 Nephi 9:21–22).*

*O AMA KO*, NI SIMON DEWEY; *DINALAW NI JESUCRISTO ANG MGA LUPAIN NG AMERIKA*, NI JOHN SCOTT © IRI; PAGLALARAWAN SA SANGGOL © GETTY IMAGES; IBA PANG MGA PAGLALARAWAN NI CHRISTINA SMITH

# Magsisi, Bumaling sa Panginoon, at Mapagaling

*"Masdan, siya na nagsisi ng kanyang mga kasalanan, ay siya ring patatawarin, at ako, ang Panginoon, ay hindi na naaalaala ang mga ito" (D at T 58:42).*

**Ni David L. Frischknecht**
Curriculum Department



**ANG MGA PAGPAPALA NG PAGSISISI**

"Ang kasalanan ay kusang paglabag sa banal na kautusan. Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo ang kaloob ng Diyos sa Kanyang mga anak upang iwasto at daigin ang mga bunga ng kasalanan. . . .

"Ang kaloob na Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay naglalaan sa atin ng mga pagpapala ng pagsisisi at kapatawaran sa lahat ng panahon at lugar."

**Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Hangganan ng Ligtas na Pagbalik," *Liahona,* Mayo 2007, 99, 101.**

Kamakailan isang mabuti at tapat na babaeng kilala ko ang lubhang napinsala sa isang aksidente sa kotse. Kabilang sa kanyang mga pinsala ang baling tadyang at buto ng gulugod. Bahagi ng kanyang rehabilitasyon ang pagsusuot ng brace sa likod at leeg para hindi niya ito maikilos. Mukhang napakahirap ng naka-brace. Pero kailangan ito. Sa pamamagitan nito ay gagaling ang kanyang likod at leeg.

Ang pagsisisi ay katulad ng brace na iyon. Kapag nagkasala tayo, pinipinsala natin ang ating kaluluwa, at kailangan ng banal na panggagamot para gumaling tayo. Ang pagsisisi ay naglalaan ng kundisyon na nagtutulot sa Tagapagligtas, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Pagbabayad-sala, na *mapagaling* tayo (tingnan sa 3 Nephi 9:13). Kung mahirap man ang ilang bahagi ng pagsisisi—tulad ng brace sa baling likod—kailangan pa rin tayong magsisi.

Itinuro ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan: "Ang tunay na pagsisisi ay ibinabalik tayo sa paggawa ng tama. Para tunay na makapagsisi dapat nating aminin ang ating mga kasalanan at madama ang lungkot, o kalumbayang mula sa Diyos, at ipagtapat sa Diyos ang mga kasalanang iyon. Kung mabigat ang ating mga kasalanan, dapat din nating ipagtapat ang mga iyon sa ating awtorisadong lider ng priesthood. Kailangan nating humingi ng tawad sa Diyos at gawin ang lahat para itama ang anumang kapahamakang dulot ng ating ginawa. Ang ibig sabihin ng pagsisisi ay pagbabago ng puso't isipan—tumitigil tayo sa paggawa ng mali, at nagsisimula tayong gumawa ng tama. Binabago nito ang ating saloobin sa Diyos, sa sarili, at sa buhay sa pangkalahatan."[1]

Kapag tagumpay nating natapos ang proseso ng pagsisisi, ang resulta ay paggaling, ginhawa, at kaligayahan. Isinulat ni Dorothy J. R. White:

*Mga luhang tumulo'y pag-isipan,*
*Subalit nalinis ang kalooban.*[2]

Nagsusumamo ang Panginoon nang may pagpipilit, pagmamahal, at panghihikayat na magsisi tayo, dahil nais Niya tayong mapagaling. Nagdusa ang Kanyang katawan at espiritu upang mabayaran ang kaparusahan para sa ating mga kasalanan kung tayo ay magsisisi. Ipinaliwanag Niya:



*Mapagpakumbabang bumalik ang alibughang anak sa kanyang ama at sinabi, "Ama, nagkasala ako laban sa langit, at sa iyong paningin: hindi na ako karapatdapat na tawaging anak mo" (Lucas 15:21). Tinanggap siyang muli ng kanyang ama. Tatanggapin din tayong muli ng ating Ama sa Langit kapag tayo ay nagsisi.*

"Sapagkat masdan, ako, ang Diyos, ay pinagdusahan ang mga bagay na ito para sa lahat, upang hindi sila magdusa kung sila ay magsisisi;

"Subalit kung hindi sila magsisisi sila ay kinakailangang magdusa na katulad ko;

"Kung aling pagdurusa ay dahilan upang ang aking sarili, maging ang Diyos, ang pinakamakapangyarihan sa lahat, na manginig dahil sa sakit, at labasan ng dugo sa bawat pinakamaliit na butas ng balat, at magdusa kapwa sa katawan at sa espiritu—nagnais na kung maaari ay hindi ko lagukin ang mapait na saro at manliit—

"Gayon pa man, ang kaluwalhatian ay mapasa Ama, at ininom ko at tinapos ang aking paghahanda para sa mga anak ng tao.

"Dahil dito, iniuutos kong muli sa iyo na magsisi" (D at T 19:16–20).

Nawa'y magsisi na tayo ngayon, bumaling sa Panginoon, at mapagaling. ■

**MGA TALA**

1. Dieter F. Uchtdorf, "Hangganan ng Ligtas na Pagbalik," *Liahona,* Mayo 2007, 100.
2. Dorothy J. R. White, "Repentance," *Ensign,* Hulyo 1996, 27.

**Ano ang mga pagpapala ng pagsisisi at kapatawaran?**

- Patutunayan sa atin ng Espiritu Santo na tayo ay pinatawad.
- Papawiin ng Diyos ang bigat ng ating mga kasalanan.
- Mas sagana nating matatamasa ang impluwensya ng Espiritu Santo.

Para sa iba pang impormasyon tungkol sa paksang ito, tingnan sa Ezekiel 33:15–16; Alma 12:33–34; 36:13, 17–20; at Boyd K. Packer, "The Brilliant Morning of Forgiveness," *Ensign,* Nob. 1995, 18–21.

ANG PAGBABALIK NG *ALIBUGHANG ANAK,* NI JAMES TISSOT

**BAKIT TAYO PINAGAGALING NG PAGSISISI?**

Sinasagot ni Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol ang tanong na ito sa kanyang mensahe sa pangkalahatang kumperensya na "Magsisi . . . Upang Mapagaling Ko Kayo" (*Liahona,* Nob. 2009, 40–43). Ipinauunawa rin sa atin ng propetang si Alma ang pagsisisi at Pagbabayad-sala (tingnan sa Alma 42).

1. Kapag tayo ay nagsisi magkakaroon ng bisa sa atin ang Pagbabayad-sala ni Cristo at mapagagaling tayo. Ang pagdurusa ni Cristo sa Getsemani at sa Golgota ay nagbayad-sala para sa mga kasalanan nating lahat. Kaya Niya at sabik Siyang patawarin ang ating mga kasalanan.
2. Kapag nagkasala tayo, tumatalikod tayo sa Diyos. Pinipinsala nito ang ating espiritu.
3. Kapag tayo ay nagsisi, tayo ay "muling bumabaling" sa Diyos. Pinahuhupa nito ang ating kalumbayan. Ang kapatawaran ay "[inaalis din] ang pagkakasala sa ating mga puso" (Alma 24:10) at naghahatid ng "katahimikan ng budhi" (Mosias 4:3), sa gayon ay napapagaling tayo.

Pag-isipang ibahagi sa iba ang inyong patotoo tungkol sa mga pagpapalang dumating sa inyo bunga ng pagsisisi.

# ANG Nagpapadalisay na Kapangyarihan NG GETSEMANI



**Ni Elder Bruce R. McConkie (1915–85)**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

*Si Bruce R. McConkie ay isinilang noong Hulyo 29, 1915, sa Michigan, USA. Siya ay sinang-ayunan sa Unang Kapulungan ng Pitumpu noong Oktubre 6, 1946, at inorden bilang Apostol noong Oktubre 12, 1972. Namatay siya noong Abril 19, 1985, sa Salt Lake City, Utah. Ang mensaheng ito ay ibinigay sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 6, 1985.*

Nadarama ko, at tila sumasang-ayon ang Espiritu, na ang pinakamahalagang doktrinang maipapahayag ko, at ang pinakamalakas na patotoong maibibigay ko, ay tungkol sa nagbabayad-salang sakripisyo ng Panginoong Jesucristo.

Ang Kanyang Pagbabayad-sala ang pinakadakilang kaganapang nangyari o mangyayari mula sa simula ng Paglikha hanggang sa lahat ng panahon ng kawalang-hanggan.

Ito ang pinakadakilang gawa ng kabutihan at biyaya na tanging isang diyos lamang ang makagagawa. Sa pamamagitan nito, lahat ng kasunduan at kundisyon ng walang hanggang plano ng kaligtasan ng Ama ay naisagawa.

Sa pamamagitan nito ay naisasakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao. Sa pamamagitan nito, lahat ng tao ay naliligtas mula sa kamatayan, impiyerno, diyablo, at walang-katapusang pagdurusa.

At sa pamamagitan nito, lahat ng naniniwala at sumusunod sa kamangha-manghang ebanghelyo ng Diyos, lahat ng tunay at tapat at nadaraig ang mundo, lahat ng nagdurusa dahil kay Cristo at sa Kanyang salita, lahat ng inusig at hinampas para sa layunin Niya na lumikha sa atin—lahat ay magiging katulad ng kanilang Lumikha at mauupong katabi Niya sa Kanyang luklukan at maghaharing kasama Niya magpakailanman sa walang-katapusang kaluwalhatian.

Tungkol sa kamangha-manghang mga bagay na ito, gagamitin ko ang sarili kong mga salita, bagama't maaari ninyong isipin na ito ay mga salita sa banal na kasulatan, mga salitang sinambit ng iba pang mga apostol at propeta.

Totoo na unang ipinahayag ng iba ang mga ito, ngunit akin na ito ngayon, sapagkat ang Banal na Espiritu ng Diyos ay nagpatotoo sa akin na ang mga ito ay totoo, at ngayon ay parang inihayag na sa akin ng Panginoon ang mga ito sa unang pagkakataon. Kaya narinig ko na ang Kanyang tinig at alam ko na ang Kanyang salita.

## Sa Halamanan ng Getsemani

Dalawang libong taon na ang nakararaan, sa labas ng mga pader ng Jerusalem, may magandang halamanan doon, na Getsemani ang pangalan, kung saan nakagawiang magpahinga ni Jesus at ng malalapit Niyang kaibigan para magnilay-nilay at manalangin.

DETALYE MULA SA *HUWAG MANGYARI ANG AKING KALOOBAN, KUNDI ANG IYO* NI HARRY ANDERSON © PACIFIC PRESS PUBLISHING



Doon itinuro ni Jesus sa Kanyang mga disipulo ang mga doktrina ng kaharian, at lahat sila ay nanalangin sa Kanya na Ama nating lahat, na kung kaninong ministeryo ay kanilang isinagawa at kung kaninong utos ay kanilang sinunod.

Sa sagradong lugar na ito, tulad ng Eden kung saan nanahan si Adan, tulad ng Sinai kung saan ibinigay ni Jehova ang Kanyang mga batas, tulad ng Kalbaryo kung saan ipinantubos ng Anak ng Diyos ang Kanyang buhay para sa marami, sa banal na lugar na ito dinala ng walang-kasalanang Anak ng Walang Hanggang Ama sa Kanyang sarili ang mga kasalanan ng lahat ng tao kung sila ay magsisisi.

Hindi natin alam, hindi natin masasabi, walang mortal na isipan ang makakaunawa sa buong kabuluhan ng ginawa ni Cristo sa Getsemani.

Alam nating lumabas ang maraming patak ng dugo mula sa bawat butas ng kanyang balat nang inumin Niya ang mapait na sarong ibinigay sa Kanya ng Kanyang Ama.

Alam nating nagdusa Siya, kapwa sa katawan at espiritu, nang higit kaysa kayang tiisin ng tao, maliban sa kamatayan.

Alam natin na sa paraang hindi natin maunawaan, tinugon ng Kanyang pagdurusa ang mga hinihingi ng katarungan, tinubos ang nagsisising mga kaluluwa mula sa mga pasakit at parusa ng kasalanan, at kinaawaan ang mga naniniwala sa Kanyang banal na pangalan.

Alam natin na napahandusay Siya sa lupa sa sobrang sakit at pagdurusa sa napakabigat na pasaning naging dahilan para Siya manginig at magnais na kung maaari ay hindi Niya lagukin ang mapait na saro.

Alam natin na bumaba ang isang anghel mula sa kalangitan upang palakasin Siya sa Kanyang pagdurusa, at ipinalagay natin na ito ang dakilang si Michael, na unang nahulog upang ang tao ay maging gayon.

At sa ating palagay o paghatol, ang matitinding paghihirap na ito—ang pagdurusang ito na walang katulad—ay nagpatuloy sa loob ng mga tatlo o apat na oras.

***Walang mortal na isipan ang makakaunawa sa buong kabuluhan ng ginawa ni Cristo sa Getsemani.***

## Ang Pagdakip, Paglilitis, at Paghampas sa Kanya

Pagkatapos nito—nang hinang-hina at wala nang lakas ang Kanyang katawan—hinarap Niya si Judas at ang iba pang mga taong nagmistulang-diyablo, na ang ilan ay mula sa Sanedrin mismo; at dinakip Siya nang may tali ng lubid sa leeg, tulad ng karaniwang kriminal, upang hatulan ng mga pusakal na kriminal, na mga Judiong nakaupo sa luklukan ni Aaron at mga Romanong ginamit ang kapangyarihan ni Cesar.

Dinala nila Siya kay Anas, kay Caifas, kay Pilato, kay Herodes, at ibinalik kay Pilato. Siya ay pinaratangan, inalipusta, at hinampas. Dumaloy sa Kanyang pisngi ang mabaho nilang laway habang lalong pinahina ng mga suntok

ang nananakit Niyang katawan.

Sa kanilang matinding galit ay pinaghahampas nila Siya sa likod. Dumaloy ang dugo sa Kanyang mukha nang tumusok ang koronang tinik sa nanginginig Niyang noo.

At higit sa lahat Siya ay pinaghahampas, nang 39 na ulit, ng latigong maraming hibla na yari sa balat na nilagyan ng matutulis na buto at matatalim na metal.

Marami ang namatay sa paghampas lamang, ngunit natagalan Niya ang paghampas nang sa gayon ay mamatay siya sa isang kadusta-dustang kamatayan sa malupit na krus ng Kalbaryo.

Pagkatapos ay Kanyang pinasan ang sarili Niyang krus hanggang sa bumagsak Siya dahil sa bigat at sakit at tumitinding pagdurusa ng lahat ng ito.

### Sa Pagkapako sa Krus

Sa huli, sa burol na tinatawag na Kalbaryo—muli, ito ay nasa labas ng mga pader ng Jerusalem—habang nakatingin ang walang magawang mga disipulo at dama ang sakit ng palapit na kamatayan sa sarili nilang katawan, inilapag Siya ng mga kawal na Romano sa krus.

Gamit ang malalaking maso ibinaon nila ang mga pako sa Kanyang mga paa at kamay at pulso. Tunay ngang Siya ay nasugatan para sa ating mga kasalanan at nabugbog dahil sa ating mga kasamaan.

Pagkatapos ay itinaas ang krus upang makita ng lahat at sila ay mapatunganga at magmura at manlait. Ginawa nila ito, na puno ng kasamaan, sa loob ng tatlong oras mula alas-9:00 n.u. hanggang tanghali.

Pagkatapos ay nagdilim ang kalangitan. Binalot ng kadiliman ang lupain sa loob ng tatlong oras, gayundin ang lupain ng mga Nephita. Nagkaroon ng malakas na unos, na para bang nagdurusa ang mismong Diyos ng kalikasan.

At tunay ngang Siya ay nagdusa, sapagkat habang nakapako Siya sa krus nang tatlong oras pa, mula tanghali hanggang alas-3:00 n.h., lahat ng pinakamatinding pagdurusa at walang-awang pasakit ng Getsemani ay naulit.

At, sa huli, nang matapos na ang mga pagdurusa ng pagbabayad-sala—nang makamit na ang tagumpay, nang maisakatuparan na ng Anak ng Diyos ang kalooban ng Ama sa lahat ng bagay—sinabi Niya, "Naganap na" (Juan 19:30), at nalagot ang Kanyang hininga.

### Sa Daigdig ng mga Espiritu

Nang palayain Siya ng kapayapaan at ginhawa ng maawaing kamatayan mula sa mga pasakit at kalungkutan ng mortalidad, pumasok Siya sa paraiso ng Diyos.

Nang ihandog Niya ang Kanyang kaluluwa bilang kabayaran para sa kasalanan, handa na Siyang makita ang Kanyang mga binhi, ayon sa salita ng Mesiyas.

Ang mga ito ay kinabibilangan ng lahat ng banal na propeta at matatapat na Banal mula pa noong unang panahon; ang mga ito ay lahat ng taong tinaglay sa kanilang sarili ang Kanyang pangalan, at naging mga anak Niya, dahil espirituwal na isinilang sa Kanya, tulad natin; lahat sila ay nagtipon sa daigdig ng mga espiritu, upang makita roon ang Kanyang mukha at marinig ang Kanyang tinig.

Makaraan ang mga 38 o 40 oras—tatlong araw ayon sa oras ng mga Judio—dinala ang ating Panginoon sa libingan ng mga taga-Arimatea, kung saan inilagak nina Nicodemo at Jose na taga-Arimatea ang Kanyang katawan na bahagyang naembalsamuhan.

### Ang Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli

Pagkatapos, sa paraang hindi natin maunawaan, kinuha Niya ang katawang iyan na hindi pa nabubulok at bumangon Siya sa maluwalhating imortalidad na iyon kaya naging katulad Siya ng Kanyang Ama na nabuhay na mag-uli.

Pagkatapos ay tinanggap Niya ang lahat ng kapangyarihan sa langit at lupa, natamo Niya ang kadakilaan, nagpakita Siya kay Maria Magdalena at sa marami pang iba, at umakyat sa langit, upang doon ay maupo sa kanang kamay ng Diyos Amang Makapangyarihan at maghari magpakailanman sa walang hanggang kaluwalhatian.

Ang pagbangon Niya mula sa kamatayan sa ikatlong araw ang lumubos sa Pagbabayad-sala. Muli, sa paraang hindi natin maunawaan, ang epekto ng Kanyang Pagbabayad-sala ay napasalahat ng tao upang lahat ay magbangon mula sa libingan.

Si Adan ang naghatid ng kamatayan, kaya't si Cristo ang nagbalik ng buhay; kung si Adan ang ama ng mortalidad, si Cristo ang ama ng imortalidad.

At kung wala ang dalawa, ang mortalidad at imortalidad, hindi maisasagawa ng tao ang kanyang kaligtasan at hindi siya makakaakyat sa kaitaasan kung saan nananahan ang mga diyos at mga anghel magpakailanman sa walang hanggang kaluwalhatian.

### Isang Kaalaman Tungkol sa Pagbabayad-sala

Ngayon, ang Pagbabayad-sala ni Cristo ang pinakamahalaga at pangunahing doktrina ng ebanghelyo, at ito ang pinakamahirap unawain sa lahat ng katotohanang inihayag.

Marami sa atin ang may mababaw na kaalaman at umaasa na pangangalagaan tayo ng Panginoon at ng Kanyang kabutihan sa mga pagsubok at panganib ng buhay.

Ngunit kung tayo ay sasampalatayang tulad nina Enoc at Elijah, kailangan nating paniwalaan ang kanilang pinaniwalaan, malaman ang kanilang nalaman, at mamuhay tulad ng kanilang pamumuhay.

Inaanyayahan ko kayong samahan ako sa pagtatamo ng mabuti at tiyak na kaalaman tungkol sa Pagbabayad-sala.

Dapat nating iwaksi ang mga pilosopiya ng tao at ang



DETALYE MULA SA *ANG MAPAG-ALINLANGANG SI TOMAS*, NI CARL HEINRICH BLOCH, GINAMIT NANG MAY PAHINTULOT NG NATIONAL HISTORIC MUSEUM AT FREDERIKSBORG SA HILLERØD, DENMARK

karunungan ng matalino at makinig sa Espiritung ibinigay sa atin upang akayin tayo sa lahat ng katotohanan.

Dapat nating saliksikin ang mga banal na kasulatan, na tinatanggap na ito ang kagustuhan at kalooban at tinig ng Panginoon at ang mismong kapangyarihan ng Diyos tungo sa kaligtasan.

Habang tayo ay nagbabasa, nagninilay, at nagdarasal, papasok sa ating isipan ang tanawin ng tatlong halamanan ng Diyos—ang Halamanan ng Eden, ang Halamanan ng Getsemani, at ang Halamanan ng Libingang Walang Laman, kung saan nagpakita si Jesus kay Maria Magdalena.

## Ang Paglikha, Pagkahulog, at Pagbabayad-sala

Sa Eden makikita natin ang lahat ng bagay na nilikha sa malaparaisong kalagayan—walang kamatayan, walang magsisilang, walang mga pagsubok.

Malalaman natin na sa gayong paglikha, na ngayon ay hindi alam ng tao, ang tanging paraan para bigyang-daan ang Pagkahulog.

Pagkatapos ay makikita natin sina Adan at Eva, ang unang lalaki at unang babae, na bumababa mula sa kanilang imortal at mala-paraisong kaluwalhatian upang maging unang mortal na nilalang sa mundo.

Ang mortalidad, kabilang na ang pagsilang at kamatayan, ay papasok sa mundo. At dahil sa paglabag, magsisimula ang panahon ng pagsubok.

At sa Getsemani makikita natin ang Anak ng Diyos na tutubusin ang tao mula sa temporal at espirituwal na kamatayan na napasaatin dahil sa Pagkahulog.

At sa huli, sa harap ng libingang walang laman, malalaman natin na nakalag na ni Cristo na ating Panginoon ang mga gapos ng kamatayan at walang hanggang nagtatagumpay laban sa libingan.

Sa gayon, Paglikha ang simula ng Pagkahulog; at dahil sa Pagkahulog ay nagkaroon ng mortalidad at kamatayan; at dahil kay Cristo nagkaroon ng imortalidad at buhay na walang hanggan.

***Ang epekto ng Kanyang Pagbabayad-sala ay napasalahat ng tao upang lahat ay magbangon mula sa libingan.***

Kung hindi nangyari ang Pagkahulog ni Adan, kung saan dumating ang kamatayan, wala sanang Pagbabayad-sala ni Cristo, na naghatid ng buhay.

## Ang Kanyang Nagbabayad-salang Dugo

At ngayon, tungkol sa perpektong Pagbabayad-salang ito, na naisakatuparan sa pamamagitan ng pagbuhos ng dugo ng Diyos—pinatototohanan ko na nangyari ito sa Getsemani at sa Golgota, at tungkol kay Jesucristo, pinatototohanan ko na Siya ang Anak ng buhay na Diyos at ipinako para sa mga kasalanan ng sanlibutan. Siya ang ating Panginoon, ating Diyos, at ating Hari. Alam ko ito, at walang kinalaman ang ibang tao.


Isa ako sa Kanyang mga saksi, at pagdating ng araw dadamahin ko ang mga marka ng pako sa Kanyang mga kamay at paa at babasain ng aking mga luha ang Kanyang mga paa.

Ngunit pagdating ng araw na iyon hindi magbabago ang alam ko ngayon na Siya ang Makapangyarihang Anak ng Diyos, na Siya ang ating Tagapagligtas at Manunubos, at na dumarating ang kaligtasan sa at sa pamamagitan ng Kanyang nagbabayad-salang dugo at wala nang iba pang paraan.

Loobin nawa ng Diyos na makalakad tayo sa liwanag, dahil ang ating Diyos Ama ay nasa liwanag, nang sa gayon ay malinis tayo mula sa lahat ng kasalanan, ayon sa mga pangako, ng dugo ni Jesucristo, na Kanyang anak. ■

*Idinagdag ang mga subhead; pinagpare-pareho ang pagpapalaki ng mga titik, pagbabantas, at pagbabaybay.*





**Ni Elder D. Todd Christofferson**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# NA LAGI SIYANG ALALAHANIN

*Kapag lagi nating inaalala ang Tagapagligtas, "malugod [nating magagawa] ang lahat ng bagay sa abot ng ating makakaya," tiwala na papatnubayan tayo ng Kanyang kapangyarihan at pagmamahal sa atin.*




Ang mga panalangin sa sacrament ay nagpapatunay na isa sa mga pangunahing layunin ng sacrament ayon sa pagkatatag ng Panginoong Jesucristo ay na "lagi [natin] siyang alalahanin" (D at T 20:77, 79). Malinaw na kabilang sa pag-alaala sa Tagapagligtas ang pag-alaala sa Kanyang Pagbabayad-sala, na simbolikong kinakatawan ng tinapay at tubig bilang mga sagisag ng Kanyang pagdurusa at kamatayan. Hindi natin dapat kalimutan kailanman ang ginawa Niya para sa atin, dahil kung hindi sa Kanyang Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli, mawawalan ng kahulugan ang buhay. Gayunman, sa Kanyang Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli, nagkaroon ng walang hanggan at banal na mga posibilidad ang ating buhay.

Nais kong idetalye ang tatlong aspeto ng kahulugan ng "lagi siyang alalahanin": una, paghahangad na malaman at sundin ang Kanyang kalooban; ikalawa, pagkilala at pagtanggap sa obligasyon nating managot kay Cristo sa bawat isipin, sabihin, at gawin natin; at ikatlo, pamumuhay nang may pananampalataya at walang takot na lagi tayong makakaasa sa tulong ng Tagapagligtas na kailangan natin.

ANG KAPAYAPAAN AY *INIIWAN KO SA INYO*, NI WALTER RANE, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM; *PUTOL NA TINAPAY*, NI WALTER RANE

*Mailalagay natin si Cristo sa sentro ng ating buhay at magiging kaisa Niya tayo tulad ng pakikiisa Niya sa Ama. Makapagsisimula tayo sa pamamagitan ng pag-aalis ng lahat ng bagay sa ating buhay at pagkatapos ay pagsama-samahin itong muli ayon sa tamang prayoridad na nasa sentro ang Tagapagligtas.*



*SI CRISTO SA GETSEMANI* NI HEINRICH HOFMANN, SA KAGANDAHANG-LOOB NG C. HARRISON CONROY CO.

**1. Hangaring malaman at sundin ang kalooban ni Cristo tulad ng pagsunod Niya sa kalooban ng Ama.**

Nangangako tayo sa pagbabasbas ng tinapay sa sacrament na handa tayong taglayin sa ating sarili ang pangalan ng Anak "at lagi siyang aalalahanin, at susundin ang kanyang mga kautusan na ibinigay niya sa [atin]" (D at T 20:77). Angkop ding basahin ang tipan na ito bilang "lagi Siyang alalahanin *na* sundin ang Kanyang mga kautusan." Ganito Niya laging inaalala ang Ama. Sabi nga Niya, "Hindi ako makagagawa ng anoman sa aking sarili: humahatol ako ayon sa aking naririnig: at ang paghatol ko'y matuwid; sapagka't hindi ko pinaghahanap ang aking sariling kalooban, kundi ang kalooban niyaong nagsugo sa akin" (Juan 5:30).

Nakamtan ni Jesus ang ganap na pakikiisa sa Ama sa pamamagitan ng pagpapasakop Niya, kapwa katawan at espiritu, sa kalooban ng Ama. Patungkol sa Kanyang Ama, sinabi ni Jesus, "Ginagawa kong lagi ang mga bagay na sa kaniya'y nakalulugod" (Juan 8:29). Dahil kalooban ng Ama, nagpasakop si Jesus maging sa kamatayan, "ang kalooban ng Anak ay mapasasakop sa kalooban ng Ama" (Mosias 15:7). Ang pagtuon Niya sa Ama ay isa sa mga pangunahing dahilan kaya napakalinaw at

napaka-makapangyarihan ng ministeryo ni Jesus.

Sa gayon ding paraan, mailalagay natin si Cristo sa sentro ng ating buhay at magiging kaisa Niya tayo tulad ng pakikiisa Niya sa Ama (tingnan sa Juan 17:20–23). Makapagsisimula tayo sa pamamagitan ng pag-aalis ng lahat ng bagay sa ating buhay at pagkatapos ay pagsama-samahin itong muli ayon sa tamang prayoridad na nasa sentro ang Tagapagligtas. Dapat nating unahin ang mga bagay na maaalala natin Siya lagi—madalas na pagdarasal at pag-aaral ng mga banal na kasulatan, pag-aaral at pagninilay ng mga turo ng mga apostol, lingguhang paghahanda na makibahagi ng sacrament nang marapat, pagsamba sa araw ng Linggo, at pagtatala at pag-alala ng itinuturo sa atin ng Espiritu at ng karanasan tungkol sa pagiging disipulo.

Maaaring pumasok sa inyong isipan ang iba pang mga bagay na akma sa inyo sa sandaling ito ng inyong buhay. Kapag nagkaroon na tayo ng sapat na oras at paraan para sa mga bagay na ito sa pagsesentro ng ating buhay kay Cristo, maidaragdag na natin ang iba pang mga responsibilidad at bagay na mahalaga, tulad ng pag-aaral at mga responsibilidad sa pamilya. Sa ganitong paraan hindi matatakpan ng mabubuting bagay lamang ang mahahalaga sa ating buhay, at hindi mabibigyan ng prayoridad o lubusang maglalaho ang mga bagay na di-gaanong mahalaga.

Nauunawaan ko na ang pag-ayon ng ating kalooban sa kalooban ni Jesucristo tulad ng pag-ayon Niya sa kalooban ng Ama ay hindi madaling gawin. Maunawaing binanggit ni Pangulong Brigham Young (1801–77) ang ating hamon nang sabihin niya:

"Matapos masabi at magawa ang lahat, matapos niyang pamunuan nang napakatagal ang mga taong ito, hindi ba ninyo nadarama na kulang ang tiwala nila sa ating Diyos? Nadarama ba ninyo ito sa inyong sarili? Maitatanong ninyo, '[Brother] Brigham, nadarama ba ninyo ito sa inyong sarili?' Ramdam ko ito, nakikita ko na kulang pa ang tiwala ko, kahit paano, sa kanya na pinagtitiwalaan ko.—Bakit? Dahil wala akong kapangyarihan, dahil sa idinulot sa akin ng pagkahulog. . . .

". . . May nadarama ako, paminsan-minsan[,] na kapansin-pansing naghihiwalay ng gusto ko sa gusto ng aking Ama sa Langit; isang bagay kaya hindi tugmang-tugma ang gusto ko sa gusto ng aking Ama sa Langit.

"Alam ko na dapat nating madama at maunawaan, hangga't maaari, hangga't tutulutan tayo ng ating makasalanang kalagayan, hangga't may pananampalataya at kaalaman tayong unawain ang ating sarili, na ang gusto ng Diyos na iyon na ating pinaglilingkuran ang gusto natin, at wala nang iba, sa buhay mang ito o sa kawalang-hanggan."[1]

Bagama't hindi madali, maaari tayong sumulong palagi nang may pananampalataya sa Panginoon. Mapapatunayan ko na sa paglipas ng panahon ay mag-iibayo ang hangarin at kakayahan nating laging alalahanin at sundin ang Tagapagligtas. Dapat tayong magtiyagang isakatuparan ang layuning iyon at laging manalangin na makahiwatig at mabigyan ng tulong na kailangan natin. Ipinayo ni Nephi, "Sinasabi ko sa inyo na kinakailangan kayong laging manalangin, at huwag manghina; na huwag ninyong isasagawa ang anumang bagay sa Panginoon maliban sa kayo ay mananalangin muna sa Ama sa pangalan ni Cristo, upang kanyang ilaan ang inyong pagganap sa kanya, nang ang inyong pagganap ay maging para sa kapakanan ng inyong mga kaluluwa" (2 Nephi 32:9).

Nasaksihan ko ang simpleng halimbawa ng ganitong uri ng panalangin nang kami ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol ay atasang magdaos ng videoconference interview ng isang mag-asawa sa ibang bansa. Bago pumasok sa studio, muli kong nirepaso ang impormasyong nakolekta namin tungkol sa mag-asawa at nadama kong handa na ako para sa interbyu. Ilang minuto bago ang takdang oras, nakita ko si Elder Oaks na nakaupong mag-isa at nakayuko. Saglit lang at nag-angat siya ng ulo at nagsabi, "Katatapos ko lang manalangin para makapaghanda sa interbyung ito. Kailangan natin ng kaloob na makahiwatig." Hindi niya nakaligtaan ang pinakamahalagang paghahanda, isang panalangin para ilaan ang aming pagganap para sa ikabubuti namin at sa kaluwalhatian ng Panginoon.



*Anuman ang "matakasan" natin sa buhay na ito o mailihim sa ibang tao, haharap pa rin tayo pagsapit ng di-maiiwasang araw na iyon na tayo ay hahatulan sa harapan ni Jesucristo, ang Diyos ng kadalisayan at sakdal na katarungan.*

**2. Maghandang managot kay Cristo sa bawat isipin, sabihin, at gawin natin.**

Nilinaw sa mga banal na kasulatan na magkakaroon ng dakilang araw ng paghuhukom na tatayo ang Panginoon upang hatulan ang mga bansa (tingnan sa 3 Nephi 27:16) at bawat tuhod ay luluhod at bawat dila ay magtatapat na Siya ang Cristo (tingnan sa Mga Taga Roma 14:11; Mosias 27:31; D at T 76:110). Ang katangian at lawak ng paghuhukom na iyon ay inilarawan ni Alma sa Aklat ni Mormon:

"Sapagkat ang ating mga salita ang hahatol sa atin, oo, lahat ng ating mga gawa ang hahatol sa atin; tayo ay hindi matatagpuang walang bahid-dungis; at ang ating mga pag-iisip ang hahatol din sa atin; at dito sa nakapanghihilakbot na kalagayan, tayo ay hindi mangangahas na tumingin sa ating Diyos; at tayo ay magagalak kung ating mauutusan ang mga bato at ang mga bundok na bumagsak sa atin upang itago tayo mula sa kanyang harapan.

"Datapwat hindi ito maaari; tayo ay kailangang lumabas at tumayo sa harapan niya sa kanyang kaluwalhatian, at sa kanyang kapangyarihan, at sa kanyang lakas, kamahalan, at pamahalaan, at kilalanin sa ating walang hanggang kahihiyan na ang lahat ng kanyang mga hatol ay makatarungan, na siya ay makatarungan sa lahat ng kanyang mga gawa, at na siya ay maawain sa mga anak ng tao, at na taglay niya ang lahat ng kapangyarihan upang iligtas ang bawat taong naniniwala sa kanyang pangalan at namumunga ng bunga na karapat-dapat sa pagsisisi" (Alma 12:14–15).

Nang liwanagin ng Tagapagligtas ang Kanyang ebanghelyo, ang paghuhukom na ito ay mahalagang bahagi nito. Sabi niya:

"Masdan, naibigay ko na sa inyo ang aking ebanghelyo, at ito ang ebanghelyo na aking ibinigay sa inyo—na ako ay pumarito sa daigdig upang gawin ang kalooban ng aking ama, sapagkat isinugo ako ng aking Ama.

*ANG IKALAWANG PAGPARITO*, NI HARRY ANDERSON © IRI

"At isinugo ako ng aking Ama upang ako ay ipako sa krus; at matapos na ako ay maipako sa krus, upang mahikayat ko ang lahat ng tao na lumapit sa akin, at katulad ng pagtataas sa akin ng mga tao gayundin ang mga tao ay ibabangon ng aking Ama, upang tumayo sa harapan ko, upang hatulan sa kanilang mga gawa, kung ang mga yaon ay mabuti o kung ang mga yaon ay masama—

"At sa dahilang ito ako ay ipinako; kaya nga, alinsunod sa kapangyarihan ng Ama ay hihikayatin ko ang lahat ng tao sa akin, upang sila ay mahatulan alinsunod sa kanilang mga gawa" (3 Nephi 27:13–15).

Ang "maipako sa krus," mangyari pa, ay simbolikong paraan ng pagtukoy sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo kung saan tinugunan Niya ang mga hinihingi ng katarungan sa bawat isa sa atin. Sa madaling salita, sa Kanyang pagdurusa at kamatayan sa Getsemani at sa Golgota, pinagbayaran Niya ang lahat ng mahihingi ng katarungan sa atin para sa ating mga kasalanan. Samakatwid Siya ang tumatayo sa lugar ng katarungan at kumakatawan sa katarungan. Tulad ng ang Diyos ay pag-ibig, ang Diyos ay katarungan din. Ang mga utang at obligasyon natin ay napunta na ngayon kay Jesucristo. Kung gayon, may karapatan Siyang hatulan tayo.

Ang paghatol na iyon, wika Niya, ay batay sa ating mga gawa. Ang lalong "mabuting balita" ng Kanyang ebanghelyo ay ipagkakaloob Niya ang kapatawaran kung tayo ay magsisisi. Samakatwid, kung kabilang ang pagsisisi sa ating mga gawa, patatawarin Niya ang ating mga kasalanan at pagkakamali. Kung iwawaksi natin ang kaloob na pagpapatawad, tatangging magsisi, ipapataw ang mga parusa ng katarungan na Kanya ngayong kinakatawan. Wika Niya, "Sapagkat masdan, ako, ang Diyos, ay pinagdusahan ang mga bagay na ito para sa lahat, upang hindi sila magdusa kung sila ay magsisisi; subalit kung hindi sila magsisisi sila ay kinakailangang magdusa na katulad ko" (D at T 19:16–17).

Samakatwid, ang ibig sabihin ng lagi Siyang alalahanin ay lagi nating alalahanin na walang maililihim sa Kanya. Walang bahagi ng ating buhay, gawain man iyan, o salita, o kahit kaisipan, na maitatago sa kaalaman ng Ama at ng Anak. Walang pandaraya sa pagsusulit, walang sandali ng pang-uumit, walang mahalay na imahinasyon o pagmamalabis, at walang kasinungalingan ang malalagpasan, makakaligtaan, maililihim, o malilimutan. Anuman ang "matakasan" natin sa buhay na ito o mailihim sa ibang tao, haharap pa rin tayo pagsapit ng di-maiiwasang araw na iyon na tayo ay hahatulan sa harapan ni Jesucristo, ang Diyos ng kadalisayan at sakdal na katarungan.

Ang katotohanang ito ang nagtulak sa akin sa iba't ibang pagkakataon na magsisi o tuluyang iwasang magkasala. Sa isang pagkakataon nang ibenta ko ang aking bahay, nagkaroon ng pagkakamali sa dokumentasyon, at nalagay ako sa posisyon na nagkaroon ako ng legal na karapatang kumita pa mula sa bumibili. Itinanong ng ahente ko kung gusto kong angkinin ang pera yamang may karapatan akong gawin iyon. Naisip ko ang pagharap sa Panginoon, na kinatawan ng katarungan, at ang pagtatangkang ipaliwanag na may legal na karapatan akong samantalahin ang pagkakamali ng bumili. Hindi ko mailarawan ang sarili ko na magaling mangumbinsi, lalo na't malamang na humingi ako ng awa para sa sarili ko kasabay niyon. Alam kong hindi ako matatahimik sa buhay dahil hindi ako naging marangal kapag inangkin ko ang pera. Sumagot ako sa ahente na tutuparin namin ang napagkasunduan ayon sa unang napag-usapan. Mas mahalaga sa akin kaysa anumang halaga ng pera ang malaman na wala akong dapat ipagsisi sa transaksyong iyon.

Sa aking kabataan minsan na akong naging pabaya na naging dahilan para masaktan ang isa sa mga kapatid kong lalaki. Hindi ko inamin ang kahangalan ko noon, at walang nakaalam na sangkot ako sa nangyari. Ilang taon pagkaraan nanalangin ako na ihayag sa akin ng Diyos ang anumang bagay sa buhay ko na kailangang itama upang maging mas katanggap-tanggap ako sa Kanyang harapan, at pumasok sa isipan ko ang pangyayaring ito. Nalimutan ko na ito, ngunit ibinulong sa akin ng Espiritu na isa itong kasalanan na hindi pa naitatama na kailangan kong ipagtapat. Tinawag ko ang aking kapatid, humingi ako ng tawad, at hiniling ang kanyang kapatawaran, na agad at bukas-palad niyang ibinigay. Hindi sana ako gaanong napahiya at nalungkot kung agad akong humingi ng tawad nang mangyari iyon.

Nakakatuwa at mahalaga sa akin na hindi nalimutan ng Panginoon ang pangyayaring iyon na napakatagal na kahit limot ko na iyon. Hindi naitatama o basta na lang naglalaho ang mga kasalanan. Hindi "natatakpan" ang mga kasalanan sa kawalang-hanggan. Kailangang harapin ang mga ito, at ang maganda ay dahil sa nagbabayad-salang biyaya ng Tagapagligtas, maaaring harapin ang mga ito sa mas masaya at di-gaanong masakit na paraan kaysa tuwirang tugunin ang katarungan ng tayo lamang sa ating sarili.

Dapat nating lakasan ang ating loob kapag inisip natin ang paghuhukom kung kailan walang nakakaligtaan dahil ibig sabihin din nito ay walang pagsunod, walang kabaitan, at walang mabuting gawa ang malilimutan gaano man ito kaliit, at walang kaakibat na pagpapala ang ipagkakait.

*Alam natin na ang mga hamon, kabiguan, at kalungkutan ay darating sa bawat isa sa atin sa iba't ibang paraan, ngunit alam din natin na sa huli, dahil sa ating banal na Tagapamagitan, lahat ng bagay ay maaaring magkakalakip na gumawa para sa ating ikabubuti.*



PINAHIRAN NIYA ANG MGA MATA NG LALAKING *BULAG*, NI WALTER RANE, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM

**3. Huwag matakot at umasa sa tulong ng Tagapagligtas.**

Sa mga unang araw ng Panunumbalik, pinayuhan at pinanatag ni Jesus sina Joseph Smith at Oliver Cowdery, na gumagawa ng pagsasalin ng Aklat ni Mormon at hindi maglalaon ay pagkakalooban ng priesthood. Si Joseph ay 23 taong gulang noon, at si Oliver naman ay 22. Madalas ang pang-uusig at iba pang mga hadlang kung hindi man palagian. Sa ganitong mga kalagayan, noong Abril 1829 sinabi ng Panginoon ang mga salitang ito sa kanila:

"Huwag matakot, munting kawan; gumawa ng mabuti; hayaang magsama ang mundo at impiyerno laban sa inyo, sapagkat kung kayo ay itinayo sa aking bato, hindi sila mananaig.

"Masdan, hindi ko kayo inuusig; humayo kayo sa inyong mga gawin at huwag na muling magkasala; isagawa nang mahinahon ang gawaing ipinag-uutos ko sa inyo.

"Isaalang-alang ako sa bawat pag-iisip; huwag mag-alinlangan, huwag matakot.

"Masdan ang sugat na tumagos sa aking tagiliran, at gayon din ang bakas ng mga pako sa aking mga kamay at paa; maging matapat, sundin ang aking mga kautusan, at inyong mamamana ang kaharian ng langit. Amen" (D at T 6:34–37).

Ang isaalang-alang ang Tagapagligtas sa bawat pag-iisip, mangyari pa, ay isa pang paraan ng pagsasabing "lagi siyang alalahanin." Kapag ginawa natin ito, hindi na natin kailangang mag-alinlangan o matakot. Pinaaalalahanan ng Tagapagligtas sina Joseph at Oliver tulad ng pinaaalalahanan Niya tayo na sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala ay ipinagkaloob sa Kanya ang lahat ng kapangyarihan sa langit at lupa (tingnan sa Mateo 28:18) at nasa Kanya kapwa ang kakayahan at kagustuhang protektahan tayo at ibigay ang ating mga

pangangailangan. Kailangan lang nating maging tapat, at lubos tayong makakaasa sa Kanya.

Bago ang nakaaaliw na paghahayag kina Joseph at Oliver, nagdanas ang Propeta ng isang matindi at masakit na karanasang nagturo sa kanya na umasa sa Tagapagligtas at huwag matakot sa mga opinyon, pamimilit, at pananakot ng mga tao.

Noong Hunyo 1828 pinayagan ni Joseph si Martin Harris na dalhin ang unang 116 pahina ng manuskrito ng Aklat ni Mormon mula sa Harmony, Pennsylvania, upang ipakita sa kanyang mga kapamilya sa Palmyra, New York. Nang mabigong bumalik si Martin ayon sa kanyang pangako, naglakbay ang balisang si Joseph sakay ng upahang karwahe patungo sa tahanan ng kanyang mga magulang sa Manchester Township, New York. Agad pinasundo ng Propeta si Martin. Pagdating ni Martin, inamin nito na wala sa kanya ang manuskrito o hindi niya alam kung nasaan ito.

Napabulalas si Joseph: "Oh! Diyos ko, Diyos ko. . . . Nawala nang lahat, nawala. Ano ang gagawin ko? Ako'y nagkasala. Ako ang siyang nanukso sa poot ng Diyos sa paghiling sa kanya ng isang bagay na wala akong karapatang hilingin. . . . Ano pang pagkagalit ang hindi nararapat sa akin mula sa anghel ng Kataas-taasang Diyos?"

Kinabukasan nagbalik ang Propeta sa Harmony. Pagdating doon, sinabi niya, "Nagsimula akong magpakumbaba sa taos na dalangin sa harapan ng Panginoon . . . na kung maaari ay makamit ko ang kanyang awa at mapatawad ako sa lahat ng nagawa kong salungat sa kanyang kalooban."[2]

Matapos parusahan si Joseph sa pagkatakot sa tao nang higit kaysa sa Diyos, sinabi sa kanya ng Panginoon:

"Ikaw ay si Joseph, at ikaw ay pinili upang gawin ang gawain ng Panginoon, subalit dahil sa pagkakasala, kung hindi ka mag-iingat ikaw ay babagsak.

"Subalit tandaan, ang Diyos ay maawain; samakatwid, magsisi sa yaong iyong nagawa na salungat sa kautusang ibinigay ko sa iyo, at ikaw ay pinili pa rin, at muling tinatawag sa gawain" (D at T 3:9–10).

"Pansamantalang binawi ng Panginoon kay Joseph ang Urim at Tummim at mga lamina. Ngunit hindi nagtagal at ibinalik sa kanya ang mga ito. 'Nagalak ang anghel nang ibalik niya sa akin ang Urim at Tummim,' paggunita ng Propeta, 'at sinabi na nasisiyahan ang Diyos sa aking katapatan at pagpapakumbaba, at minahal ako dahil sa aking pagsisisi at kasigasigan sa pagdarasal, kaya nga mahusay kong nagampanan ang aking tungkulin para . . . masimulang muli ang gawain ng pagsasalin.' Nang magpatuloy si Joseph sa dakilang gawaing kinakaharap niya, pinalakas siya ng magiliw na damdaming matanggap ang kapatawaran ng Panginoon at ng panibagong determinasyong gawin ang Kanyang kalooban."[3]

Ang determinasyon ng Propeta na umasa sa Diyos at huwag matakot sa magagawa ng tao ay naging matibay pagkatapos maranasan ito. Ang kanyang buhay mula noon ay naging maningning na halimbawa ng kahulugan ng alalahanin si Cristo sa pamamagitan ng pag-asa sa Kanyang kapangyarihan at awa. Ipinahayag ni Joseph ang pagkaunawang ito noong siya ay labis na nagdurusa sa bilangguan sa Liberty, Missouri, sa mga salitang ito:

"Nalalaman ninyo, mga kapatid, na ang isang malaking sasakyang-dagat ay labis na natutulungan ng isang napakaliit na timon sa oras ng bagyo, sa pamamagitan ng paggamit nito nang naaayon sa hangin at mga alon.

"Samakatwid, mga minamahal na kapatid, ating malugod na gawin ang lahat ng bagay sa abot ng ating makakaya; at pagkatapos nawa tayo ay makatayong hindi natitinag, na may lubos na katiyakan, na makita ang pagliligtas ng Diyos, at upang ang kanyang bisig ay maipahayag" (D at T 123:16–17).

Sa madaling salita, ang ibig sabihin ng "lagi siyang alalahanin" ay na hindi tayo mamumuhay nang may takot. Alam natin na ang mga hamon, kabiguan, at kalungkutan ay darating sa bawat isa sa atin sa iba't ibang paraan, ngunit alam din natin na sa huli, dahil sa ating banal na Tagapamagitan, lahat ng bagay ay maaaring magkakalakip na gumawa para sa ating ikabubuti (tingnan sa D at T 90:24; 98:3). Iyon ang pananampalatayang ipinahayag nang napakasimple ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008) nang sabihin niyang, "Magiging maayos ang lahat."[4] Kapag lagi nating inaalala ang Tagapagligtas, "malugod [nating magagawa] ang lahat ng bagay sa abot ng ating makakaya," tiwala na papatnubayan tayo ng Kanyang kapangyarihan at pagmamahal sa atin.

Nawa'y lagi natin Siyang alalahanin—"nang sa tuwina ay mapasa[atin] ang kanyang espiritu upang makasama [natin]" (D at T 20:77). Pinatototohanan ko ang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Pinatototohanan ko na totoong buhay at nabuhay na mag-uli ang Panginoon. Pinatototohanan ko ang walang hanggan at personal na pagmamahal ng Ama at ng Anak sa bawat isa sa atin, at dalangin ko na mamuhay tayo na palaging naaalaala ang pagmamahal na iyan na ipinahahayag sa lahat ng paraan. ■

*Mula sa mensaheng ibinigay sa Brigham Young University–Idaho noong Enero 27, 2009. Para mapakinggan ang mensahe sa Ingles, bisitahin ang web.byui.edu/devotionalsandspeeches/default.aspx.*

**MGA TALA**

1. Brigham Young, "Discourse," *Deseret News,* Set. 10, 1856, 212.
2. Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 83–84.
3. *Mga Turo: Joseph Smith,* 83–84.
4. Sa Jeffrey R. Holland, "President Gordon B. Hinckley: Stalwart and Brave He Stands," *Liahona,* Hunyo 1995 espesyal na edisyon, 6.

# Rebecca Swain Williams: MATATAG AT HINDI MATITINAG

MGA PAGLALARAWAN NI RICHARD HULL

*Sa kabila ng pag-ayaw ng kanyang pamilya sa Simbahan, nanatiling tapat at masigasig sa gawain ang miyembrong ito.*

**Ni Janiece Lyn Johnson**

Noong Hunyo 1834 isang bata pang ina na napipintong hindi pamanahan ng kanyang ama ang sumulat ng isang hayagan at nakaaantig na liham na nagbabahagi ng kanyang pananalig sa Panunumbalik. Bagama't tila alam niyang malabo na niyang mapagbago pa ang isip ng kanyang ama, nanatiling matatag si Rebecca Swain Williams sa kabila ng posibleng kahantungan nito. Sinabi niya sa kanyang amang si Isaac, na ang Aklat ni Mormon at ang Simbahan ay totoo, tulad ng ipinaliwanag ni Propetang Joseph Smith, at na narinig niya ang Tatlong Saksi na "ipinahayag sa mga tao sa isang pulong na nakakita sila ng Banal na Anghel na bumaba mula sa langit at [dinala] ang mga lamina, at ipinakita ito sa kanila."[1]

Ang patotoo ni Rebecca ay nakaaantig hindi lamang dahil sa lakas na ipinakita nito kundi dahil na rin sa kanyang hindi matinag na patotoo at determinasyon. Sa kabila ng pagtanggi ng kanyang ama at ng katotohanan na ang kanyang asawang si Frederick G. Williams, ay may panahon ding nanlamig sa Simbahan, hindi kailanman tinulutan ni Rebecca na manghina ang kanyang pananampalataya. Hindi napagal at hindi sumuko, si Rebecca ay naging halimbawa sa atin ngayon ng pananatiling matibay at matatag sa harap ng matitinding pagsubok ng buhay, kahit hindi tanggapin ng pinakamalalapit sa atin ang ating pinaniniwalaan at tayo'y kutyain.


## Pagbabalik-loob sa Simbahan

Ipinanganak sa Pennsylvania, USA, noong 1798, si Rebecca Swain ang bunso sa 10 anak.[2] Noong siya ay mga siyam na taong gulang, lumipat ang kanyang pamilya sa Niagara, malapit sa hangganang United States–Canada. Malapit lang sila sa Fort Niagra kaya't dinig nila ang mga putok ng baril nang lusubin ang kuta noong Digmaan ng 1812. Kahit noong bata pa nagpakita na ng katapangan si Rebecca. Minsan, habang mag-isa siyang naglalakad sa kakahuyan, may nakasalubong siyang oso. Hawak ang isang payong, binukas-sara niya ito nang ilang beses sa mukha ng oso, at tumakbo itong palayo.[3]

Noong 17 anyos na si Rebecca, tinawid niya ang Lake Ontario upang bisitahin ang kanyang kapatid na babae sa Detroit. Sa paglalayag nakilala niya ang matangkad at may maiitim na mga mata na kapitan ng barko, si Frederick Granger Wiliams. Ang madalas nilang pag-uusap ay mabilis na nauwi sa pag-iibigan, at sila ay nagpakasal noong matatapos na ang taong 1815. Lumipat ang mga William sa magandang Western Reserve ng Ohio, USA, bago tuluyan nang nanirahan sa Kirtland noong 1828. Ang kanyang asawa ay nagsimulang manggamot at nakilala nang husto sa kanyang mga kakayahan, at natulungan din siya ni Rebecca sa ilang pamamaraan sa panggagamot. Nagkaroon sila ng apat na anak.

Noong taglagas ng 1830, dumating ang mga unang misyonerong Mormon sa Kirtland. Interesadong nakinig sa kanila si Rebecca at dumalo sa lahat ng mga pulong ng mga misyonero, at isinama pa niya ang kanyang mga anak. Dumadalo si Frederick kapag hindi siya abala sa kanyang panggagamot. Magkasama silang nag-aral, nagtalakayan, at natuto, ngunit hindi gaanong pursigido si Frederick na gawin ito. Samantala tuluyang nakumbinsi si Rebecca na totoo ang ebanghelyo.

Kalaunan inilarawan ng biographer ng pamilya na si Rebecca ay parang





si Eva sa Halamanan ng Eden na: siya ang "unang nakakakita ng pangangailangan" na lubusang maging kabilang sa tipan ng ebanghelyo.[4] Siya ay nabinyagan noong Oktubre 1830.

May pag-aalinlangan pa rin si Frederick. Kung minsan gusto na niyang iwan ang Simbahan ngunit sa bandang huli ay hindi niya magawa dahil nahihikayat siyang muling bumaling sa sagrado at bagong aklat na iyon ng mga banal na kasulatan: ang Aklat ni Mormon. Sa inspirasyon ng Espiritu, nadama niya ang katotohanan ng ebanghelyo at sinundan ang halimbawa ni Rebecca sa pamamagitan ng pagpapabinyag.

### Matapat na Paglilingkod

Nang ituon nina Frederick at Rebecca ang kanilang buhay sa Simbahan kaagad itong nagkaroon ng epekto sa kanilang pamilya. Si Frederick ay naordenan na elder pagkatapos ng kanyang binyag at kumpirmasyon. Kinabukasan, masigla niyang tinanggap ang atas na umalis sa loob ng ilang linggo para magmisyong kasama ni Oliver Cowdery. Inasahan nilang tatagal lamang ng tatlong linggo ang misyon; ngunit umabot ito ng 10 buwang paglalakbay sa Missouri. Ang matagal na pagkawala niya sa tahanan ay una lamang sa maraming naranasan ni Rebecca. Dahil sa pagmimisyon ni Frederick at sa kanyang tungkulin sa Unang Panguluhan, madalas siyang umaalis ng bahay. Si Rebecca, tulad ng maraming kababaihang Mormon noon, ay gumugugol nang maraming buwan sa pag-aasikaso sa bahay at pag-aalaga ng mga anak nang walang tulong ng kanyang asawa.

Sa kabila ng mga gawain, si Rebecca ay nanatiling tapat at handang maglingkod. Si Propetang Joseph Smith at ang kanyang pamilya ay nakitira sa pamilya William noong unang lumipat sa Kirtland ang mga Smith. Pinatunayan ni Rebecca ang kanyang katapatan sa Propeta at sa

kanyang pamilya nang sila ay kalingain niya sa panahong puno ng pagsubok. Minsan ay pinalibutan ng mga mandurumog ang bahay at hinanap si Joseph. Ipinasuot ni Rebecca kay Joseph ang kanyang bonnet at balabal. Nakaalis si Joseph sa bahay at nakadaan sa maraming tao at nakaligtas.

Noong Marso ng 1832, muling nagbigay ng napakahalagang tulong si Rebecca sa Propeta nang sumugod ang mga mandurumog sa bukirin ni John Johnson sa Hiram, Ohio, at walang-awang binugbog sina Joseph Smith at Sidney Rigdon. Matapos bugbugin si Sidney hanggang sa mawalan ito ng malay at tangkaing palunukin ng lason si Joseph, binuhusan ng mga mandurumog ng mainit na alkitran at mga balahibo ang Propeta. Nang makita ni Emma Smith ang kanyang asawa, inakala niyang dugo ang alkitran at siya ay hinimatay.[5] Ginugol nina Rebecca at Frederick ang magdamag sa pagtatanggal ng alkitran sa nagdurugo at sugat-sugat na katawan ni Joseph at sa pag-aalaga sa mga anak ng mga Smith. Napakalaki ng kanilang naitulong, kaya't nagkaroon ng sapat na lakas si Joseph na mangaral kinaumagahan.

### Pagbabahagi ng Ebanghelyo nang may Matibay na Paniniwala

Isa sa mga pinakaaasam ni Rebecca ang tanggapin ng kanyang pamilya, lalo na ng kanyang ama, ang ipinanumbalik na ebanghelyo at tanggapin ang nakagagalak na mga pagpapala ng pananampalataya. Tulad ni Nephi, natikman niya ang pagmamahal ng Diyos at ninais na ibahagi ito sa mga taong malapit sa kanyang puso (tingnan sa 1 Nephi 8:12). Habang iniisip iyan, sabik na lumiham si Rebecca sa kanyang pamilya tungkol sa kanyang pagbabalik-loob at patotoo at matinding kagalakang nadama niya bilang miyembro ng Simbahan.

Subalit ikinagalit ng ama ni Rebecca ang kanyang pagsapi sa Simbahan. Pagalit niyang iniutos dito na lisanin ang Simbahan. Ngunit hindi nakumbinsi si Rebecca. Ayon sa historian ng pamilya, sumagot si Rebecca na "mas tumibay ang kanyang pananalig sa katotohanan ng mga doktrina ng Mormon" at isinama ang kanyang sariling matibay na patotoo.[6] Hindi niya natanggap ng inaasahang sagot sa liham na ito na ikinalungkot niya. Pinagbantaan siya ng kanyang ama na itatakwil siya at puputulin na ang lahat ng pakikipag-ugnayan sa kanya kung hindi niya iiwan ang Simbahan.

Ngunit hindi pa rin sumuko si Rebecca at ipinagpatuloy ang pagbabahagi ng ebanghelyo. Noong 1834 lumiham siyang muli—ang tanging liham na naiwan—sa kanyang ama, at ipinahayag ang lalim ng kanyang pananampalataya at ang sakit na kanyang nadama sa hindi pagtanggap ng ama sa anumang may kinalaman sa mga Mormon.

Nabasa ng kanyang ama ang mga pahayagang nag-uulat tungkol sa pagtuligsa sa Simbahan, lalo na ang tungkol sa Aklat ni Mormon at ang patotoo ng Tatlong Saksi at sinubukang pagbawalan si Rebecca sa mga bagay na ito.

"Masakit sa akin na marinig na lubhang nababagabag ang isipan mo tungkol sa Aklat ni Mormon," isinulat niya. Nagbanggit si Rebecca ng talata mula sa Aklat ni Mormon at mula sa mga bagong paghahayag ni Joseph Smith, at ibinahagi ni Rebecca ang kanyang patotoo tungkol sa Aklat ni Mormon. Ipinaliwanag din niya na iprinopesiya sa aklat ang pagpili ng tatlong saksi nito. Bilang katibayan, binanggit niya ang sinaunang propetang si Eter, na nagsabing "sa bibig ng tatlong saksi" ang katotohanan ng aklat "ay mapagtitibay" (Eter 5:4).[7]

Pagkatapos ay inilarawan ni Rebecca kung paano niyang personal na nakita ang Tatlong Saksi—David Whitmer, Martin Harris, at Oliver Cowdery—at narinig silang nagpapatotoo na nakita nila ang isang anghel at ang mga laminang ginto. Matapos ipaglaban ang kanilang mga patotoo at pagkatao, hinikayat niya ang kanyang ama na alamin pa ang tungkol sa gawain. Dahil, sabi niya sa sulat niya sa kanyang ama, kung "malalaman lamang ninyo ni inay ang mga bagay na ginagawa namin na may kaugnayan sa gawaing ito, alam kong paniniwalaan ninyo ito."[8]

Sa pagbanggit muli sa pangako ni Moroni sa katapusan ng Aklat ni Mormon, nakiusap si Rebecca na itanong ng kanyang pamilya sa Diyos na "[liwanagin] Niya ang [kanilang] isipan sa katotohanan." At pagkatapos ay nagplano siyang magpadala ng misyonero na "may kakayahang magturo ng Ebanghelyo nang katulad ni Jesus," upang mas matulungan sila.[9] Sa huli ay binale-wala pa rin ito ng kanyang ama.

Kahit na ang kanyang mga iham sa kanyang kapatid na si John—na malapit kay Rebecca—ay ibinalik nang hindi nabubuksan. Sa likod ng isa sa mga ibinalik na liham, isinulat ni John, "Pinagbawalan ako ni Itay na basahin ang liham mo, o lumiham sa iyo. Paalam at pagpalain ka nawa ng Diyos sa tuwina. Ang iyong kapatid, John."[10]

Gayunpaman, nagtagumpay si Rebecca sa kanyang gawaing misyonero sa kanyang ate na si Sarah Swain Clark. Sumapi si Sarah sa Simbahan sa Michigan noong 1832. Sumapi rin sa Simbahan ang mga anak na babae ni Sarah at nanatili silang tapat habambuhay.

### Tapat Hanggang sa Wakas

Anuman ang nadamang dusa at pasakit ni Rebecca sa mga naging pasiya ng kanyang ama, mahal pa rin niya ito. Isinulat niya: "Nagdadalamhati ang puso ko para sa aking mga kaanak. . . . Dalangin kong kayo ay aliwin ng Panginon sa huling araw ng inyong



buhay sa pamamagitan ng Kanyang Banal na Espiritu at nawa'y maging pinakamainam ang mga araw na ito sa inyo. . . . Umaasa akong mapupuspos ang inyong isipan ng gawaing ito. Makatitiyak kayo na kami ay matatag sa adhikaing ito dahil alam naming ang Panginoon ang pumapatnubay sa amin."[11]

Si Rebecca ay hindi lamang binagabag ng kawalang-paniniwala ng kanyang ama kundi ng mahinang pananampalataya din ng kanyang asawa. Noong 1837 at 1838, ang asawa niyang si Frederick, na miyembro noon ng Unang Panguluhan, ay ilang beses na nakipagtalo sa iba pang mga lider ng Simbahan. May panahong iniwan pa niya ang Simbahan at itinawalag siya. Gayunpaman, hindi nagtagal, nagpakumbaba si Frederick at muling bumalik sa Simbahan, at namatay na kabilang dito. Wala tayong tala tungkol sa nadama ni Rebecca nang panahong iyon, ngunit hindi niya pinagsisihan ang pagpanig niya sa mga Banal at nanatili siyang tapat.

Nang makarating ang balita tungkol sa pagtiwalag ni Frederick sa ama ni Rebecca na nasa New York, umasa si Isaac na titiwalag na rin si Rebecca. Subalit pinadalhan siya ni Rebecca ng liham na nagsasaad na nananatili siyang tapat. Matapos mabasa ang kanyang sagot, umiling si Isaac at sinabing, "Wala man lang ni kaunting pagsisisi."[12]

Nanatiling tapat si Rebecca sa kanyang pagtatanggol kay Joseph Smith at sa ipinanumbalik na Simbahan. At sa kabila ng mga sakripisyong naranasan niya sa pagpili niya sa Simbahan sa halip na piliin ang kanyang ama, hindi nawala ang paggalang ni Rebecca sa ama. Pinahalagahan niya ang itinuro sa kanya ng kanyang ama, at ipinakita ang kanyang pagmamahal at pasasalamat sa ama. Tinapos niya ang kanyang liham na isinulat noong 1834 na kanyang "laging tatandaan ang tagubiling . . . natanggap ko mula sa aking pinakamamahal na Ama."[13]

Noong 1839 namatay ang ama ni Rebecca. Pagkaraan lang ng tatlong taon namatay din ang kanyang asawa. Sa kabila ng mga pagdurusang ito, hindi nagwakas ang pananampalataya at katatagan ng kalooban ni Rebecca. Nang maglakbay pakanluran ang mga Banal sa Utah, kasama niyang naglakbay ang pamilya ng kanyang anak na si Ezra hila ang kanyang sariling bagon. Kalaunan ay pinangasiwaan niya ang isang bukirin sa Mill Creek. Nang matapos ang Salt Lake Tabernacle at hinilingan ang mga Banal na mag-ambag ng anumang makakaya nila, ibinigay niya ang isang set ng kanyang mga kutsarang yari sa pilak upang magamit sa paggawa ng mga trey sa mesa ng sakrament. At sa huli noong 1860, nang atasan ni Pangulong Brigham Young ang kanilang pamilya na manirahan sa napakalayong Cache Valley, Utah, bagama't mahina na ang katawan ni Rebecca, hindi siya tumutol na muling lumipat ng tirahan—at muling sumakay sa sarili niyang bagon.

Si Rebecca ay namatay sa Smithfield, Utah, noong Setyembre 25, 1861. Nanatili siyang tapat sa kanyang pananampalataya, sa nalaman niyang katotohanan, at kanyang naranasan. Nanatili siyang "matatag at [hindi] matitinag" hanggang wakas (Mosias 5:15). ■



*Ginawang makabago ang pagbaybay at pagbabantas.*

**MGA TALA**


1. Rebecca Swain Williams to Isaac Fischer Swain, Hunyo 4, 1834, Church History Library, Salt Lake City.
2. Ang mga impormasyong ukol sa talambuhay ay mula kay Nancy Clement Williams, *Meet Dr. Frederick Granger Williams . . . and His Wife Rebecca Swain Williams: Read Their True Story in the First Introduction—after 100 Years* (1951); at kay Frederick G. Williams, "Frederick Granger Williams of the First Presidency of the Church," *BYU Studies,* tomo. 12, blg. 3 (1972): 243–61.
3. Williams, *Meet Dr. Frederick Granger Williams*, 5.
4. Williams, *Meet Dr. Frederick Granger Williams*, 55.
5. *History of the Church,* 1:263.
6. Williams, *Meet Dr. Frederick Granger Williams*, 63.
7. Tingnan din sa liham ni Rebecca Williams noong Hunyo 4, 1834.
8. Liham ni Rebecca Williams noong Hunyo 4, 1834.
9. Liham ni Rebecca Williams noong Hunyo 4, 1834.
10. Sa Williams, *Meet Dr. Frederick Granger Williams*, 63.
11. Liham ni Rebecca Williams noong Hunyo 4, 1834.
12. Liham ni George Swain, Mar. 17, 1839, typescript, Church History Library, Salt Lake City.
13. Liham ni Rebecca Williams noong Hunyo 4, 1834.

# Diretsong Paglalayag
## SA MARSHALL ISLANDS

**Ni Joshua J. Perkey**
Mga Magasin ng Simbahan

Ang mga marino noong unang panahon ay naglalakbay sa karagatan na ginagabayan ng posisyon ng araw, buwan, at mga bituin. Sa gabi ay nakatutok ang kanilang mga mata sa Bituin sa Hilaga, na palaging nasa gayong posisyon at nagsisilbing angkla sa langit sa mga marino, at tinutulungan silang maglayag sa tamang landas papunta sa kanilang destinasyon.

Sa Marshall Islands ng Dagat Pasipiko, may iba pang paraang natuklasan ang mga marino. Doon ay hindi nagbabago ang pagdaluyong ng mga alon, o pagtaas at pagbaba ng lebel ng tubig sa karagatan, at ang pagdaloy ng tubig sa pagitan ng mababaw na batuhan na nakapaligid sa isang lanaw at sa mga isla. Ang isang mahusay na marino ay makapaglalayag ng daan-daang milya sa pamamagitan ng pagtahak sa mapanganib na pagtaas at pagbaba ng tubig sa karagatan—na parang isang one-way na lansangan—mula sa isang isla o mababaw na batuhan na lanaw tungo sa isa pang isla. Ang mga taong nakaaalam kung saan tataas at bababa ang tubig at kung saan ito dadaloy ay maaakay ang iba pang mga manlalakbay na ligtas na makarating sa kanilang destinasyon.


Para sa mga miyembro ng Simbahan, si Jesucristo ang ating perpektong halimbawa, na may tunay na liwanag na gumagabay sa atin. Ang Kanyang mga batas at ordenansa, gaya ng pagtaas at pagbaba ng tubig sa karagatan, ay ligtas na aakay sa atin pauwi sa ating tahanan sa langit. Gayunman para sa ating lahat, may mga taong ang serbisyo at suporta sa gawain ay nakaayon sa ginagampanan ng Punong Manlalayag. Sa sumusunod na mga kuwento, ibinahagi ng tatlong miyembrong Marshallese kung paano sila tinulungan ng iba na maglayag sa mabato at maalon at maunos na buhay upang akayin sila tungo kay Cristo.

### Ang Impluwensya ng Isang Babaing Matwid

Nakaupo si Hirobo Obeketang sa kanyang sopa at nakangiti. Katatapos lang nila ng kanyang asawang si Linda

MGA LARAWANG KUHA NI JOSHUA J. PERKEY, MALIBAN KUNG IBA ANG NAKASAAD; LARAWAN NG BANGKA © GETTY IMAGES





*Sa paglalayag natin sa mabato at mababaw na tubig ng buhay, bawat isa sa atin ay nakikinabang sa paggabay ng matatapat na miyembro upang tulungan tayong makabalik sa ating tahanan sa langit.*

na magdaos ng family home evening kasama ang apat nilang anak at mga misyonera. Pinakain din nila ang mga misyonera ng isda, kasama ang mga mata at buntot nito—isang tradisyon sa Majuro, ang kabisera ng Marshall Islands. Habang inilalarawan ni Hirobo ang kanyang buhay, sinasabi niya kung gaano ang pasasalamat niya sa Simbahan, sa ebanghelyo, at sa kanyang pamilya, lalo na sa kanyang asawa.

Hunyo 2009 na. Isang araw bago iyon ang Majuro Marshall Islands Stake ay nilikha, at si Hirobo ang tinawag na maglingkod bilang unang stake executive secretary. Si Hirobo, ayon sa bagong stake president na si Arlington Tibon, "ay napakatatag," isa sa matatapat na lider ng isla.

Ngunit si Hirobo na ang unang nagsabi na hindi na siya ganoon katatag noon. Sa katunayan, sinasabi niyang ang kanyang asawa ang matatag—ang taong gumawa ng kaibhan sa kanyang buhay. Ipinaliwanag niya, "Nabinyagan ako noong walong taong gulang ako, ngunit noong 16 anyos na ako, hindi na ako gaanong aktibo."

Makalipas ang ilang taon nagsimula silang magsama ni Linda, kahit hindi pa sila kasal. Hindi miyembro ng Simbahan si Linda. Noong 2000, matapos matuklasan ni Linda na nabinyagan si Hirobo noong bata pa ito, naging interesado si Linda sa Simbahan at nagsimulang makipagkita sa mga misyonera.

"Dalawang taon niyang pinag-aralan ang itinuro sa kanya at nagpasiyang gusto niyang magpabinyag," paggunita ni Hirobo. "Kinailangan muna kaming magpakasal, ngunit hindi ako interesadong magpakasal. Magulo ang isip ko noon; lulong na lulong ako sa mga tukso ng mundo. Hindi ko nauunawaan noon ang kahalagahan ng pamilya, at talagang wala akong pakialam o wala akong pinakikinggan."

Bagamat hindi pa nabinyagan si Linda, pinalaki niya ang kanilang mga anak sa Simbahan. Taun-taon ay hinihiling niya kay Hirobo na pakasalan siya para mabinyagan na siya; laging hindi ang sagot ni Hirobo. Sa paglipas ng mga taon dalawa sa kanilang mga anak na babae ang nabinyagan, ngunit hindi dumalo si Hirobo sa kanilang mga binyag.

At noong 2006, ang siyam na taong gulang na anak nilang lalaki na si Takao ay namatay sanhi ng mataas na lagnat at kombulsyon. Mga 300 miyembro mula sa Majuro district ang dumating sa libing upang suportahan ang pamilya.



"Malaking bagay para sa akin ang kanilang suporta," sabi ni Hirobo. "Naisip ko na marahil may gustong ipahiwatig sa akin ang Diyos."

Nagsimula niyang maisip kung paanong siya ang dahilan kaya't hindi pa nabibinyagan ang kanyang asawa, gayong miyembro siya ng Simbahan. "Lalo pa siyang tumatatag. Talagang nabibigyan niya ako ng inspirasyon," paggunita niya.



"Kaya't pinag-isipan ko kung ano na ba ang nagawa ko sa buhay ko. Tinanong ko ang aking sarili, 'Ipagpapatuloy ko ba ang ginagawa kong ito? May pagkakataon ba akong maglingkod sa Diyos sa nalalabi ko pang buhay?' Nagdasal ako at inisip na magbalik sa simbahan upang magsimulang maglingkod para sa Diyos."

Nagsimulang magpaturo si Hirobo sa mga misyonera at muling pinag-aralan ang doktrina. Kinaibigan siya ni President Nelson Bleak ng Marshall Islands Majuro Mission, gayundin ng iba pang mga miyembro, kabilang na ang district president na si Arlington Tibon. Sa wakas, nangako si Hirobo na babalik, at kalaunan hindi lang sa sakrament miting siya dumadalo kundi sa Sunday School at priesthood miting din. Sa wakas ay nagpasiya si Hirobo.

"Nang magbalik ako, sinabi kong, 'Ito ang pasiya ko. Ito na ang gagawin ko.' At lubusan nitong binago ang buhay ko."

Sina Hirobo at Linda ay ikinasal noong Agosto 30, 2008. Hindi nagtagal ay natanggap niya ang Aaronic Priesthood at bininyagan ang kanyang asawa. Makaraan ang dalawang buwan natanggap ni Hirobo ang Melchizedek Priesthood at tinawag siya bilang district executive secretary.

Tumingin si Hirobo sa kanyang asawa at ngumiti. "Hindi siya makapaniwalang ako ang nagbinyag sa kanya," sabi niya. "Isipin mo nga naman—walong taon siyang naghintay, mula 2000 hanggang 2008. Hanga talaga ako sa kanya."

### Ang Halimbawa ng Isang Mabuting Ama

Kung minsan ang ating gabay, gaya ng isang marino, ay malapitang nakikipag-ugnayan sa atin, itinuturo sa atin ang kailangan nating malaman upang magtagumpay tayo sa paglalayag sa buhay. Sa maraming pagkakataon nagagawa ito ng marino sa pamamagitan ng pagpapakita ng halimbawa na ating susundan. Gayon ang sitwasyon ng ama ni Patricia Horiuchi na si Frank.

Pagkatapos makausap ang mga misyonero, regular na silang iniimbitahan ni Frank na maghapunan sa kanila. Hindi nagtagal ay nagsimula na siyang makinig sa mga lesson. Ngunit wala ni isa sa kanyang pamilya ang may gusto sa Simbahan. "Kapag nakikita naming paparating ang mga misyonero," sabi ni Patricia, "tumatakbo kaming lahat papalayo—kami ng mga nakababata kong kapatid."

At bininyagan si Frank noong Hulyo 2007 ng mission president na si Nelson Bleak. Panahon iyon ng pagpapasiya para kay Patricia at sa kanyang mga kapatid.

"Nakita kong nagsimulang magbago ang tatay ko," sabi niya. "Alam ko na kung naantig ng ebanghelyo ang puso ng aking ama, maaantig din nito ang puso ko at mababago nito ang aking buhay. Kaya't nagdesisyon akong magpaturo sa mga misyonera, at hinamon nila ako na pag-aralan ang Aklat ni Mormon at ang Biblia. Nag-away kami ng kapatid kong lalaki bago pa iyon, at hindi ko pa siya napatawad. Pagkatapos ay nabasa ko sa mga banal na kasulatan na kung patatawarin mo ang iba, patatawarin ka ng Diyos." (Tingnan sa 3 Nephi 13:14–15.)

Natanto ni Patricia na kailangan niyang patawarin ang kanyang kapatid upang masimulan niyang baguhin ang kanyang buhay, maging malinis, at



magkaroon ng kapayapaan. Kaya't ganoon nga ang ginawa niya.

"Pagkatapos kong talikuran ang masamang pag-uugali ko at naging isang taong sumusunod sa mga kautusan, tuwang-tuwa ako. Alam kong kailangang mabinyagan ako upang mapabilang ako sa totoong Simbahan," sabi niya. "Inilagay ako ng Simbahan sa tamang landas. Inihiwalay ako nito sa masasamang impluwensya. Tinuruan ako nitong igalang ang aking mga magulang, patuloy na mag-aral, at manatili sa tamang landas."

***Itaas kaliwa: Si Hirobo Obeketang (na ipinakitang kasama ng kanyang pamilya sa mga naunang pahina) ay nagtatrabaho bilang hotel manager. Ibaba: Si Patricia Horiuchi ay lider sa unang young single adult conference sa Marshall Islands noong Hunyo 2009 (ibaba kanan).***





## MGA HAMON SA BUONG MUNDO

Bagama't dahil sa heograpiya, kultura, at distansya ay nahihiwalay sila sa iba pang mga Banal sa mga Huling Araw, ipinaliwanag ng mga miyembro sa Marshall Islands na nahaharap din sila sa maraming hamong kinakaharap ng lahat ng miyembro.



Si Gary Zackious (kanan), isang stake young single adult leader, ay nagsabing "lalapitan ka ng mga tao at sasabihing, 'Hindi natin kailangan ng propeta ngayon, at hindi natin kailangan ang karagdagang banal na kasulatan.' Ang ilang miyembro ay hindi talaga nagbabasa ng mga banal na kasulatan o hindi nauunawaan ang mga ito, kaya't kapag may isang taong nagsabi sa kanila ng isang bagay na nakapagpapahina ng kanilang paniniwala, lumalayo sila sa alam nilang totoo."

Para kay Gary, simple lang ang solusyon: "Hinamon ako ng mga misyonero na ipagdasal ang tungkol sa Aklat ni Mormon, sa Pagpapanumbalik, at si Joseph Smith upang malaman kung totoo ang mga ito. Isang gabi nagdasal ako nang nakaluhod. Nadama ko ang Espiritu. Noon ko lamang nadama ang damdaming iyon. Alam kong ang mga bagay na itinuro ng mga misyonero ay totoo. Ang pagbabasa ng Aklat ni Mormon ay nagpalakas sa aking patotoo bilang bagong miyembro." Mula sa kanyang binyag hanggang sa kanyang misyon ngayon, sabi ni Gary, "Lumago ang aking patotoo sa pagbabasa ko ng Aklat ni Mormon at pag-aaral ng mga banal na kasulatan at ng mga salita ng mga propeta."



Si Ernest Mea (kanan), na kasamahan ni Gary bilang translator sa Simbahan sa Marshall Islands, ay nagsabi na maraming kabataan ang nakagagawa ng imoralidad. Nananatili siya sa makitid at makipot na landas sa pamamagitan ng pagdalo sa makabuluhang mga aktibidad kasama ang mga kaibigang katulad niya ang takbo ng isipan. "Bago ako nagmisyon, naglalaro kami ng basketbol sa simbahan araw-araw maliban kung Linggo at Lunes," sabi niya.



Para kay Michael Ione (kanan) ng Jenrok Ward, ang pagsapi sa Simbahan noong 2006 ay may kabayaran: hindi na siya maaaring tumira sa kanilang tahanan. Taglay ang pananampalataya at katapatan, nagpabinyag pa rin siya.

Makalipas lamang ang isang taon tinawag siyang magmisyon—sa Marshall Islands. Kamakailan lamang, ang pamilya ni Michael ay nagsimulang magpakita ng interes na malaman ang tungkol sa Simbahan at magpaturo sa mga misyonero.







## Ang Impluwensya ng Isang Taong Matwid

Si Lydia Kaminaga, gaya ni Hirobo Obeketang, ay isinilang sa Simbahan ngunit naging hindi gaanong aktibo noong siya ay tinedyer. Ngunit ang kuwento ng kanyang pagbabalik ay namumukod-tangi at kakaiba.

Si Lydia at ang kanyang asawang si Kaminaga Kaminaga ay kapwa lumaki sa Simbahan. "Hindi ako kailanman nag-alinlangan sa mga turo ng Simbahan," sabi ni Kaminaga. "Noon pa man ay naniniwala na ako sa mga ito."

Ngunit nag-iba ang takbo ng buhay para kay Lydia. Noong nasa ikapitong grado siya, sabi niya, "Ako lang ang Mormon sa eskuwelahan ko, at dama kong hindi ako kabilang sa grupo. Ginawa ko ang ginagawa ng mga kaibigan ko noon. Mali ang mga naging prayoridad ko."

Pinapunta si Lydia ng kanyang mga magulang sa Provo, Utah, USA, upang makapiling ang pamilya, umaasang maiimpluwensyahan nila si Lydia na ipamuhay ang ebanghelyo. Bagamat may natutuhan siyang mga bagay na nakatulong kalaunan sa kanyang buhay, noong panahong iyon ay hindi siya interesadong maging aktibo sa Simbahan.

Nagbalik si Lydia sa Marshall Islands noong Enero 2002, isang buwan lamang pagkauwi ni Kaminaga mula sa misyon sa Japan. Nagkakilala sila pagkatapos niyon. Bagamat hindi ipinamumuhay ni Lydia ang mga pamantayan ng Simbahan, patuloy na nagpunta si Kaminaga sa kanyang bahay na kunwari'y gusto niyang bisitahin ang pamangkin ni Lydia na si Gary Zackious.

Sa huli, nagpasiya si Kaminaga na kausapin ang mga magulang ni Lydia tungkol sa pakikipagdeyt—makabuluhan at magagandang aktibidad—kay Lydia. Bagama't sa una ay sinikap nilang pigilan siya, sa huli ay sinabi sa kanila ni Kaminaga na, 'Puwede pa siyang magbago.' Nang sabihin ko iyon, nabago ang nadarama ng mga nasa silid. Umiyak ang tatay ni Lydia at sinabing, 'Noon pa man ay gusto ko na siyang bumalik sa Simbahan. Puwede mong subukan.' "

Sa una ay hindi masyadong pinansin ni Lydia si Kaminaga. Kasi nga naman, malinis at disenteng returned missionary si Kaminaga, samantalang siya ay matagal



***"Malakas ang patotoo ko tungkol sa pagsisisi," sabi ni Lydia Kaminaga, na narito kasama ng kanyang asawang si Kaminaga, at ng kanilang anak na si Wellisa.***



nang hindi nagsisimba.

"Ngunit may nakita siyang hindi ko nakita noon," paliwanag ni Lydia. Yamang wala naman siyang kadeyt noon, pumayag siyang lumabas na kasama niya. "Siya ang nagpabalik sa akin. Bilang kanyang nobya, kinailangan kong itama ang mga pamantayan ko. Ipinaalala niya sa akin ang mga tipang ginawa ko sa binyag. Ipinaalala niya sa akin ang lahat ng bagay na hindi ko nagagawa, tulad ng pagbabasa ng mga banal na kasulatan at family home evening. Magkasama kami ni Kaminaga sa paggawa ng mga proyektong pang-serbisyo. Binasa namin ang Aklat ni Mormon. Nagpunta kami sa mga fireside. Ipinakita niya sa akin ang kakaibang paraan ng pamumuhay. Ang pagsisimba ay hindi lamang pagdalo ng sacrament meeting kundi ng Sunday School at Relief Society din."

Habang magkasama sila sa mga makabuluhan at kasiya-siyang pagdedeyt, nagsimulang magbago ang buhay ni Lydia at lumakas ang kanyang patotoo. Gayunman, may mga bagay pa ring dapat siyang ituwid.

"Mahirap bumalik," pag-amin niya. "Hindi madaling magsisi, ngunit talagang may malakas akong patotoo tungkol sa pagsisisi. Sa maraming paraan, nagdedeyt kami para mas makilala ang isa't isa, makabalik ako sa simbahan at maiba ang pananaw ko sa mga bagay-bagay."

"Tungkol iyon sa mga pakikipag-ugnayan," dagdag pa ni Kaminaga.

Sina Lydia at Kaminaga ay ikinasal noong Nobyembre 28, 2002. Makalipas ang isang taon ibinuklod sila sa Laie Hawaii Temple at nag-aral sa Brigham Young University–Hawaii. Nakatira sila ngayon sa Marshall Islands kasama ang tatlo nilang anak. Si Lydia ang Sunday School teacher ng kanilang ward para sa mga kabataang lalaki at babae, at si Kaminaga ang Young Men president.

Tulad ng patotoo nina Hirobo, Patricia, at Lydia, kapag nagtiyaga tayo at nagsikap at hinangad ang mga pagpapala ng Panginoon, maraming bagay ang posibleng mangyari. Ang mga sumusunod sa Tagapagligtas at nakikinig sa mga pahiwatig ng Espiritu Santo, tulad ng mga marino noong una na gumagabay sa paguwi ng mga manlalakbay, ay makagagawa ng kaibhan sa buhay ng isang tao. ■

## UNANG STAKE SA MARSHALL ISLANDS

Sa loob ng maraming taon inasam ng mga miyembro ng Simbahan sa Marshall Islands na magkaroon sila ng stake doon. Noong Hunyo 14, 2009, natupad ang kanilang inaasam. Paliwanag ni Elder David S. Baxter ng Pitumpu, na nag-organisa sa stake: "Kahanga-hanga ang pagdami ng mga miyembro sa nakaraang ilang taon. Nalikha ang stake dahil sa mabilis na pag-unlad ng Simbahan doon. Ngunit matagal bago nangyari ito. Kailangang malampasan ng mga miyembro ang ilang hamon."



Itinuro ng stake president ng Marshall Islands na si Arlington Tibon (itaas) sa mga miyembro habang naglilingkod siya bilang district president na kung gusto nilang magkaroon ng stake, kailangan nilang pagsikapan ito. Sinabihan niya ang mga lider ng district na ituro sa mga miyembro ang Malakias 3 at 3 Nephi 24 na tungkol sa mga pagpapala ng pagbabayad ng ikapu. Hinikayat din ng mga lider ang mga kabataan at mga nasa hustong gulang na pag-aralan ang Aklat ni Mormon. Nagdaos pa sila ng matagumpay na pagtitipon kung saan binasa ng mga kabataan ang Aklat ni Mormon nang dire-diretso sa loob ng 12 oras.



Nagtakda din ng mithiin si President Tibon na ipaunawa sa mga miyembro "kung gaano kahalaga ang mabuklod sa templo," na ipinaliliwanag na ang pagtanggap ng "endowment ay nakatutulong upang makayanan nila ang maraming bagay, gawin silang kaiba, baguhin ang kanilang buhay."

Sa ilalim ng pamumuno ni President Tibon, nabisita ng mga miyembro sa Marshall Islands ang dalawang templo: isa sa Tonga at isa sa Hawaii. Bawat pagbisita ay nangyari pagkatapos ng malaking sakripisyo. Ngunit tulad ng sinabi ni Angela Tibon, asawa ni President Tibon, na ang mga pagbiyaheng iyon "ay nagkaroon ng malaking epekto sa katapatan ng mga miyembro sa Ama sa Langit at sa Simbahan."

"Oo," ang sabi pa ni President Tibon, "nakita namin ang pag-angat ng espirituwal na pamumuhay dito sa Majuro."

# HINDI AKO INTERESADO SA SIMBAHAN


Ayaw kong magkaroon noon ng anumang kinalaman sa Simbahan nang magtanong ang aking asawa kung maaaring paturuan sa mga misyonero ang aming mga anak na lalaki. Pero hindi ako makatanggi dahil miyembro na noon ang aking asawa.

Kapag dumarating ang mga misyonero sa aming tahanan nang dalawang beses sa isang linggo, pumupunta ako sa kaibigan ko na kapitbahay namin. Ang aking kaibigan ay matatag na miyembro ng ibang simbahang Kristiyano. Sa tuwing bibisitahin ko siya, gusto niyang magsalita tungkol sa Biblia. Sinabi ko sa kanya na hindi ako interesado sa ganoong bagay at ayaw kong pag-aralan ang tungkol sa relihiyon. Pero hindi siya tumigil sa pagkumbinsi sa akin, kaya pumayag na rin ako sa wakas. Kaya matagal ko ring pinag-aralan ang Biblia kasama ang aking kaibigan habang tinuturuan naman ng mga misyonero ang aking mga anak.

Isang araw oras na ng pagpunta ng mga misyonero sa aming tahanan. Pero sa halip na umalis, nagpasiya akong mamalagi sa kabilang silid. Nang simulan nang turuan ng mga misyonero ang aking mga anak, nalaman kong gusto ko pang makinig. Lumapit pa ako nang kaunti sa pintuan para makapakinig nang mas mabuti. Tinuturuan nila ang aking mga anak ng tungkol sa mga apostol at propeta.

Maya-maya ay lalo kong nagustuhang makinig pa. Kinausap ko ang mga misyonero at nagpasiyang pakinggan ang mga itinuturo nila—nang sarilinan. Laging naroon ang aking asawa, pero wala nang iba pang nakaalam tungkol dito.

*Nang magsimulang pumunta ang mga misyonero sa aming tahanan nang dalawang beses kada linggo, pumupunta ako sa kaibigan ko na kapitbahay namin.*



Kaya kapag nagpupunta ang mga misyonero para turuan ang mga anak ko nang dalawang beses sa isang linggo, pumupunta ako sa bahay ng kaibigan ko. Pagkatapos, sa ibang araw naman, ako ang tinuturuan nila.

Isang araw nang may sinabing hindi maganda ang kaibigan ko tungkol sa Simbahan, ipinagtanggol ko ito. Tulad ng maraming tao sa Marshall Islands, wala siyang gaanong alam tungkol sa Simbahan at mali ang pagkaunawa sa ilang pinaniniwalaan ng mga Banal sa mga Huling Araw. Nang magsalita siya ng iba pang negatibong mga bagay, ipinagtanggol kong muli ang Simbahan.

Ganoon ang nangyari sa loob ng pitong buwan. Pagkatapos isang araw natanto ko na pinapatunayan sa akin ng Espiritu Santo na ang lahat ng itinuturo sa akin ng mga misyonero ay totoo. Nalaman kong kailangan kong magpabinyag, kahit kaunti pa lang ang alam ko sa ebanghelyo.

Matapos akong mabinyagan noong 2007, napakasaya ko. Sinimulan naming mag-ipon ng pera upang makapunta sa templo sa Hawaii, kung saan ang aking asawa, ang aming tatlong anak, at ako ay nabuklod noong Disyembre 2008.

Ang pagiging miyembro ng Simbahan ay nagkaroon ng napakalaking epekto sa buhay ko. Ipinasiya kong umalis sa pinagtatrabahuhan kong restawran dahil hatinggabi na akong nakakauwi at nangangamoy usok ng sigarilyo ang mga damit ko. Bagama't nawalan kami ng dagdag na kita, pinangalagaan kami ng Panginoon.

Alam ko na totoo ang Simbahan at si Joseph Smith ay propeta ng Diyos dahil sa Espiritu na aking nadama at sa mga pagpapalang natanggap ko. ■

Tanintoa Sexton, Marshall Islands

MGA PAGLALARAWAN NI BJORN THORKELSON

# ANG AKING CROSS-STITCH NG LARAWAN NG MGA BURIKO

May cross-stitch ako ng larawan ng dalawang buriko na mga isang taon kong ginawa. Halos tapos na ito nang matuklasan kong nagkamali ako sa kulay ng isa sa mga buriko. Yamang posibleng kulay naman iyon para sa balat ng isang kabayo, nalaman ko lang na nagkamali ako nang makita kong hindi tugma ang kulay ng buriko sa kalapit na mga kulay nito sa canvas o tela.

Nanlumo ako. Ginugol ko ang buong oras ko sa pag-cross stitch sa larawan, at kapag naiisip kong tatastasin ko ang lahat ng maling kulay ay nakakapagod na. Naluluha kong binuksan ang basurahan at itinapon ang larawan.

Naupo ako sa tabi ng mesa na pinaglalagyan ng kagamitan ko sa pananahi na nalulungkot sa pagkawala ng aking magandang larawan ng buriko at magpapatuloy naman sana sa iba pang proyekto. Ngunit hindi ko ito magawa—hindi ko basta-basta malilimutan ang proyektong pinaghirapan ko. Binuksan ko ang basurahan at muling kinuha ang tela. May nakita akong buhol sa likod ng masagwang kulay at dahan-dahan itong tinastas. Ibinaligtad ko ang larawan, at sinimulan kong tanggalin ang sinulid.

Minsan madaling magtastas ng sinulid. Minsan naman hindi ganoon kadali. Hindi ako sigurado kung paano ko tatastasin ang ginawa ko. Minsan kailangan kong gupitin nang paisa-isa ang sinulid. Sinabi ng anak ko na hanga siya na gagawin ko ang lahat upang itama ito. Tutal, cross-stitch na larawan lang naman iyon.

Habang tinatastas ko ang mga tahi, naisip ko ang tungkol sa pagsisisi at kung gaano kahirap itama ang ilang mga pagkakamaling nagawa ko. Ang tunay na pagsisisi ay nangangailangan ng matinding hangarin, paggawa, at pagdurusa, ngunit sulit ang lahat ng pagod.

Habang muli kong tinatahi ang buriko, naalala ko na dahil sa pagsisisi ay naaalis ng Pagbabayad-sala ni Jesus ang bakas ng kasalanan sa aking buhay at tinutulungan akong magsimulang muli. Ang aking "mga buriko ng pagsisisi" ay nakasabit sa aking tahanan, isang magiliw na paalala na gawin ang tama, huwag sumuko kapag nagkukulang ako, at alalahanin na sa pamamagitan ng pagsisisi, pupunan ng Pagbabayad-sala ang kakulangan. ■

Sandra Jennings, New Mexico, USA

*Ginugol ko ang buong oras ko sa pag-cross stitch sa larawan, at kapag naiisip kong tatastasin ko ang lahat ng maling kulay ay parang nakakapagod na.*



# PERO WALA PONG SIMBAHAN DITO



*May dumating na lalaking naka amerikana sa may pagliko. Mukha siyang miyembro ng Simbahan, at nahikayat akong kausapin siya.*

Sa isang biyahe papunta sa Mediterranean, masigasig akong dumalo sa mga pulong ng Simbahan basta't kaya ko. Sa Seville, Spain, nagpatulong ako sa isang hotel receptionist, naghanap sa telephone directory, at sa isang mapa ng lungsod para makita ang meetinghouse ng mga Banal sa mga Huling Araw sa lugar. Isinulat ko ang address at pangalan ng Simbahan sa Espanyol. Sabado ng gabi nanalangin ako para malaman kung anong oras nagsisimula ang mga pulong, at malakas ang pakiramdam ko na kailangang naroon na ako nang alas-10:00 n.u.

Bago ako umalis papuntang simbahan dakong alas-9:30 ng Linggo ng umaga, muli kong ipinagdasal na sana ay makita ko ang meetinghouse. Sinunod ko ang aking mapa at sinimulang tahakin ang makikitid na kalsada. Napakaganda ng umaga. Nadaanan ko ang mga café at isang pamilihan ng mga ibon na puno ng maiingay na ibon.

Nakarating ako sa nasabing address para lang makita na walang anuman doon na mukhang simbahan. Nagpabalik-balik ako sa kalsada na bigo sa paghahanap. Nalito ako at nabalisa, at halos magaalas-10:00 na ng umaga.

Sa huli, nagdasal ako sa aking Ama sa Langit: "Iniutos po Ninyo sa akin na magsimba, at narito na po ako, pero wala pong simbahan dito."

Pagkatapos ay biglang may dumating na lalaking naka-amerikana sa may pagliko. Mukha siyang miyembro ng Simbahan, at nahikayat akong kausapin siya. Sa mahirap unawaing paraan, sinabi ko sa kanya na may hinahanap akong simbahan. May sinabi siyang hindi ko maunawaan, at nalito ako. Kaya'y binuksan niya ang kanyang portpolyo, at nakita ko ang dalawang aklat na katad ang pabalat na mukhang mga banal na kasulatan. Ibinigay ko sa kanya ang kapirasong papel na sinulatan ko ng "La Iglesia de Jesucristo" (Ang Simbahan ni Jesucristo). Ngumiti siya at itinuro ang daang pinanggalingan ko, at magkasama kaming naglakad papunta sa simbahan. Ang gusali ay nasa ibang address ilang minuto lang ang layo at hindi madaling makita kung hindi mo alam na naroon ito. Malayo ito sa kalsada sa isang maliit na lugar, sa likod ng malaking tarangkahan.

Sa meetinghouse nalaman ko kaagad na ang tumulong sa akin ay walang iba kundi ang bishop ng ward at nagsisimula ang mga pulong nang alas-10:30 n.u. Maaga akong dumating.

Sa fast and testimony meeting ng ward, nahikayat akong ibigay ang aking patotoo. Sa tulong ng isang misyonero na nagsalin ng mga salita ko sa wikang Espanyol mula sa Ingles, nagpatotoo ako at inilarawan ko kung paano gumawa ng paraan ang Panginoon para makita ko ang simbahan. Nagpatotoo rin ang bishop at ipinaliwanag na kinailangan niyang pumarada nang mas malayo sa umagang iyon, kaya nahuli siya ng dating kaysa rati. Nang makita niya ako, naisip niya na mukha akong miyembro ng Simbahan, kaya tumigil siya sa paglakad para tulungan ako. Pagkatapos ay binanggit niya ang mga miyembrong espirituwal na naliligaw at sinabi na kailangan namin silang tulungan na mahanap ang Simbahan.

Sa paglipas ng mga taon naglaho na sa alaala ko ang hitsura ng Seville, pero hindi ko nalimutan ang alaala ng paghahanap ko sa simbahan doon. Ang alaalang iyan ay isang patotoo sa akin ng malaking pagmamahal sa atin ng ating Ama sa Langit at na makikita ko ang Kanyang kapangyarihan sa aking buhay kung hahanapin ko lamang ang lahat ng bagay na "nagkakalakip na gumagawa sa [aking] ikabubuti" (Mga Taga Roma 8:28). ■

Julie Ismail, Western Australia, Australia

# PINAGAGAAN NG KANYANG PAGDURUSA ANG PAGDURUSA NATIN

Bilang isang nars sa intensive care unit ng mga bagong silang, inaalagaan ko ang maysakit, kung minsan ay napakaliliit, na mga sanggol. Isang gabi naatasan akong alagaan ang isang sanggol na lalaking ipinanganak na mas maaga nang 17 linggo at mahigit isang libra (0.5 kg) lang ang bigat. Napakaliit ng kanyang mga kamay, ang maliliit niyang binti ay sinlaki ng daliri ko, at ang mga paa niya ay sinlaki ng hinlalaki ko. Dahil sa malala niyang problema sa baga, hindi umasa ang mga doktor na mabubuhay pa siya sa loob ng buong magdamag.

Binabalot ng katahimikan ang buong yunit kapag isang bagong silang na sanggol ang nakikipaglaban sa buhay. Nababalisa ang lahat, lalo na ang nars ng sanggol, at ngayong gabi ay ako iyon. Halos buong maghapon niyang kasama ang kanyang mga magulang, ngunit pagod na sila. Nagbalik na sa kanyang silid ang ina para magpahinga.

Mayroong isolette (incubator), mga monitor, ventilator, at mga IV pump ang pribadong silid ng sanggol, na pinananatili siyang buhay. Dahil mabigat ang kanyang karamdaman at kailangan niya ng masidhing pangangalaga, hindi ako pinag-alaga ng ibang pasyente sa gabing iyon. Nasa tabi niya ako buong gabi, abala sa mga gamot, pag-monitor, panggagamot, at mga test.

Habang lumilipas ang gabi, sinikap kong wariin ang madarama ko kung ako ang kanyang ina. Hindi ko makakayanan ang dalamhati.

Magiliw kong pinunasan ang kanyang mukha, hinawakan ang kanyang maliliit na kamay at paa, maingat siyang binihisan at binalutan ng bago at malambot na kumot. Inisip ko kung ano pa ang magagawa ko para sa munting pasyente ko. Ano ang gagawin ng kanyang ina? Ano ang nais ipagawa sa akin ng Ama sa Langit?

Ang pinakamamahal na inosenteng musmos na espiritung ito ay malapit nang bumalik sa kanyang Ama sa Langit. Inisip ko kung natatakot siya. Naisip ko ang sarili kong mga anak. Noong bata pa sila at takot, kinakantahan ko sila. "Ako ay Anak ng Diyos" ang paborito nila. Pigil ang pagluha, kinantahan ko ang sanggol.

Bilang nars nakita ko ang mga tubo at dugo, binilang ko ang pagangat at pagbaba ng dibdib ng sanggol, pinakinggan ko ang pintig ng kanyang puso, at sinubaybayan ko ang mga numero sa mga monitor. Bilang Banal sa mga Huling Araw nakita ko ang selestiyal na espiritu at namangha ako sa plano ng kaligtasan.

Habang lumalaon ang gabi, humihina siya. Kalaunan ay nagkaroon siya ng kundisyong naging dahilan ng pagdugo sa kanyang mga baga.

Kinabukasan tahimik na sumakabilang-buhay ang munting pasyente ko. Nilisan niya ang mga bisig ng kanyang ina at "[dinala] pabalik sa Diyos na sa [kanya] ay nagbigay-buhay" (Alma 40:11).

Napalapit ako sa Tagapagligtas at sa Ama sa Langit noong gabing iyon. Higit kong naunawaan ang pagmamahal ng Panginoon sa sangkatauhan—at ang Kanyang pagmamahal sa akin. Naipaalala sa akin, at namangha pa ako, sa laki ng pagmamahal ko sa Kanya. At hinangad kong maging mas mabait, mas magiliw, mas mapagpatawad, mas mahabagin—mas katulad Niya—isang araw at isang pintig ng puso sa tuwina. ■

Barbara Winter, Arizona, USA



*Pigil ang pagluha, kinantahan ko ng "Ako ay Anak ng Diyos" ang sanggol.*

# ANG ISANG TIPAN AY WALANG HANGGAN

*Kapag tungkol sa mga desisyong ginawa ko bilang bahagi ng isang tipan sa mapagmahal na Ama sa Langit, hindi mahalaga kung ano ang sasabihin ng mundo.*

**Ni Marta Valencia Vásquez**

Noong tinedyer pa ako, binigyan ng aming Young Women president ang bawat kabataang babae ng isang regalo: isang larawan ng templo. Binanggit niya sa amin ang tungkol sa mga tipan at malinis na pamumuhay. Pagkatapos ay hinikayat niya kaming mithiin na magpunta sa templo balang-araw.

Buong puso kong tinanggap ang payo ng lider na ito at nagpasiyang gawing prayoridad ang paghahanda. Wala pang templo noon sa Costa Rica, ngunit nalaman ko noong binyagan ako kung ano ang tipan, at inasam ko ang pagkakataong makagawa ng karagdagang mga tipan sa Panginoon.

Ako lang ang miyembro ng Simbahan noon sa aking pamilya, kaya't hindi naituro ang ebanghelyo sa aming tahanan. At nagpasiya pa rin ako na pag-aaralan ko ang mga pamantayan ng ebanghelyo sa sarili ko at susundin ko ang mga ito. Kabilang sa paghahanda ko ang pagdalo sa seminary, kahit na ginaganap ito nang napakaaga. Ibinilang ko rin ang hindi pakikipagdeyt hangga't wala pa akong 16 anyos. At nangahulugan ito ng pagsunod sa batas ng kalinisang-puri—na talagang hindi tanggap o hindi ginagawa ng karamihan sa mga kabarkada ko, ngunit isang bagay na alam kong magagawa ko dahil nakipagtipan ako sa Panginoon na susundin ko ito.


Ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan, sa seminary at sa sarili ko, ay nagpalakas sa desisyon kong mamuhay nang malinis. Naaalala kong may pagkakataong nabigyang-inspirasyon ako ng 2,000 kabataang mandirigma. Tulad ng nakasaad sa Alma 53:20–21, ang mga kabataang ito ay "napakagigiting, at gayon din sa lakas at gawain; subalit masdan, hindi lamang ito—sila'y kalalakihang matatapat sa lahat ng panahon sa

## PARA SA LAKAS NG MGA YOUNG ADULT



"May isang tanong lang ako: Susundin mo ba ang totoo at buhay na mga propeta o hindi? Sa katunayan hindi naman komplikado iyan. Ang pamantayan ng Simbahan tungkol sa moralidad ay malinaw na nakasaad sa polyetong 'Para sa Lakas ng mga Kabataan,' na akma pa rin sa inyo, kahit marami na sa inyo ang wala na sa Young Men at Young Women. Kung pipiliin ninyong basahin ang anumang bagay na naglalaman ng materyal na labag sa mga pamantayan ng kagandahang-asal ng Simbahan, sa gayon ay ginagawa ninyong higit ang inyong sarili at ang inyong sariling karunungan sa payo sa mga propeta ng Diyos—na isang hindi matalinong hakbang. Sa sandaling isipin ng mga tao na mas marunong sila kaysa sa Diyos o sa Kanyang mga aral, o hindi angkop sa kanila ang ibinigay na payo, sila ay patungo sa mapanganib na kalagayan na marami nang naging biktima. Kailangan ng pananampalataya—tunay na pananampalataya, na hindi pabagu-bago at walang pag-aalinlangan—upang tanggapin at tangkaing mamuhay nang naaayon sa payo ng propeta kahit pa nga hindi ninyo ito lubusang nauunawaan. Ang gayong simpleng pananampalataya ay may kapangyarihang akayin kayo nang ligtas sa kabila ng bawat hamon na kinakaharap ninyo sa buhay."

**Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol, "When Shall These Things Be?" sa *Brigham Young University 1995–96 Speeches* (1996), 189.**



anumang bagay na ipinagkakatiwala sa kanila. . . . Sila'y mga lalaki ng katotohanan at maunawain, sapagkat sila ay naturuang sumunod sa mga kautusan ng Diyos at lumakad nang matwid sa kanyang harapan." Gusto ko ring maging tapat sa mga bagay na ipinagkakatiwala sa akin, kabilang na ang aking mga tipan sa binyag.

Nadagdagan ang pag-unawa ko sa mga tipan nang tawagin akong maglingkod sa El Salvador San Salvador East Mission. Nang matanggap ko ang aking endowment sa templo, pumasok sa isip ko ang Doktrina at mga Tipan 82:10: "Ako, ang Panginoon, ay nakatali kapag ginawa ninyo ang aking sinabi; subalit kapag hindi ninyo ginawa ang aking sinabi, kayo ay walang pangako." Sa buong misyon ko, ang ideya tungkol sa mga tipan—na gawin natin ang ating bahagi at gagawin ng Panginoon ang Kanyang bahagi—ay nakahikayat sa aking gawin ko ang pinakamainam na magagawa ko. Habang ginagawa

***Ang mga tipang ginawa ko sa binyag at sa templo ay may bisa pa rin ngayon tulad noong araw na ginawa ko ang mga ito.***

ko iyon, pinagpala kami ng kompanyon ko sa aming gawain.

Matagal nang nangyari ang misyon ko, ngunit patuloy akong nagkakaroon ng lakas sa pagtupad sa aking mga tipan. Pinagpala akong makapaglingkod sa loob ng pitong taon sa San José Costa Rica Temple. Ang paglilingkod bilang isang temple worker ay nagbigay sa akin ng mga pagkakataon sa tuwi-tuwina na alalahanin ang mga ginawa kong tipan. Napaalalahanan din ako nang gayon sa aking paglilingkod sa organisasyon ng Young Women, kung saan sinikap kong ituro ang kahalagahan ng mga tipan gaya ng itinuro sa akin noon ng aking mga lider.

Ang pagtupad sa ating mga tipan ay hindi palaging madali. Halimbawa, para sa maraming tao ang batas ng kalinisang-puri (o, sa ilang sitwasyon, ang pangkalahatang asal ukol sa relihiyon) ay lipas na sa panahon. Mabuti na lamang at hindi ako nakadarama ng pamimilit mula sa mga taong hindi ko katulad ang paniniwala o sa paglipas ng panahon. Ginugunita ko ang nadama ko noong dalagita ako nang hikayatin kami ng aming mga lider na maghanda at mamuhay para sa mga tipan sa templo. Ang desisyong ginawa ko noon ay desisyong sinusunod ko pa rin hanggang ngayon.

Matatag ang paninindigan ko sa aking mga desisyon dahil ang mga iyon ay hindi mga desisyon na ginawa kong mag-isa, o para sa sarili ko lamang. Sa halip, ang mga iyon ay mga desisyong ginawa ko bilang bahagi ng pakikipagtipan sa isang mapagmahal na Ama sa Langit. Hindi mahalaga kung ano ang sasabihin ng mundo. Nangako ako sa Panginoon na susundin ko ang Kanyang mga utos. Ito ay marangal na pagtupad. Ang mga tipang ginawa ko sa binyag at sa templo ay may bisa pa rin ngayon tulad noong araw na ginawa ko ang mga ito. Ang isang tipan sa Diyos ay panghabampanahon.

Ang pamumuhay nang naaayon sa hiniling ng Diyos sa atin ay hindi palaging madali, ngunit pinatototohanan ko na posible ito. Nagkakaroon tayo ng tiwala at lakas sa pamumuhay ng ating mga tipan, at makatitiyak tayo na hindi tayo kailanman iiwang mag-isa ng Ama sa Langit. Dahil nasa panig natin Siya, magagawa natin ang lahat ng bagay (tingnan sa Moroni 7:33). ■

MGA PAGLALARAWAN NI SCOTT GREER

# NAKINIG SA WAKAS

**Hindi ibinigay ang pangalan**

Noong nasa kolehiyo, nabiyayaan ako ng magandang trabaho sa isang lungsod na malayo sa aming tahanan. Isang dati ko nang kaibigan ang nakatira nang di-kalayuan doon, at kahit magkaiba kami ng relihiyon, hindi naging hadlang iyon sa aming pagkakaibigan.

Noong una kong makilala si Madeline (pinalitan ang pangalan), kasama namin sa trabaho ang isang dalagita na magandang halimbawa ng isang Banal sa mga Huling Araw. Naaalala ko na ipinadarama ng Espiritu kahit ang maliliit na pagkakaiba ng dalawang dalagitang ito, na nagpapaliwanag kung paanong kahit ang maliliit na pagpili ay makaiimpluwensya kalaunan sa buhay. Hindi ko kailanman nalimutan ang mga espirituwal na karanasang ito sa paglipas ng mga taon.

Ngayong muli kaming magkikita pagkaraan ng ilang taon, nagplano kami ni Madeline na lumabas nang magkasama. Nang sumapit na ang gabi, hindi ko malaman kung bakit ako kinabahan. Sumakay ako ng tren papunta sa kanyang lungsod, at habang papalapit ako, may nadarama akong tinig sa puso ko't isipan na nagsasabing, "Dapat ang kadeyt mo lamang ay ang mga taong may mataas na mga pamantayan."

"Hindi naman ito deyt," naisip ko. "Makikipagkita lang ako sa dati kong kaibigan." Paulit-ulit na nagbabala at nagpumilit ang Espiritu, hanggang sa matanto ko na deyt nga iyon at naisip ko kung ano na kaya ngayon ang pamantayan at estilo ng pamumuhay ng aking kaibigan. "Alam niya na LDS ako," ang katwiran ko. "Alam na alam niya ang mga pamantayan ko, kaya walang magiging problema."


Gayunpaman, naisip ko na baka dahil sa "bahagyang mga pagkakaiba" na napansin ko noon ay humantong sa hindi inaasahan ang pagkikita naming ito. Kaya sinunod ko ang pahiwatig ng Espiritu at tinawagan ang kaibigan ko para hindi na ituloy ang aming pagkikita. Masyado akong natakot na baka masaktan ko ang damdamin niya. Paano ko maipapaliwanag ang mga espirituwal na nadama ko sa isang kaibigan na hindi naman nagpapahalaga sa misyon ng Espiritu Santo?

Ipinaliwanag ko na asiwa ako sa isa sa mga plinano naming gagawin at na sana katanggap-tanggap na dahilan ito para hindi makipagkita nang gabing iyon. Nalungkot siya at nagmungkahing baguhin ang mga iplinano namin. Napanatag ako at pumayag sa pagbabago dahil naisip ko, "Siguro ang aktibidad ang dahilan kaya ako binabalaan ng Espiritu." Pero balisa pa rin ako.

Nagkakasayahan na kami nang gabing iyon, ngunit paulit-ulit na sinabi sa akin ng Espiritu na mahalaga ang naunang babala. Noong una parang wala namang nakakabalisang nangyayari, pero nang lumalalim na ang gabi, naging mas luminaw na kahit pareho kami ng pinagmulan, talagang magkaiba ang pinatutunguhan namin. Hindi magkapareho ang mga pamantayan namin—kahit sa maliliit na bagay. Nang umorder siya ng alak, ipinaliwanag ko na ayaw kong bayaran ang alak. Iginalang niya ang sinabi ko at siya ang nagbayad nito.



PAGLALARAWAN NI JEFF WARD




**BAHAGYANG PAGKALIHIS?**

"Ngunit madalas . . . naghahanda tayo para sa inaasam nating kasabik-sabik na paglalakbay, ngunit huli na bago natin matanto na patungo pala tayo sa kapahamakang espiri-tuwal dahil lamang sa ilang antas na pagkakamali."

**Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Dahil Lamang sa Kaunting Paglihis," *Liahona,* Mayo 2008, 58–59.**

*"Dati ko na siyang kaibigan, at hindi naman kami magdedeyt," sabi ko sa sarili ko. Kaya bakit patuloy akong binabalaan ng Espiritu na hindi ako dapat pumunta roon?*



Lalong tumindi ang pagkabalisa ng espiritu ko habang lumalalim ang gabi. Nang patapos na kami sa pagkain, hindi na ako mapakali sa aking upuan, gusto ko nang umuwi, dahil alam kong malapit nang umalis ang huling biyahe ng tren at napakalayo ng tinitirhan ko para magtaksi. Nang mahalata ng kaibigan ko na balisa ako, sinabi niyang puwede akong matulog sa bahay niya. Ngayon talagang ayaw na akong tigilan ng Espiritu, pinagtitibay sa akin ang dati ko nang alam: hindi ako dapat manatili roon.

Nang ihatid ko na siya sa bahay niya, pinilit kong magmukhang kalmado. "Sigurado ka bang ayaw mong matulog dito?" tanong niya. Sigurado ako. Hindi naman siya namimilit o nang-iinsulto pero ang tinig ng Espiritu ay mas malinaw pa kaysa tunog ng kulog. Hindi ako dapat maiwan ng tren! Naghintay ako hanggang sa masiguro ko na nasa loob na siya ng bahay, pagkatapos ay kumaripas na ako ng takbo para makarating sa istasyon ng tren sa oras. Bigla kong naisip si Jose ng Egipto noong tumakbo siyang palayo sa tukso (tingnan sa Genesis 39:7–12).

Kapag iniisip ko ang mga nangyari noong gabing iyon, nakadarama ako ng takot at pasasalamat: takot sa posibleng nangyari noon at pasasalamat sa paggabay ng Espiritu Santo. Nangusap ang Espiritu, at kahit sa una palang dapat ay nakinig na ako, natutuwa ako na sa wakas ay nakinig ako.

Malinaw na ang nakita ko sa sitwasyon nang gabing iyon ay hindi kasinglinaw ng nakita ng Panginoon. Tulad nang itinatala ni Isaias:

"Sapagka't ang aking mga pagiisip ay hindi ninyo mga pagiisip, o ang inyo mang mga lakad ay aking mga lakad, sabi ng Panginoon.

"Sapagka't kung paanong ang langit ay lalong mataas kay sa lupa, gayon ang aking mga lakad ay lalong mataas kay sa inyong mga lakad, at ang aking mga pagiisip kay sa inyong mga pagiisip" (Isaias 55:8–9).

Ang ilang mga pagpiling ginagawa natin sa buhay ay mabilis na ginagawa at nalilimutan. May mga pagpiling may kasamang mga aral na kung mahusay nating magagawa ay hindi kailanman malilimutan. Nagpapasalamat ako nang lubos na malaman na kapag sinusunod natin ang mga pahiwatig ng Espiritu Santo—at kapag kaagad nating ginawa ito—mas madali para sa atin ang manatili sa landas na inihanda ni Jesucristo para ating sundan. ■

# Mga Tanong at mga Sagot

## "Bakit may mga problema kami sa pamilya kahit nagsisimba kami, nagdaraos ng family home evening, at sinisikap na ipamuhay ang ebanghelyo? Ano pa ang magagawa namin?"

Ang pagsunod sa ebanghelyo ay nagdudulot ng mga pagpapala ngunit hindi ibig sabihin nito na hindi na kayo mahaharap sa mga hamon o pagsubok. Mapalalakas ng mga pagsubok ang inyong pananampalataya dahil mahihikayat kayong hingin ang tulong ng Ama sa Langit. Ang paglutas ng mga problema sa tulong Niya ay nagtuturo sa inyo kung paano gumawa ng mga tamang desisyon.

Napag-usapan na ba ng inyong pamilya ang ganitong sitwasyon? Sa sama-samang pag-uusap, maaari kayong makahanap ng mga ideya na makakatulong. Nag-ayuno at nanalangin na ba ang inyong pamilya para sa mga solusyon? Nasaliksik na ba ninyo ang mga banal na kasulatan at ang mga mensahe sa kumprensya? Marahil kailangan ng inyong pamilya na gumawa ng ilang pagbabago para mapabuti ang sitwasyon, o marahil kailangan lang ninyong patuloy na magsikap, matiyagang maghintay at magtiwala na palalakasin kayo ng Panginoon sa oras ng pagsubok na ito (tingnan sa Mosias 24:15).

Kung may ibang taong nagdulot ng pasakit sa inyong pamilya, sikaping patawarin sila at huwag silang sisihin. Bagama't hindi kaagad nalulutas ng pagpapatawad ang problema, papayapain nito ang inyong puso at magiging mas madali ang pagharap sa problema.

Winawasak ng kaaway ang mga pamilya dahil ang kanilang lakas ay napakahalaga sa Simbahan at sa inyong komunidad. Kaya'y patuloy na magtiis. Patuloy na magsimba, magdaos ng family home evening, at ipamuhay ang ebanghelyo. Dahil sa pagsunod madarama ninyo ang Espiritu Santo, at napakahalaga ng kanyang patnubay upang mahanap ninyo ang mga kasagutan. Ang pamumuhay sa isang matatag na pamilya, kahit yaong kailangang humarap sa mga problema, ay isa sa pinakamahahalagang mithiing dapat ninyong taglayin.

### Gamitin ang mga Gabay na Ibinigay sa Atin



Marahil hindi mapalalakas ang isang pamilya hangga't hindi ito nasusubukan. Mabuti na lamang at hindi natin kailangang harapin ang ating mga problema nang mag-isa; nais ng Ama sa Langit na magtagumpay tayo bilang mga indibiduwal at pamilya. Upang tulungan tayo, nagbigay Siya ng mahahalagang gabay, tulad ng mga banal na kasulatan, ng buhay na propeta, iba pang mga lider ng Simbahan, at ang Banal na Espiritu. Matutulungan nila tayong maunawaan at maipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo na magpapaligaya sa atin at sa ating pamilya. Bukod pa riyan, huwag kalimutang sabihin sa inyong mga magulang na mahalaga sila sa inyo at minamahal ninyo sila. Alam ko na ang Panginoon ay magbibigay ng paraan upang ang inyong pamilya ay magkaisa, mapalakas, at mabigyan ng inspirasyon. Alam ko na ang pamilya ay inorden ng Diyos.

*Jared L., edad 18, Mindanao, Philippines*

### Matuto mula sa Inyong mga Pagsubok



Gaano man ang gawin ninyong pagsisikap, hindi mawawala ang mga hamon o pagsubok. Tutulungan kayo ng mga pagsubok na ito na umunlad. Depende na iyan kung paano kayo tutugon sa mga hamon na iyon. Ang mahalaga ay matuto kayo mula sa mga ito. Pag-aralan at tingnan ang talagang nangyayari sa paligid ninyo. Ipagdasal ang mga pagsubok na pinagdaraanan ninyo at manampalataya na tutulungan kayo ng Panginoon na malampasan ang mga ito. Magiging kalakasan ninyo ang mga ito, at dahil diyan mapalalakas din ninyo ang iba.

*Makenzie C., edad 18, Chihuahua, Mexico*

### Basahin ang Pagpapahayag Tungkol sa Mag-anak

Darating ang mga problema magdasal man kayo o hindi. Hindi tayo pinaparusahan ng mga ito kundi pinapalakas tayo ng mga ito. Ang mga problemang kinakaharap natin ay nagbibigay ng pagkakataon para magtulungan ang ating pamilya. Habang nagsisikap ang aming pamilya na kayanin ang problema sa pera, at nagsisikap na magkaroon ng oras na magkasama-sama, lalo kaming nagiging malapit sa isa't isa at sa ating Ama sa Langit. Isang bagay na ginagawa namin sa mga panahong

*Ang mga sagot ay nilayong makatulong at magbigay ng pananaw, hindi bilang mga opisyal na pahayag ng doktrina ng Simbahan.*

nahihirapan kami ay basahin ang "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo." Ipinaaalala nito ang sagradong bagay na nagbibigkis sa amin at kung gaano kahalaga na tuparin ang aming mga tipan.

*Anna G., edad 15, Georgia, USA*

**Manampalataya sa Panginoon**



Ang nakatutulong sa akin sa tuwing nagtataka ako kung bakit may mga problema ang aming pamilya, kahit ginagawa namin ang lahat sa abot ng aming makakaya, ay ang kuwento ni Job at ang matinding pinagdaanan niya. Sa Job 19:25–26 ay mababasa natin: "Ngunit talastas ko na manunubos sa akin ay buhay, at siya'y tatayo sa lupa sa kahulihulihan: at pagkatapos na magibang ganito ang aking balat, gayon ma'y makikita ko ang Dios sa aking laman." Naharap si Job sa ilan sa mga pinakamahihirap na hamon, subalit alam pa rin niyang buhay ang kanyang Manunubos! Kapag nagawa nating mag-isip at mamuhay nang tulad ni Job, alam ko na malalampasan natin ang ating mga problema at matatanto na mayroon tayong Manunubos, na nagpapalakas sa atin sa kabila ng mga pagsubok na ito.

*Megan B., edad 17, Utah, USA*

**Harapin ang mga Problema nang may Pag-asa**

Ang mga problema ay mas magpapalakas sa atin kung haharapin natin ito sa wastong paraan. Ang kailangan ninyong gawin ay harapin ang mga problema nang may pag-asa at tapang. Maaaring ginagawa mo na ang pinakamainam sa pamamagitan ng pagsisimba at pagsisikap na ipamuhay ang ebanghelyo, kaya dapat mong tanggapin ang katotohanan na ang mga problema ay magpapadalisay sa iyo at gagawin kang mas mabuting tao sa bandang huli. Subukan mo ring alamin ang isang bagay na hindi mo nagagawa nang tama at sikaping iwasto ito. Sikapin mong tumulong nang madalas sa iba, at kapag ginawa mo iyan, magiging tila mas magaan ang iyong mga problema. Higit sa lahat, laging humingi ng payo sa Panginoon. Ipagdasal ang iyong mga problema at hilingin sa Ama sa Langit na gabayan ka.

*Raymond A., edad 18, Accra, Ghana*

**Tanggapin ang Kagustuhan ng Ama sa Langit**


Palagay ko isang paraan ng pagsubok sa atin ng Ama sa Langit ang mga problema. Ang hindi natin dapat kalimutan ay na Siya ay ating Ama at dahil diyan mahal na mahal Niya tayo at hangad Niya ang pinakamainam para sa atin. Alam ko na ang tanging paraan upang makayanan ang mga problemang ito ay sa pamamagitan ng pagtitiyaga at pagtanggap sa kalooban ng Ama.

*José C., edad 18, Ancash, Peru*

**Magtiis Hanggang Wakas**

Ang pamilya ay mahalaga sa plano ng Maylikha, kaya talagang gagawin ng kalaban ang lahat upang hadlangan tayo na mamuhay nang magkakasama bilang masayang pamilya na nakatuon sa ebanghelyo. Alam nating hindi natin maaaring asahang maging madali ang buhay o na sa sandaling magsimba o magdaos tayo ng family home evening, ay ligtas na tayo sa mga tukso. Kapag nagiging mahirap ang mga bagay-bagay, basahin ang inyong mga banal na kasulatan, magdasal, at mag-usap-usap bilang pamilya.

*Elder Dudley, edad 21, Indonesia Jakarta Mission*



**SUNDIN ANG PAYO NG MGA PROPETA**

"Sa tulong ng Panginoon at ng Kanyang doktrina, lahat ng masasakit na epekto ng mga hamon na maaaring maranasan ng isang pamilya ay mauunawaan at malalampasan. Anuman ang mga pangangailangan ng mga miyembro ng pamilya, mapapalakas natin ang ating mga pamilya kapag sinusunod natin ang payo ng mga propeta.

"Ang susi sa pagpapalakas ng ating mga pamilya ay ang mapasaating tahanan ang Espiritu ng Panginoon."

**Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Strengthening Families: Our Sacred Duty,"** ***Ensign,*** **Mayo 1999, 32.**

## SUSUNOD NA TANONG

"Paano mo mapipigilan ang iyong galit kapag talagang galit na galit ka na?"


Ipadala ang inyong sagot bago sumapit ang Mayo 15, 2011, sa:

*Liahona,* Questions & Answers 5/11
50 E. North Temple St., Rm. 2420
Salt Lake City, UT 84150-0024, USA
O mag-e-mail sa:
**liahona@ldschurch.org**

Ang mga sagot ay maaaring i-edit para iakma ang haba o palinawin pa.

Ang sumusunod na impormasyon at pahintulot ay dapat isama sa iyong e-mail o liham: (1) buong pangalan, (2) kapanganakan, (3) ward o branch, (4) stake o district, (5) nakasulat na pahintulot mo, at, kung wala ka pang 18 anyos, ang nakasulat na pahintulot ng iyong mga magulang (tinatanggap ang e-mail) na ilathala ang iyong sagot at larawan.

# LAGI SIYANG ALALAHANIN



*ANG HULING HAPUNAN*, NI SIMON DEWEY

**NANGAKO TAYONG LAHAT.**
(TINGNAN SA LUCAS 22:19–20; D AT T 20:77, 79.)


# Doktrina at mga Tipan 76:22–24

*Ang mga talatang ito ay nagpapahayag ng makabagong pagsaksi kay Jesucristo: Siya ay buhay!*


### Maraming Patotoo

Maraming patotoong naibigay tungkol sa nabuhay na mag-uling Cristo bago ang paghahayag na ito. Narito ang ilang halimbawa:

- Maria Magdalena (tingnan sa Juan 20:11–18)
- Ang mga Apostol noong panahon ni Jesus (tingnan sa Mateo 28:9–20; Marcos 16:14–20; Lucas 24:36–53; Juan 20:19–29; 21)
- Ang dalawang disipulo sa daan papuntang Emaus (tingnan sa Lucas 24:13–35)
- Si Esteban (tingnan sa Mga Gawa 7:55–56)
- Si Pablo (tingnan sa Mga Gawa 9:1–6)
- Ang mga Nephita (tingnan sa 3 Nephi 11–28)
- Si Moroni (tingnan sa Eter 12:39)
- Si Joseph Smith (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:16–20)



22 At ngayon, matapos ang
maraming patotoo na ibinigay
hinggil sa kanya, ito ang [a]pa-
totoo, na pinakahuli sa lahat,
na aming ibibigay tungkol sa
kanya: Na siya ay [b]buhay!
23 Sapagkat siya ay aming
[a]nakita, maging sa kanang ka-
may ng [b]Diyos; at aming nari-
nig ang tinig na nagpapatotoo
na siya ang [c]Bugtong na Anak
ng Ama—
24 Na sa [a]kanya, at sa pama-
magitan niya, at mula sa kanya,
ang mga [b]daigdig ay nililikha at
nalikha, at ang mga naninirahan
dito ay mga isinilang na [c]anak
na lalaki at babae ng Diyos.



### Siya ay Buhay!

"Nabasa ko—at pinaniniwalaan ko—ang mga patotoo ng mga yaong nakaranas ng pighati sa Pagkakapako ni Cristo sa Krus at kagalakan sa Kanyang pagkabuhay na mag-uli. Nabasa ko—at pinaniniwalaan ko—ang mga patotoo ng mga tao sa Bagong Daigdig na dinalaw rin ng nagbangong Panginoon na iyon.

"Pinaniniwalaan ko ang patotoo ng isang tao na nakipag-usap sa Ama at sa Anak, sa dispensasyong ito, sa kakahuyang tinatawag ngayong sagrado at ibinigay ang kanyang buhay, at tinatakan ang patotoong iyan ng kanyang dugo."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Siya'y Nagbangon!" *Liahona,* Mayo 2010, 89.**



### Mga Isinilang na Anak na Lalaki at Babae ng Diyos

"Hindi kayo mga ordinaryong nilalang, mahal kong mga kaibigang kabataan sa buong mundo. Kayo ay maluwalhati at walang hanggan. . . .

"Dalangin ko at basbas na kapag inaninag ninyo ang inyong sarili ay lumagpas ang tingin ninyo sa mga kapintasan at pagdududa sa sarili at makilala ninyo kung sino kayo talaga: maluwalhating mga anak ng Diyos na Maykapal."

**Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Ang Repleksyon sa Tubig" (Church Educational System fireside para sa mga young adult, Nob. 1, 2009); makukuha sa CESfiresides.lds.org.**



### Ang mga Daigdig ay Nililikha at Nalikha

"Sa patnubay ng Ama, si Cristo ang Panginoon ng sansinukob, na lumikha ng mga daigdig na di mabilang—at isa lamang doon ang atin (tingnan sa Mga Taga Efeso 3:9; Sa Mga Hebreo 1:2).

"Ilang planeta ba sa kalawakan ang may mga tao? Hindi natin alam, ngunit hindi tayo nag-iisa sa kalawakan! Ang Diyos ay hindi Diyos ng nag-iisang planeta lamang!"

**Elder Neal A. Maxwell (1926–2004) ng Korum ng Labindalawang Apostol, sa "Mga Natatanging Saksi ni Cristo," *Liahona,* Abr. 2001, 5.**

*Paunawa ng patnugot: Ang pahinang ito ay hindi nilayong magbigay ng ganap na paliwanag sa piniling talata, kundi bilang panimula lamang para sa sarili ninyong pag-aaral.*

DETALYE MULA SA *SIYA AY NAGBANGON,* NI DEL PARSON

# MGA PAGPAPALA ng Muling Pagtatayo

*Nang makita ko ang mga pinsalang dulot ng lindol, nalungkot ako. Ngunit natanto ko na mahal ng Diyos ang mga namatay gayundin ang mga nakaligtas.*

**Ni Ashley Dyer**

Dahil nakatira ako sa Shanghai, China, nagkaroon ako ng pagkakataong sumama sa isang grupo sa paaralan papunta sa Sichuan Province sa timog-kanluran ng China upang tumulong sa pagtatayo ng mga bahay para sa mga biktima ng lindol na sumalanta sa lugar na iyon ilang taon na ang nakalilipas. Nagtrabaho kaming mabuti sa paglalagay ng mga brick o laryo, pagpapala ng hinalong semento, pagtutulak ng mga baguletang puno ng mga laryo, at pagpapasa ng mga ito sa "nakahanay" na mga tao. Nang ikalawang araw sumakit ang likod ko, at puro butas na ang mga guwantes ko. Gayunman, hindi ko malilimutan ang biyaheng iyon at pinalakas niyon ang patotoo ko sa kahalagahan ko at ng bawat tao, na isa sa mga pinahahalagahan ng Young Women.


Sa pagtatrabaho ko nang mabuti sa bawat araw, napansin ko na lumaki ang paniniwala ko sa kahalagahan ng aking sarili. Maganda ang pakiramdam ko sa sarili ko dahil ginagawa ko ang mga bagay na magpapabuti sa pamumuhay ng mga taong mas kapus-palad kaysa sa akin.

Nagkaroon din kami ng pagkakataong bisitahin ang isang paaralan doon. Pagdating namin, tumakbo palapit sa amin ang nakatutuwang mga bata. Nang makita ko ang magagandang batang ito, natanto ko rin ang kahalagahan nila. Silang lahat ay magagandang anak ng Diyos, at damang-dama ko na mahal at kilala Niya ang bawat isa sa kanila.

Bago matapos ang aming biyahe nagkaroon kami ng pagkakataong magpunta sa isang resort, kung saan kami kakain ng tanghalian. Gayunman pagdating namin doon, natuklasan naming nasira ito ng lindol. Iyon ang pinakamatinding pinsalang nakita ko. Parang gusto kong umiyak. Ang mga kisame at dingding ng mga gusali ay nangagbagsakan, nangatumba ang kalapit na mga puno, at puro durog na bato sa lahat ng dako. Isang malaking bato ang gumulong sa bundok at tumama sa isang gusali, na naging sanhi ng pagguho ng kisame at ng dingding. May isang sapatos na nasa tapat ng isang pinto.

Habang iniisip ko ito at ang katotohanan na may mga taong namatay sa kalamidad, nahirapan akong maunawaan kung paano ito hinayaang mangyari ng Ama sa Langit. Hindi ba Niya mahal ang mga taong ito? Pagkatapos ay muli kong naisip ang tinalakay namin sa klase ng Young Women at natantong mahal Niya sila. Kilala at mahal Niya ang bawat isa sa kanila. Ang mga namatay nang araw na iyon ay mga anak lahat ng Diyos. Noong una, lalo akong nalulungkot kapag naiisip ko ang tungkol doon. Ngunit natanto ko na ang mga taong ito ay nasa daigdig ng mga espiritu at makababalik silang muli sa Ama sa Langit. Napanatag ako ng kaisipang ito at nakadama ako ng kapayapaan.

Alam kong ako ay anak ng Diyos, na napakahalaga. Tayong lahat ay mga anak ng ating Ama sa Langit, na personal na nakakikilala sa atin. Mahal Niya tayo sa pagmamahal na mas malalim at mas matindi kaysa maiisip ng sinuman sa atin. Ang pagkaunawang ito ay malalim na naitanim sa puso ko nang tumulong at maglingkod ako sa mga taong dumanas ng matinding hirap sa lindol sa Sichuan. ■



***Tumulong si Ashley Dyer (kanan) sa muling pagtatayo ng mga bahay para sa mga naninirahan doon pagkatapos ng lindol noong 2008 sa Sichuan, China.***

LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NI ASHLEY DYER



# BISA NG BANAL NA KASULATAN




*Nang bigyang-pagkakataon ng dalawang tinedyer na Tahitian ang mga banal na kasulatan, nagbago ang kanilang buhay.*

**Ni Adam C. Olson**
Mga Magasin ng Simbahan

Ayaw talagang pag-aralan ni Rooma ang mga banal na kasulatan. Ayaw namang pumunta ni Vaitiare sa seminary. At hindi nila kailangang gawin ito. Ngunit nang piliin nilang gawin ito, nagbago ang kanilang buhay.

### Bakit Hindi?

Bakit pipiliin ng isang tinedyer na mag-ukol ng dalawang oras tuwing Huwebes ng gabi sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan kasama ang kanyang ina? Marahil ganoon din ang iniisip ni Rooma Terooatea ng Tahiti isang taon na ang nakararaan.

Ngayon maaaring itanong niya kung bakit pipiliin ng isang tinedyer na *hindi* gawin ito.

Sa loob ng tatlong taon sa seminary, hindi kailanman binigyang-pansin ni Rooma ang pagbibigay ng kanyang mga guro ng babasahing mga banal na kasulatan para sa susunod na aralin. "Ayaw kong basahin ang mga ito," sabi niya. "Hindi talaga ako interesado sa mga banal na kasulatan."

Ngunit nagtaka siya kung bakit palaging ginagamit ng mga lider ng Simbahan sa kanyang ward at stake ang mga banal na kasulatan sa pagbibigay nila ng mga mensahe at aralin. Minasdan niya ang kanyang mga lider. Napansin niya kung gaano kadali para sa kanyang stake president na magbanggit mula sa mga banal na kasulatan.

Kaya't nang pagpangkat-pangkatin ng Faaa Tahiti Stake ang mga seminary student

MGA RETRATONG KUHA NI ADAM C. OLSON, MALIBAN KUNG IBA ANG NAKASAAD; IBABAW: RETRATO © ISTOCK; RETRATO NG BULAKLAK © ISTOCK


para sa mga paligsahan sa scripture mastery sa huling taon niya sa seminary, nagpasiya si Rooma na subukang basahin ang mga banal na kasulatan.

Noon nagsimula ang kanyang linguhang pag-aaral kasama ng kanyang ina. Tuwing Huwebes ng gabi magkasama silang nag-aaral para sa paligsahan ng klase kinabukasan, na inaalam kung saan naroon ang mahahalagang talata at isinasaulo pa ang marami sa mga ito.

At nagsimulang magbago ang lahat para kay Rooma. Pinatibay ng kanyang pag-aaral ng banal na kasulatan ang kanyang pakikipagugnayan sa kanyang ina. Nagsimula niyang makita ang pagkakatulad ng mga itinuturo ng mga banal na kasulatan at ng nangyayari sa mundo ngayon. Habang ipinagdarasal niya ang kanyang binabasa, natanto niya na iyon ay sa Diyos.

Tinulungan din siya nitong mapamunuan ang kanyang team na nagpanalo sa kanila sa stake scripture mastery championship.

Natanto ni Rooma sa mga pagpapalang natanggap ang isang aral na natutuhan niya sa kanyang pag-aaral. "Sa Mosias 2:24 itinuro ni Haring Benjamin na kapag pinili nating gawin ang ipinagagawa ng Panginoon, kaagad tayong pinagpapala," sabi ni Rooma. Isa sa mga pinakamalaking pagpapalang natanggap niya ay "matapos pag-aralan ang mga banal na kasulatan sa taong ito, nalaman kong totoo ang Aklat ni Mormon."



## MAG-ARAL NANG MASIGASIG

"Ang madaliang pag-aaral ay hindi kasing epektibo ng araw-araw na pagbabasa at pagsasabuhay natin ng mga banal na kasulatan. Maging pamilyar sa mga aral na itinuturo ng mga banal na kasulatan. . . . Pag-aralan ang mga ito na parang nangungusap ang mga ito sa inyo, dahil iyon ang totoo. . . .

". . . Kung kayo ay masigasig na mag-aaral ng mga banal na kasulatan, ang kapangyarihan ninyong umiwas sa tukso at tumanggap ng patnubay ng Espiritu Santo sa lahat ng inyong ginagawa ay mag-iibayo."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Kayo ay Magpakahusay," *Liahona,* Mayo 2009, 68.**

***Nang magbiyahe si Rooma Terooatea (ibaba) at ang kanyang mga kaklase sa seminary papunta sa Moorea (kaliwa) upang subukan ang kanilang kaalaman sa banal na kasulatan, hindi na mahalaga anuman ang kalabasan—si Rooma ay panalo na noon pa.***





*Nang magdesisyon si Vaitiare Pito ng Tahiti na pag-aralan ang mga banal na kasulatan, nagsimula niyang matanto ang mga pagpapala.*

## Huwag Mong Sabihin Kung Ano ang Gagawin Ko

Nang magsimula ang pasukan, si Vaitiare Pito ay hindi pa miyembro ng Simbahan. Kung gayon, paano natulungan ng isang bagong miyembro na hindi pa nakadalo sa seminary na manalo ang kanyang team sa Faaa stake scripture mastery championship?

"Hindi ako nag-alala na kaunti lang ang nalalaman ko," sabi niya. "Natutuhan ko ang marami sa mga talatang iyon sa mga araling ibinahagi ng mga misyonero."

Karamihan sa pamilya ni Vaitiare ay sumapi sa Simbahan matapos ang biglaang pagkamatay ng kanyang ama at nang dalhin ng ward mission leader ang mga misyonero sa tahanan ni Vaitiare. Pinag-usapan nila ang tungkol sa pagkakaisa ng pamilya at pagsasama-sama sa kawalang hanggan. "Talagang naghatid ito ng pagbabago sa aming pamilya," sabi niya.

Gayunman, hindi nito agad binago ang pag-uugali ng 17-taong gulang na ito. "Pagkatapos akong mabinyagan, sinasabihan ako ng lahat na dapat akong magpunta sa seminary," sabi niya. "Ayaw ko ng sinasabihan ako ng dapat kong gawin, kaya't medyo natagalan bago ako nagpunta."

Sa wakas nagdesisyon siya mismo na magpunta at natuklasan niyang masaya pala dito. Inatasan siyang maging bahagi ng scripture mastery team na kinabibilangan ni Rooma.

Sa una ay hindi niya pinansin ang ipinababasa sa mga banal na kasulatan. Ngunit nang magdesisyon siyang babasahin niya ito, napagtanto niya ang mga pagpapala.

"Malaking tulong ang mga banal na kasulatan," sabi niya. "Marami akong natutuhan sa mga banal na kasulatan," kabilang na ang kahalagahan ng panalangin at ang katotohanang sasagutin ng Ama sa Langit ang mga panalanging iyon.

Nalaman din niya na kapag nagpapasiya siyang gawin ang isang bagay, tulad ng pagpunta sa seminary o pagbabasa ng mga banal na kasulatan, nagiging mas madaling tuparin ang isang pangako dahil kusa niya itong ginawa at hindi dahil kailangan niyang gawin o ito ang "dapat" gawin.

Ngayong tapos na ang pasukan, nagpapasalamat si Vaitiare na pinili niyang magpunta sa seminary at pag-aralan ang mga banal na kasulatan: "Alam ko na kapag binabasa natin ang mga banal na kasulatan, pinagpapala tayo." ■

# Ang Clue sa Aking Patriarchal Blessing

**Ni Scott Talbot**

Naglingkod ako sa Texas Houston South Mission bilang elder na marunong magsalita ng wikang Espanyol. Isang araw nagbahay-bahay kami ng kompanyon ko, sa pagsisikap na makakita ng matuturuan. Nakarating kami sa isang bahay na may malaking butas sa lumang balkonahe na yari sa kahoy.

Binuksan ng isang matandang babae ang pinto at pinapasok kami. Hindi ko tiyak kung kilala niya kami at ano ang ginagawa namin, pero napakabait niya. Sinimulan namin siyang turuan ng unang aralin, at tila maayos naman ito. Hindi nagtagal at ako na ang magtuturo tungkol kay Joseph Smith at sa Unang Pangitain. Nakita ko sa mukha ng babae na tila unti-unti siyang naguguluhan. Halatang hindi niya talaga nasusundan ang sinisikap kong ipaliwanag sa kanya.

Matapos magtanong ng ilang bagay tungkol sa naituro na namin at kung gaano rito ang naunawaan niya, nakadama ako ng pagkayamot na hindi niya maunawaan ang konsepto ng Unang Pangitain. Nakakapagod ang araw na ito, at ang huling bagay na hindi nanaisin ng isang misyonero ay ang hindi maunawaan ng isang tao ang gustung-gusto niyang malaman ng mga tao na totoo.

Nang madama ko na malapit na akong magalit, isang talata mula sa patriarchal blessing ko ang pumasok sa aking isipan. Tungkol ito sa magiging pamilya ko na pinayuhan akong ituro sa magiging mga anak ko ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Habang iniisip ko ang talatang iyon, alam kong sinasabi ng Espiritu na turuan ko ang mapagpakumbabang babaeng ito sa katulad na paraan ng pagtuturo ko sa isang bata.

Sinimulan ko siyang turuan sa mas simple at mapagmahal na paraan. Naisip ko ang magiging mga anak ko na nakaupo sa sala at nakatingin sa akin, na kanilang ama, habang tinuturuan ko sila tungkol kay Propetang Joseph Smith. Nakamamanghang makita ang pagbabago sa kanyang mukha. Hindi naglaon ay nawala ang kunot sa kanyang noo, at nagningning ang kanyang mga mata. Ang kanyang pagkalito ay napalitan ng interes at pagkamangha. Habang ikinukuwento ko ang pagpapakita ng Ama sa Langit at ni Jesucristo kay Joseph Smith, napuno ng luha ang kanyang mga mata at dumaloy ito sa kanyang mga pisngi. Napuspos ng Espiritu ang silid, at napalitan ng malaking kagalakan ang aking pagkayamot.

Hinding-hindi ko malilimutan ang karanasang ito. Ngayon ay sabik na akong ituro ang mga alituntuning iyon sa magiging mga anak ko balang-araw at madamang muli ang kagalakang iyon. ■

### MAGHANDANG MAGLINGKOD

"Mga kabataan, hinihikayat ko kayong maghandang maglingkod bilang misyonero. Manaliting malinis, walang bahid-dungis at karapat-dapat na kumatawan sa Panginoon. Maging malusog at malakas. Pag-aralan ang mga banal na kasulatan. Kung saan mayroon, makibahagi sa seminary o institute. Pag-aralang mabuti ang hanbuk ng misyonero na *Mangaral ng Aking Ebanghelyo*."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Sa Pagkikita Nating Muli," *Liahona,* Nob. 2010, 7.**



PAGLALARAWAN NI BRIAN CALL





**Ni Pangulong Boyd K. Packer**
Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol

# ANG TAGAPAMAGITAN NA SI JESUCRISTO

*Binayaran ni Jesucristo, na ating Tagapamagitan, ang halagang hindi natin kayang bayaran upang makabalik tayo sa piling ng ating Ama sa Langit.*

May ikukuwento ako sa inyo—isang talinghaga.

Minsan ay may isang lalaking gustung-gusto ang isang bagay. Tila mas mahalaga pa ito kaysa anupaman sa kanyang buhay. Para makamtan ang kanyang gusto, umutang siya nang malaki.

Binalaan na siya tungkol sa pag-utang nang ganito kalaki at lalo na sa nagpautang sa kanya ng pera. Ngunit tila napakahalaga sa kanya na makamtan kaagad ang gusto niya. Nakatitiyak siyang mababayaran niya ito kalaunan.

Kaya't pumirma siya sa kontrata. Mababayaran din niya ito balang-araw. Hindi siya ganoong nag-alala rito, dahil mukhang matagal pa naman ang takdang araw ng pagbabayad. Nakamtan na niya ang gusto niya ngayon, at tila iyon ang mahalaga.

Hindi mawala sa isip niya ang nagpautang, at paunti-unti siyang nagbayad, iniisip na ang takdang araw ng paniningil [ang araw na kailangan niyang bayaran ang buong halaga] ay hindi na darating kailanman.

### Katarungan o Awa?

Ngunit tulad ng laging nangyayari, dumating ang araw at dapat na siyang magbayad. Hindi nabayaran nang buo ang utang. Dumating ang nagpautang at naningil ng buong kabayaran.

Noon lamang niya natanto na ang nagpautang sa kanya ay hindi lamang may kakayahang ilitin [kunin] ang lahat ng ari-arian niya kundi may kakayahan din itong ipakulong siya.

"Hindi kita mababayaran, dahil hindi ko kayang magbayad," pag-amin niya.

"Kung gayon," sabi ng nagpautang, "iilitin namin ang mga ari-arian mo, at makukulong ka. Pumayag ka riyan. Ikaw ang nagpasiya. Pumirma ka sa kontrata, at ngayo'y dapat na itong ipatupad."

"Puwede bang bigyan mo ako ng palugit o patawarin mo na lang ako sa aking utang?" pagmamakaawa ng nangutang. "Gawan mo naman ng paraan para hindi makuha ang mga ari-arian ko at hindi ako makulong. Naniniwala ka ba sa awa? Hindi ka ba maaawa sa akin?"

Sumagot ang nagpautang, "Isang panig lang ang laging nakikinabang sa awa. Ikaw lang. Kapag naawa ako sa iyo, hindi ako mababayaran. Katarungan ang gusto ko. Naniniwala ka ba sa katarungan?"

"Naniwala ako sa katarungan nang pirmahan ko ang kontrata," sabi ng nangutang. "Nasa panig ko iyon noon, kasi akala ko poprotektahan ako nito. Hindi ko kailangan ang awa noon, ni hindi ko inisip na kakailanganin ko iyon kahit kailan."

"Katarungan ang nagsasabing magbayad ka ayon sa kontrata o mapaparusahan ka," sagot ng nagpautang. "Iyan ang batas. Pumayag ka rito at ganyan ang dapat mangyari. Hindi maaagaw ng awa ang katarungan."

PAGLALARAWAN NI DAN BURR

Para malaman ang iba pa tungkol sa paksang ito, basahin ang Alma 42, ang paliwanag ng propetang si Alma tungkol sa katarungan, awa, at Pagbabayad-sala.



*Sa walang hanggang batas, ang awa ay hindi maipagkakaloob maliban kung may taong handa at kayang bayaran ang ating utang at tumbasan ang halaga at ayusin ang mga kasunduan para sa ikatutubos natin.*

Gayon nga ang nangyari: Katarungan ang hiling ng isang panig, ang kabila naman ay humihingi ng awa. Walang sinumang masisiyahan [magwawagi] maliban kung magsakripisyo ang isa.

"Kung hindi mo patatawarin ang utang, wala kang awa," pagsusumamo ng nangutang.

"Kung gagawin ko iyan, wala namang katarungan," ang sagot.

Ang dalawang batas, pakiwari ko, ay kapwa hindi maipatutupad. Ang mga ito ay dalawang walang hanggang batas na tila magkasalungat. Wala bang paraan para maging lubos na makatarungan at maawa rin naman?

May paraan! Ang batas ng katarungan ay *maaaring* lubos na matugunan at ang awa ay *maaaring* lubos na ipagkaloob—ngunit kakailanganin dito ang ibang tao. At ganito ang nangyari sa pagkakataong ito.

### Ang Kanyang Tagapamagitan

May kaibigan ang nangutang. Dumating siya para tumulong. Lubos niyang kilala ang nangutang. Naisip niyang hangal ito dahil inilagay nito ang sarili sa alanganin. Gayunman, gusto niyang tumulong dahil mahal niya ito. Namagitan siya sa dalawa, hinarap ang nagpautang, at inalok ito: "Babayaran ko ang utang kung palalayain mo ang nangutang sa kanyang kontrata para hindi mailit ang mga ari-arian niya at hindi siya makulong."

Habang pinag-iisipan ng nagpautang ang alok, idinagdag ng namagitan, "Katarungan ang hangad mo. Kahit hindi ka niya mababayaran, ako ang magbabayad. Makatarungan na ito sa iyo at wala ka nang mahihiling pa. Hindi iyon makatarungan."

Kaya't pumayag ang nagpautang.

At saka bumaling ang namagitan sa nangutang. "Kung babayaran ko ang utang mo, tatanggapin mo bang ako ang nagpautang sa iyo?

"Naku, oo, oo," bulalas ng nangutang. "Iniligtas mo ako sa kulungan at naawa ka sa akin."

"Kung gayon," sabi ng nagpala [ng taong tumulong], "sa akin mo bayaran ang utang, at ako ang magtatakda ng kasunduan. Hindi magiging madali, pero puwedeng mangyari. Gagawa ako ng paraan. Hindi mo kailangang makulong."

Sa ganito nabayaran nang buo ang nagpautang. Makatarungan na sa kanya iyon. Walang kontratang nasira. Ang nangutang, sa kabilang dako, ay kinaawaan. Natugunan ang dalawang batas. Dahil nagkaroon ng tagapamagitan, lubos na nakamit ang katarungan at naipagkaloob ang awa.

### Ang Ating Tagapamagitan

Bawat isa sa atin ay nabubuhay sa isang uri ng espirituwal na pagkakautang. Balang-araw ang halaga ay sisingilin, hihingin ang kabayaran. Ano man ang tingin natin dito ngayon, kapag dumating ang araw at malapit nang matapos ang palugit, mahihirapan tayo sa paghahanap ng isang tao, ng sinuman, na tutulong sa atin.

At dahil sa walang hanggang batas, ang awa ay hindi maipagkakaloob maliban kung may isang taong handa at kayang bayaran ang ating utang at tumbasan ang halaga at ayusin ang mga kasunduan para sa ikatutubos natin.

Maliban kung may tagapamagitan, maliban kung may kaibigan tayo, ang buong katarungan ay ipapataw sa atin. Ang buong kabayaran sa lahat ng kasalanan, gaano man kababaw o kalalim, ay sisingilin [kukunin] sa atin nang buung-buo.

Ngunit dapat natin itong malaman: Ang katotohanan, maluwalhating katotohanan, ay nagpapahayag na may isang Tagapamagitan. "Sapagka't may isang Dios at may isang Tagapamagitan sa Dios at sa mga tao, ang taong si Cristo Jesus" (I Kay Timoteo 2:5). Sa pamamagitan Niya lubos na maipagkakaloob ang awa sa bawat isa sa atin nang hindi sinasalungat ang walang hanggang batas ng katarungan.

Ang pagkakaloob ng awa ay hindi kusang nangyayari. Ito ay sa pamamagitan ng pakikipagtipan sa Kanya. Ayon ito sa Kanyang kasunduan, sa Kanyang bukas-palad na kasunduan, na kinabibilangan ng binyag, na talagang kailangan, sa pamamagitan ng paglulubog para sa kapatawaran ng ating mga kasalanan.

Ang buong sangkatauhan ay mapoprotektahan ng batas ng katarungan, at agad-agad ay mapagkakalooban ang bawat isa sa atin ng tumutubos at nagpapagaling na biyaya ng awa. ■

*Mula sa "The Mediator,"* Ensign, *Mayo 1977, 54–56.*

# Ang Pinili ni Niya



"Magiging tapat ako sa Ama sa Langit, sa iba, at sa aking sarili."

**Ang mga Pamantayan Ko sa Ebanghelyo**

**Ni Marcel Niyungi**

Batay sa tunay na buhay

Naglalaro si Niya sa harapan ng bahay nila nang tawagin siya sa loob ng kanyang tita. "Niya, puwede ka bang pumunta sa greengrocer's shop at bumili ng ilang carrot para sa hapunan?" pakiusap ng kanyang tita.

"Opo!" masayang sabi ni Niya. Gusto niyang magpunta sa tindahan, at tumulong sa kanyang tita.

Kinuha ni Niya ang perang ibinigay sa kanya ng kanyang tita at lumakad na papunta sa kalapit na tindahan.

"Kailangan kong bumili ng ilang carrot para sa hapunan," sabi ni Niya sa may-ari ng tindahan.

Inilagay ng may-ari ang mga carrot sa bag ni Niya at sinabi sa kanya kung magkano ito. Iniabot ni Niya ang pera sa may-ari.

"Heto ang sukli mo," sabi ng may-ari nang iabot sa kanya ang sukli.

Pinasalamatan ito ni Niya at naglakad na siya pauwi. Habang naglalakad, tiningnan niya ang perang ibinigay sa kanya ng may-ari ng tindahan. "Sobra ang sukli niya sa akin," naisip niya. "Akin na lang ang sobrang ito!"


Ngunit huminto sa paglakad si Niya. "Hindi magiging masaya ang Ama sa Langit sa akin kung itatago ko ang perang ito," naisip niya. "Kailangan kong maging tapat sa salita at gawa."


Bumalik si Niya sa tindahan. "Sobra po ang sukli ninyo," sabi niya sa may-ari ng tindahan nang iabot niya rito ang sobrang pera.

Kinuha ng may-ari ang pera. "Mabuti kang bata," wika nito. Pagkatapos ay nilagyan nito ng ilang mansanas ang bag at ibinigay ito kay Niya. "Salamat sa pagiging tapat mo. Pakidala mo ang mga mansanas na ito at kainin ninyo ng pamilya mo."

Masigla at masaya si Niya habang naglalakad pauwi. Alam niya na nasiyahan ang Ama sa Langit na pinili niyang maging tapat. ■

MGA PAGLALARAWAN NI MICHAEL PARKER






1

## SABADO


Anim na araw na lamang at sasapit na ang isang mahalagang pista-opisyal na tinatawag na Paskua. Maraming tao ang nagpupunta sa Jerusalem upang makapag-alay sila ng mga handog sa templo sa araw na iyon. Naglakad si Jesus papunta sa Betania, na isang kalapit na nayon ng Jerusalem. Lalagi Siya doon nang limang gabi kasama ang Kanyang mga kaibigan na sina Lazaro, Maria, at Marta. Pinahiran ni Maria ng langis ang Kanyang mga paa.
**Tingnan sa Juan 12:1–3.**



2

## LINGGO


Naglakad si Jesus mula Betania papuntang Jerusalem. Pumasok Siya sa lungsod sakay ng isang asno, tulad ng nakasaad sa isang talata sa Lumang Tipan na gagawin Niya ito. Kinilala Siya ng mga tao bilang kanilang hari, na sumisigaw ng "Hosana," at naglalatag ng mga dahon ng palma sa harapan ng asno upang hindi maalikabukan ang Tagapagligtas. Dinalaw ni Jesus ang templo at pagkatapos ay nagbalik sa Betania.
**Tingnan sa Zacarias 9:9; Mateo 21:1–11; Marcos 11:1–11.**



3

## LUNES

Nakita ni Jesus ang mga tao na bumibili at nagbebenta ng kung anu-ano sa templo. Dahil nais Niyang maging "bahay ng panalangin" ang templo," pinaalis Niya ang mga tao. Pagkatapos ay pinagaling Niya ang mga taong lumpo o bulag. Nagalit sa Kanya ang mapanibughong mga saserdote.
**Tingnan sa Mateo 21:12–17; Marcos 11:15–19.**




4

## MARTES

Tinuruan ni Jesus ang mga tao sa templo at sa kalapit na burol na tinatawag na Bundok ng mga Olivo. Binalak ng mga saserdote na patayin si Jesus. Isa sa Kanyang mga disipulo, si Judas Iscariote ang nakipagkasundong ibigay si Jesus sa kamay ng mga saserdote kapalit ng 30 baryang pilak.
**Tingnan sa Mateo 25:31–46; 26:14–16.**

# LINGGO NG PASKUA


Maaari kayong maghanda para sa Paskua sa pamamagitan ng pag-alam kung ano ang nangyari sa loob ng isang linggo bago ang Pagpapako sa Krus at Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo. Simula sa ikawalong araw bago sumapit ang Paskua, basahin ang mga pangyayari at mga talata ng banal na kasulatan para sa bawat araw.



5

## MIYERKULES

Hindi sinabi sa mga banal na kasulatan kung ano ang ginawa ni Jesus sa araw na ito. Maaaring ginugol Niya ang araw na ito kasama ang Kanyang mga disipulo. Mababasa ninyo ang talinghaga ng sampung dalaga, isang kuwentong itinuro ni Jesus sa Kanyang mga disipulo upang tulungan silang maghanda para sa Kanyang Ikalawang Pagparito.
**Tingnan sa Mateo 25:1–13.**



6

## HUWEBES


Naghanda ang mga disipulo ni Jesus para sa hapunan sa Paskua. Habang kumakain, sinabi ni Jesus sa mga disipulo na isa sa kanila ang magkakanulo sa Kanya. At upang tulungan silang maalaala Siya, ibinigay Niya sa kanila ang sacrament sa unang pagkakataon. Nagpunta si Jesus sa Halamanan ng Getsemani upang magdusa para sa ating mga kasalanan at manalangin sa Diyos. Dumating ang mga tao na may dalang mga tabak at inaresto Siya. Tumakbo ang mga disipulo palayo dahil sa takot.
**Tingnan sa Mateo 26:17–29, 36–56.**



7

## BIYERNES

Dinala si Jesus sa mataas na saserdoteng si Caifas. Ipinagkaila ng disipulong si Pedro na kilala niya si Jesus. Si Jesus ay nilitis ng gobernador na si Pilato, at ni Herodes. Siya ay hinatulang mamatay sa krus. Si Jesus ay ipinako sa krus. Si Jesus ay inihimlay ng mayamang lalaki na nagngangalang Jose sa kanyang libingan. Dinalaw ng ina ni Jesus na si Maria, at ni Maria Magdalena ang puntod.
**Tingnan sa Mateo 26:57–72; 27:1–2, 27–37; Lucas 23:44–46, 50–56.**



8

## SABADO

Nakahimlay ang katawan ni Jesus sa libingan. Isang malaking bato ang inilagay sa harap ng pinto. Hiniling ng masasamang saserdote kay Pilato na maglagay ng mga tanod sa labas ng puntod upang makatiyak na walang sinumang makapapasok doon.
**Tingnan sa Mateo 27:57–66.**



## LINGGO NG PAGKABUHAY

Si Jesus ay nabuhay na maguli! Nagbangon Siya mula sa libingan. Isang anghel ang bumaba mula sa langit at iginulong palayo ang bato. Sinabi ni Jesus sa Kanyang mga disipulo na turuan at binyagan ang iba at nangakong palaging mapapasakanila.
**Tingnan sa Mateo 28.**

LARAWANG KUHA NI MATTHEW REIER; ITAAS, MULA KALIWA: *LUMABAS SI JESUS PAPUNTANG BETANIA SA GABI,* NI JAMES TISSOT; *ANG MATAGUMPAY NA PAGPASOK NI CRISTO SA JERUSALEM,* NI HARRY ANDERSON © IRI; *PAGPAPAGALING SA LALAKING BULAG,* NI HARRY ANDERSON, SA KAGANDAHANG-LOOB NG PACIFIC PRESS PUBLISHING, INC., HINDI MAAARING KOPYAHIN; *ANG TINIG MULA SA LANGIT,* NI JAMES TISSOT; DETALYE MULA SA *LIMA SA KANILA ANG MATATALINO,* NI WALTER RANE, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM; *SI CRISTO SA GETSEMANI,* NI HARRY ANDERSON © IRI; DETALYE MULA SA *ANG PAGPAPAKO SA KRUS,* NI HARRY ANDERSON © IRI; *ANG LIBING NI CRISTO,* NI CARL HEINRICH BLOCH, GINAMIT NANG MAY PAHINTULOT NG NATIONAL HISTORIC MUSEUM AT FREDERIKSBORG SA HILLERØD, DENMARK, HINDI MAAARING KOPYAHIN; IBABA: *SIYA AY NAGBANGON,* NI DEL PARSON

# Gawang-Sining ng mga Bata mula sa Iba't Ibang Dako ng Mundo

*Mga lahok mula sa international children's art exhibit tungkol sa temang "Pinagpapala ng Ebanghelyo ang Aking Buhay."*

Abangan ang iba pang mga gawang-sining mula sa exhibit sa darating na mga isyu sa Ating Pahina. Tingnan ang iba pang mga lahok sa www.liahona.lds.org.



Andreza A., edad 10, Brazil



Dasha K., edad 11, Ukraine



Zeniff F., edad 9, Mexico



Daniel S., edad 5, France



Chung-chi, edad 6, Taiwan



Beth B., edad 5, Canada



Karen L., edad 6, Bolivia



Carolina A., edad 7, Peru



Nathalie S., edad 9, Guatemala



Leonardo T., edad 8, Chile



Sara R., edad 9, Argentina



Addison O., edad 10, Vietnam



Fatima B., edad 5, Peru



Lee W., edad 9, Poland




Alina S., edad 8, Ukraine




Vanessa G., edad 11, Mexico



Guen R., edad 12, Pilipinas





Lee J., edad 11, Tahiti


Erdenejargaliin O., edad 8, Mongolia



Amanda G., edad 12, Ecuador


Martina F., edad 11, Argentina


Adriana B., edad 10, Ecuador


José V., edad 5, Peru

Natatanging Saksi



Ibinahagi ni Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol ang ilan sa kanyang mga ideya tungkol sa paksang ito.

# Paano ako **mananatiling ligtas** mula sa masasamang bagay sa mundo?

*Mula sa "Paano Mamuhay nang Maayos sa Gitna ng Tumitinding Kasamaan,"* Liahona, *Mayo 2004, 100–102.*



PAGLALARAWAN NI BRYAN BEACH

Hangarin at pakinggan ang personal na patnubay na hatid sa inyo ng Banal na Espiritu.

Inihanda ng Ama sa Langit ang mga banal na kasulatan at naglaan ng patuloy na banal na patnubay upang tulungan tayo. Ang tulong na iyon ang titiyak na mabubuhay kayo nang mapayapa at maligaya sa gitna ng nag-iibayong kasamaan.

Bagama't mukhang mahirap ang buhay ngayon, mahigpit na humawak sa gabay na bakal ng katotohanan. Umuunlad kayo nang higit kaysa akala ninyo.

Sa patuloy na pagtuon ng puso't isipan ninyo sa Panginoon, tutulungan Niya kayong mabuhay nang makabuluhan at masagana anuman ang mangyari sa inyong paligid.

Mabubuhay kayo nang matwid, sagana, mabuti, sa pamamagitan ng pagsunod sa plano ng pangangalagang nilikha ng inyong Ama sa Langit: ang Kanyang plano ng kaligayahan.

DALHIN SA TAHANAN ANG TURO SA PRIMARY

*Magagamit ninyo ang aralin at aktibidad na ito upang marami pang matutuhan tungkol sa tema ng Primary sa buwang ito.*

# Si Jesucristo ang Aking Tagapagligtas at Manunubos

**Nina Ana Maria Coburn at Cristina Franco**

*"Naniniwala kami na sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo, ang buong sangkatauhan ay maaaring maligtas, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas at ordenansa ng Ebanghelyo" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3).*


Ano ang handa ninyong ibigay para sa isang taong mahal na mahal ninyo? Mahal na mahal tayo ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo kaya Niya ibinuwis ang Kanyang buhay para sa atin.

Alam ng Ama sa Langit na kung magkakasala tayo at magkakamali, hindi na tayo muling makababalik sa Kanyang piling. Kaya't ang Kanyang Anak na si Jesucristo ay nagmungkahing maging ating Tagapagligtas. Siya ang pinili ng Ama sa Langit na magligtas sa atin dahil Siya lamang ang maaaring mabuhay nang hindi nagkakasala.

Si Jesus ay nagdusa at namatay upang iligtas tayo mula sa kamatayan at sa ating mga kasalanan. Ang gawaing ito ng pagmamahal ay tinatawag na Pagbabayad-sala. Dahil sa Pagbabayad-sala, maaari nating pagsisihan ang ating mga kasalanan, mapatawad, at maging malinis at dalisay na tulad ni Jesus.

Si Jesus ay ipinako sa krus at namatay, ngunit pagkalipas ng tatlong araw Siya ay nabuhay na mag-uli. Siya ay muling nabuhay! Dahil Siya ay nabuhay na mag-uli, tayo rin ay mabubuhay na mag-uli. Ibig sabihin ang ating katawan at espiritu ay muling magsasama magpakailanman.


Tunay na si Jesucristo ang ating Tagapagligtas at Manunubos. Siya ang perpektong halimbawa sa ating lahat. Tinuruan Niya tayo kung paano pakitunguhan nang buong kabaitan ang isa't isa. Tinuruan Niya tayo kung paano paglingkuran ang isa't isa. Tinuruan Niya tayo kung paano maging mas mabuting tao. Hindi tayo makapamumuhay nang perpekto na tulad ng ginawa Niya, ngunit makababalik tayo upang makapiling si Jesus at ang Ama sa Langit sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kautusan at paggawa ng lahat sa abot ng ating makakaya. Kailangan nating sundin si Jesucristo bawat araw. ■



## AKTIBIDAD

Ikonekta ang mga tuldok upang makumpleto o mabuo ang larawan ni Maria na nasa tabi ng libingang walang laman. Pagkatapos ay kulayan ang larawan. Kapag tinitingnan ninyo ang larawan, maaalala ninyo na si Jesucristo ang ating Tagapagligtas at Manunubos.

KALIWA: PAGLALARAWAN NI PAUL MANN © 1991 IRI; KANAN: PAGLALARAWAN NI BETH M. WHITTAKER


1
2
3
4
5
6
7
8
9
10
11
12
13
14
15
16
17
18
19
20
21
22
23
24
25
26
27
28
29
30
31
32
33
34
35
36
37
38
39
40
41
42
43
44
45
46
47
48
49
50
51
52
53
54
55
56
57
58
59
60
61
62
63
64
65
66
67
68
69
70
71
72
73
74
75
76
77
78
79




# Masaya sa Tahanan

**Ni Chad E. Phares**
Mga Magasin ng Simbahan

Sina Buntha at Neath ay magkapatid na naninirahan sa Siem Reap, Cambodia.

Nang maging walong taong gulang si Buntha, nagpasiya siyang magpabinyag. Kapag naging walong taong gulang si Neath, bibinyagan din siya. "Gusto kong matanggap ang Espiritu Santo," sabi niya.

Mahalaga kina Buntha at Neath ang maglingkod sa kapwa. Gustong maging misyonero ni Buntha paglaki niya. Hindi makapaghintay si Neath na maging "lolang misyonera," isang senior missionary. ■





Palaging magkasama sina **Buntha at Neath**. Sinisikap nilang maging mabait sa isa't isa at sa kanilang pamilya.

MGA LARAWANG KUHA NI CHAD E. PHARES




Binibisita ng mga tao mula sa iba't ibang dako ng mundo ang kanilang mga lumang gusali sa lungsod, ngunit masayang-masaya sina **Buntha at Neath** na mamalagi sa kanilang tahanan at sa piling ng kanilang pamilya.



May espesyal na lugar sina **Buntha at Neath** sa labas ng bahay nila kung saan sila nauupo at nagbabasa ng mga banal na kasulatan, gumagawa ng kanilang homework, at nagbabasa ng *Liahona.* Gustung-gustong binabasa nina Buntha at Neath ang kanilang mga banal na kasulatan. Sinisikap nilang basahin ang mga banal na kasulatan araw-araw. Gustung-gustong binabasa ni Neath ang tungkol sa panaginip ni Lehi. Gustung-gusto namang basahin ni Buntha ang tungkol kay Nephi.





Gustung-gustong maglaro ni **Neath** ng mga holen. Gustung-gustong maglaro ni **Buntha** ng football gamit ang anumang bolang makita niya.

# Bihis na Bihis

**Ni Kaare Revill**

Batay sa tunay na buhay

*"Kayo'y mga anak ng Panginoon ninyong Diyos" (Deuteronomio 14:1).*

**1.** Gusto nang magbihis ni Elise. Isinuot niya ang mga sapatos ni Tatay at naglagay ng ilong na kulay pula.

**2.** Patakbong bumalik sa kanyang kuwarto si Elise. Nagsuot siya ng dilaw na sombrerong pang-karpintero at humablot ng isang plastik na martilyo.

**3.** Minartilyo ni Elise ang sahig bago siya patak-bong bumalik sa kanyang kuwarto.







MGA PAGLALARAWAN NI SCOTT PECK

## LAHAT TAYO AY ANAK NG DIYOS

Saanman tayo nakatira o anuman ang hitsura natin, lahat tayo ay anak ng Diyos. Tingnan ang mga bata sa mga bilog sa itaas at tingnan kung makikita mo sila sa mapa. Bilugan ang bawat batang makita mo.

### MGA TULONG PARA SA MGA MAGULANG

Pag-usapan ang ilan sa mga pisikal na katangian o pag-uugali ng anak ninyo. Ano ang naiiba sa kanya? Ipaliwanag na nilikha tayong lahat ng Ama sa Langit na magkakaiba ngunit lahat tayo ay anak Niya. Tulungan ang inyong anak na matukoy ang mga kakaibang katangian ng bawat bata sa mapa.





MGA PAGLALARAWAN NI ADAM KOFORD

# **Mga Balita** sa Simbahan

## Binigyang-diin sa **Pagsasanay sa Hanbuk** ang Gawain ng Kaligtasan

**Ni Adam C. Olson**
Mga Magasin ng Simbahan

Sa pandaigdigang pagsasanay sa pamumuno noong Pebrero 2011, tinuruan ng mga miyembro ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol ang mga kalahok kung paano mas epektibong gamitin ang mga bagong hanbuk. Ang pulong ay follow-up o pagsubaybay sa pandaigdigang pagsasanay sa pamumuno noong Nobyembre 2010 kung saan inilunsad ang mga hanbuk.

Binigyang-diin ng mga tagapagsalita kung paano gamitin ang mga hanbuk sa mas inspiradong paraan, ang kahalagahan ng pag-unawa sa saligang doktrina ng mga bagong hanbuk, paano ang gagawing pag-aakma sa mga programa ng Simbahan, paano iaakma ang mga pagbabago sa mga hanbuk para maisagawa ang kaligtasan, at ang papel ng kababaihan sa mga council.

Nakilahok sa brodkast sina Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan; sina Elder Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, at Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol; sina Elder Craig C. Christensen; Bruce D. Porter at W. Craig Zwick ng Pitumpu; at ang mga pangkalahatang pangulo ng mga auxiliary.

### Mas Inspiradong Paggamit ng mga Hanbuk

Tinawag ang pulong na "ikalawang pagkakataon upang tuklasin kung paanong mas epektibong gamitin ang hanbuk," hinikayat ni Pangulong Eyring ang mga lider na dagdagan ang kakayahan nilang tumanggap ng paghahayag.



*"Ang handbuk ay magiging yaman ninyo kapag ginamit ninyo ito upang maakay ang iba na piliin ang landas tungo sa buhay na walang hanggan. Iyan ang layunin nito."*

**Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan**

"Sa pamamagitan lamang ng Espiritu ninyo malalaman kung paano isasagawa ang nababasa ninyo sa hanbuk," sabi niya. ". . . Tila hindi praktikal na asahan o asamin ninyo ang pagdaloy ng paghahayag na kailangan ninyo sa pang-arawaraw ninyong paglilingkod. Hindi ito darating nang walang pananampalataya at pagsisikap, ngunit posible ito."

Nangako si Pangulong Eyring na kapag nagsikap at nagdasal ang mga lider na "maunawaan at masunod ang mga salita ng buhay" na ibinigay sa kanila, tutulungan sila ng Panginoon na maglingkod at mamuno nang higit sa sarili nilang kakayahan.

### Saligang Doktrina ng mga Hanbuk

"Ang hanbuk ay batay sa doktrina," sabi ni Elder Oaks, "at mas maikli ito kaysa naunang hanbuk dahil sa maraming paksa ay hindi ito bumanggit ng mga tuntunin o nagbigay ng mga tagubilin. Sa halip, nagbigay ito ng mga alituntuning magagamit ng mga inspiradong lider . . . ayon sa sitwasyon sa kanilang lugar."

Binalaan nina Elder Bednar at Elder Christofferson ang mga lider na huwag lagpasan ang mga panimulang kabanata ng *Handbook 2* para mabasa na ang mga patakaran sa kasunod na mga kabanata. Nakasaad sa naunang mga kabanata ang saligang doktrina para maunawaan at maisagawa ang kasunod na mga alituntunin at patakaran.

Sinabi ni Elder Bednar na para "mabatay sa alituntunin [ang mga hanbuk], at mas kaunti ang pagpapaliwanag tungkol sa aplikasyon nito, ay mas mahirap at mahigpit na pangangailangang espirituwal para sa ating lahat."

### Mga Alituntunin ng Pag-aakma

"Tungkol sa doktrina, mga tipan, at mga patakarang itinakda ng Unang Panguluhan at ng Labindalawa, hindi tayo lumilihis sa hanbuk," sabi ni Elder Nelson. "Tinutulutang iakma ang ilang

mga aktibidad para matugunan ang mga sitwasyon sa lugar."

Ayon kay Elder Porter, isinama ang kabanata 17, "Uniformity and Adaptation," upang tulungan ang mga lokal na lider na sundin ang Espiritu at magpasiya kung kailan angkop na iakma ang ilang programa. Ipinaliwanag sa kabanata ang hindi maaaring baguhin at nagbigay ng limang kundisyon para makapag-akma: mga sitwasyon ng pamilya, limitadong transportasyon at komunikasyon, maliliit na korum o klase, kakulangan ng sapat na bilang ng mga lider, at mga kundisyon ng seguridad.

"Hindi pinahihina ng angkop na mga pag-aakma ang Simbahan; pinatatatag ito ng mga ito," sabi ni Elder Porter sa isang mensaheng binasa ni Elder W. Craig Zwick ng Pitumpu. Sa paggawa ng mga inspiradong adaptasyon o pag-aakma, hindi dapat madama ng mga lokal na lider na pinabababa nila ang kalidad ng programa sa kung ano ang nararapat. "Bawat yunit ng Simbahan ay may akses sa mga doktrina, mga ordenansa, kapangyarihan ng priesthood, at mga kaloob ng Espiritu na kailangan para sa kaligtasan at kadakilaan ng mga anak ng Diyos," pagsulat ni Elder Porter.

## Ang Gawain ng Kaligtasan

Ang mga pagbabagong ginawa sa buong *Handbook 2* ay nilayon upang isulong ang gawain ng kaligtasan. Sabi ni Pangulong Eyring: "Ang hanbuk ay magiging yaman ninyo kapag ginamit ninyo ito upang tulungan kayong akayin ang iba na piliin ang landas tungo sa buhay na walang hanggan. Iyan ang layunin nito."

Sa kabanata 5 ay partikular na pinagsama sa ilalim ng pamagat na "The Work of Salvation in the Ward and Stake" ang ilang paksang dati-rati ay magkakahiwalay, kabilang na ang gawaing misyonero ng miyembro, pananatiling aktibo ng mga nabinyagan, pagpapaaktibo, gawain sa templo at family history, at pagtuturo ng ebanghelyo.

"Sinabi ni Pablo na dito, sa dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon, lahat ng bagay ay pag-iisahin kay Cristo," sabi ni Elder Bednar (tingnan sa Mga Taga Efeso 1:10). "May isang gawain."

Halimbawa, ang itinuturing dati ng ilan na magkakahiwalay na misyon ng Simbahan ay "iisang gawain sa iba't ibang larangan," sabi niya. Ang gawaing misyonero ay pagpapahayag ng ebanghelyo at pag-anyaya sa iba na tanggapin ang mga sagradong ordenansa at makipagtipan. Ang pagpapasakdal sa mga Banal—kabilang na ang pananatiling aktibo, pagpapaaktibo, at pagtuturo—ay gawain ng pag-anyaya sa mga tao na igalang ang mga ordenansa at tipan. Ang pagtubos sa mga patay sa pamamagitan ng family history at gawain sa templo ay nagbibigay ng pagkakataon na matanggap ang mga ordenansa at makipagtipan sa mga pumanaw na.



LARAWANG KUHA NI CRAIG DIMOND, © IRI

***Sa gawain ng kaligtasan, dapat isaalang-alang ng mga lider ng priesthood ang kasunod na mga ordenansang kailangan ng isang tao at kung paano tutulong sa paghahandang iyon.***

Sinabi ni Elder Holland na karaniwan, ang mga pagbabago sa hanbuk ay humahantong sa pagkaunawa na hindi lamang kasama ang mga lider ng korum at auxiliary sa ward council para isipin ang sarili nilang mga miyembro sa korum at auxiliary, kundi magkakatuwang sila sa responsibilidad ukol sa espirituwal na kapakanan ng lahat ng miyembro.

Nilinaw ni Elder Cook kung paano nakakatulong ang ilang pagbabago sa patakaran sa *Handbook 2* sa gawain ng kaligtasan.

Binigyang-diin niya ang kahalagahan ng mga pangangailangan sa mga bishop at ward council meeting ngayong wala nang welfare meeting. Ipinaliwanag niya ang karagdagang papel ng mga lider ng Melchizedek Priesthood sa pagpapayo sa mga miyembro ng korum. Nilinaw pa niya ang mga pagbabagong nagpapahintulot sa mga amang hindi lubos na marapat sa templo na makilahok sa mga ordenansa at pagbabasbas ng mga miyembro ng pamilya sa ilang sitwasyon.

"Hindi tayo nagpapatakbo ng mga programa

# GINAMIT NG MGA AUXILIARY PANEL ANG BAGONG TRAINING LIBRARY

Sa pandaigdigang pagsasanay sa pamumuno noong Pebrero 2011, nakilahok ang mga pangkalahatang pangulo ng mga auxiliary ng Simbahan sa isang serye ng mga panel discussion na gumamit ng mga halimbawang kinuha sa bagong online training resource.

Ang Leadership Training Library ay koleksyon ng mga halimbawa mula sa tunay na buhay ng mga lider na naglilingkod sa buong mundo na huwaran ng mga alituntuning nakasaad sa *Handbook 2.* Kinunan sa Brazil, England, Guatemala, at Korea, ang mga video ay kasalukuyang isinasalin at makikita online para magamit kalaunan sa 2011.

Gamit ang mga video na ito, tinalakay ng mga auxiliary general president, sa pamamahala nina Elders Robert D. Hales at Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol at Elder Craig C. Christensen ng Pitumpu, ang tatlong mahahalagang alituntuning matatagpuan sa *Handbook 2.*

## 1. Maghanda sa Espirituwal

"Kamangha-mangha kung paano naghahanap at naghihintay ang Panginoon ng mga paraan para mabiyayaan tayo," paliwanag ni Rosemary Wixom, Primary general president, matapos panoorin ang isang halimbawa kung paano taimtim na humiling at tumanggap ng inspirasyon ang isang lider ng Relief Society mula sa South Korea nang magplano siya ng isang pulong.

Sabi ni Elder Andersen, habang kausap sina Julie B. Beck, Relief Society general president, at Sister Wixom, "Espirituwal na gawain ito; hindi natin ito magagawa nang walang tulong ng Panginoon." Tinalakay ng mga miyembro ng panel kung paanong sa espirituwal na paghahanda ay nakapagtutuon ang mga lider sa mga tao, nagpaplano ng mga aktibidad, aralin, at asaynment para matugunan ang kanilang mga pangangailangan. "Laganap sa atin ang paghahayag," pagpapatotoo ni Elder Andersen.

## 2. Lumahok sa mga Council

Isang kuwentong batay sa tunay na buhay ng mga miyembro ng ward council sa Guatemala na nagtutulungan para matagumpay na mapabalik sa pagiging aktibo ang isang pamilya sa Simbahan ang nagbigay ng pagkakataon kay Elder Christensen na pangunahan ang talakayan tungkol sa pagtutulungan sa mga council kasama ang lahat ng limang auxiliary president: sina Sister Beck; Sister Wixom; Russell T. Osguthorpe, Sunday School general president; Elaine S. Dalton, Young Women general president; at David L. Beck, Young Men general president.

Tinalakay ng panel kung paano makakatulong ang sama-samang pagsisikap ng mga miyembro ng council sa pag-unlad ng mga miyembro, paano mababawasan ng aktibong mga miyembro ng council ang pasanin ng bishop, at paano dapat pakinggan, ibahagi, at hangarin ng mga lider at miyembro ang kalooban ng Panginoon hinggil sa mga miyembro ng ward.

## 3. Maglingkod sa Iba

Ang ikatlong video ay nakatuon sa isang binata sa England na nagsisikap na manatiling lubos na aktibo sa Simbahan. Tinukoy ng panel, na pinamunuan ni Elder Hales at kasama sina Brother Osguthorpe, Brother Beck, at Sister Dalton, ang kahalagahan ng pakikipagtulungan ng mga lider sa mga magulang, sa mga council ng Simbahan, at mga kabataan.

"Upang magawa ninyo ang napanood ninyo ngayon," pagtatapos ni Elder Hales, "pag-usapan ninyo [ang mga halimbawa sa video] at talakayin ang mga ito. Idulog ito sa Panginoon . . . gagabayan kayo at tuturuan kung paano kayo makakatulong upang mapatatag at maisakatuparan ang kailangan ninyong gawin sa mga tungkuling ibinigay sa inyo." ■

o namamahala ng isang organisasyon," sabi ni Elder Bednar. "Kailangan iyan, pero hindi iyan ang pinakamahalaga. Ito ang gawain ng kaligtasan. At kapag sinimulan nating isipin ang mga ordenansa at tipan, at saka angkop na itatanong ng mga lider ng priesthood, ano ang susunod na ordenansang kailangan sa buhay ng tao o pamilyang ito, at paano tayo makakatulong sa paghahandang iyan?"

## Kababaihan sa Council

Nagpahayag ng pag-aalala si Elder Scott na sa ilang lugar, pinalalampas ng mga lider ang mga pagkakataong isama ang kababaihan sa pagpupulong. "Kapag [ang kababaihan] ay maaaring hikayating makibahagi nang malaya sa mga ward council meeting, laging nakakatulong at nagbibigay-inspirasyon ang kanilang mga ideya," sabi niya.

## MARAMI PANG IBA ONLINE

Hanapin ang audio, video, at teksto ng dalawang brodkast ng pandaigdigang pagsasanay sa pamumuno sa lds.org/menu/service/serving-in-the-church.

Ang *Handbook 2* ay matatagpuan online sa lds.org/handbook/handbook-2-administering-the-church. Ang bagong Leadership Training Library ay makikita sa bahaging Serving in the Church ng lds.org sa kalagitnaan ng 2011.



LARAWANG KUHA NI CRAIG DIMOND

***Sinabi ng mga lider ng Simbahan na dapat tulutan kapwa ang kalalakihan at kababaihan na malayang ipahayag ang kanilang mga ideya sa mga pulong sa pamumuno.***

Makahihikayat ng partisipasyon ang mga lider sa pamamagitan ng pagtawag sa kababaihan sa pangalan at pasasalamat sa mga ideya at rekomendasyong alay nila, paliwanag ni Elder Scott.

"Ang katumbas na pagpapalang dumarating sa tahanan ng mga lider ng priesthood" na sumusunod sa mga tagubiling ito ay na "maaaring mas pahalagahan ng mga lalaking ito ang sagradong tungkulin ng kanilang asawa sa sarili nilang tahanan," dagdag pa niya.

Itinuro niya ang kahalagahan ng paghahangad na magkaisa ang mga miyembro ng council. Kapag nadama iyan, maaari itong matukoy ng isang lider at humiling ng pagsang-ayon. Sa mga pagkakataon na hindi nagkakaisa ang mga miyembro, dapat hingin ng mga lider ang payo ng bawat miyembro ng ward council, pasalamatan ang mga ideyang ibinahagi, gumawa ng desisyon, at hingin ang nagkakaisang suporta ng mga miyembro ng council sa desisyong iyan. Binigyang-diin ni Elder Scott ang kahalagahan ng kumpidensyalidad ng mga bagay na pinag-usapan sa ward council.

### Inaasahang mga Resulta

Tinapos ni Elder Nelson ang pagsasanay sa pagpapahayag ng tatlong pag-asa: na sa pagpapasimple ay mas epektibong magagamit ang oras at kabuhayan ng mga miyembro, na mag-ibayo ang kapangyarihan ng priesthood sa bawat maytaglay ng priesthood upang mapagpala ang bawat tao at bawat pamilya sa Simbahan, at higit na makadama ng katapatan at pagkadisipulo ang bawat miyembro. ■



## Nilikha ni Elder Perry ang Unang Stake sa Guam

Bumisita si Elder L. Tom Perry ng Korum ng Labindalawang Apostol sa Guam noong Disyembre 2010 upang likhain ang Barrigada Guam Stake, ang unang stake sa teritoryo ng Guam. Habang naroon, binisita rin ni Elder Perry, na naglingkod sa United States Marine Corps sa lugar na iyon noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang Pacific War Museum at ang katabing isla ng Saipan. May 1,971 mga miyembro ng Simbahan na naninirahan sa Guam. Ang teritoryo ng Guam ay bahagi ng Asia North Area ng Simbahan.

## Nanggamot ng Kolera ang mga Doktor na LDS sa Papua New Guinea

Ilang doktor na LDS mula sa Australia ang nag-ukol ng oras sa panggagamot sa mga biktima ng kolera sa mga liblib na nayon ng hilagang kanlurang Papua New Guinea noong huling bahagi ng 2010.

Daan-daang pasyente ang ginamot ng mga doktor, maliban sa isang lalaking ilang sandali na lamang ay mamamatay na pagdating nito sa ospital at ang iba pang hindi na sana tatagal nang 24 na oras kung hindi gagamutin.

Nagpuntahan ang mga tao sa mga doktor sa pamamagitan ng bus at bangka. Sinabi nina David Williams ng Brisbane at Anthony Mahler ng Cairns na sa loob ng isang araw pagdating nila sa nayon ng Sogere, mahigit 200 kaso ng kolera ang nagamot nila. Hinggil sa buong karanasan, sabi ni Dr. Mahler, "[Ito] ang pinakamatagumpay na karanasan ko sa panggagamot sa buong buhay ko," sa kabila ng mahirap at nakakapagod na gawain.

Bukod sa pagpapadala ng mga doktor, nagbigay ang Simbahan ng mga relief supply, kabilang na ang medical aid at mga water purifier. Nagpadala rin ng pagkain at sabon sa mga lugar na may krisis mula sa Simbahan sa Port Moresby, at mga personal hygiene kit mula sa Port Moresby at Brisbane. Nagpunta sa Papua New Guinea ang isang mag-asawang missionary na dalubhasa sa pagpapalinis ng tubig upang tumulong sa pagkakawanggawa.

## Inilunsad sa DVD ang Tema ng Mutwal para sa 2011

Noong Enero, sinimulang ipamahagi ng Simbahan ang 2011 Strength of Youth DVD, *We Believe,* sa mga yunit ng Simbahan sa buong mundo upang magamit sa pagsuporta sa tema ng Mutwal para sa 2011.

Ang DVD ay puno ng multimedia na ginawa upang tulungan ang mga kabataan na gawing sentro ng kanilang buhay ang temang Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13. Tampok sa mga yugto si Pangulong Thomas S. Monson, ang mga Young Men at Young Women general president, musika, mga patotoo ng mga kabataan, at marami pang iba.

### Tumatanggap ng mga Entry ang Simbahan para sa Ninth International Art Competition

Ang Church History Museum ay gagawa ng mga registration form para sa Ninth International Art Competition ng Simbahan na makukuha online sa Abril 4, 2011. Ang mga entry para sa paligsahan ay dapat isumite online o matatakan ng koreo bago sumapit ang Oktubre 7, 2011. Ang tema ng darating na paligsahan ay "Ipaalam ang Kanyang mga Kamangha-manghang Gawa" (D at T 65:4). Para sa iba pang impormasyon sa Ingles o para makita ang piling sining mula sa nakaraang mga paligsahan, bisitahin ang lds.org/churchhistory/museum/competition.

### Isinasagawa na Ngayon ang mga Kuwento sa Bagong Tipan

Bilang suporta sa kurikulum ng Bagong Tipan sa 2011, ginawa nang animated ang mga video mula sa aklat na *Mga Kuwento sa Bagong Tipan* gamit ang pamamaraang tinatawag na parallax. Ang 65 video ay makukuha sa Ingles gayundin ang mga audio MP3 recording para sa bawat video sa 11 wika sa LDS.org. Ang mga parallax video ay makukuha sa bawat wika sa taong 2011. Hanapin ang mga video sa scripturestories.lds.org at piliin ang **New Testament Stories.**

### Nangakong Magiging Tapat sa Tungkulin sa Diyos ang mga Binatilyo sa Bangalore

Mahigit 30 binatilyo mula sa Bangalore India District ang nagtipon sa kaburulan ng Kanakapura upang matutuhan ang bagong programa ng Tungkulin sa Diyos at matuto ng mga espirituwal na aral mula sa mahihirap na pisikal na aktibidad. Gumamit ng lubid at kalo [pulley] ang mga binatilyo para tawirin ang isang munting lawa. Sumali sila sa takbuhan sa umaga, umakyat ng bundok, at natutong magrappel. Natapos ang aktibidad sa isang pulong-patotoo. ■

Karamihan sa nilalaman ay binubuo ng mga patotoo at nakagaganyak na mga karanasan ng mga kabataan.

Ang musika, mga mensahe, at mga patotoo ay magagamit upang mapagyaman ang mga klase, pulong, at aktibidad ng mga kabataan sa buong taon.

Lahat ng materyal ay makukuha online sa youth.lds.org para i-download.

Kasama rin sa DVD ang pagsasalin sa sumusunod na mga wika: Aleman, Chinese, Espanyol, Ingles, Italyano, Hapon, Koreano, Portuges, Pranses, at Russian. ■




***Tingnan at pakinggan ang pagsasabuhay ng klasikong mga kuwento sa Bagong Tipan sa maningning na kulay at pagsasalaysay sa scripturestories.lds.org.***

### UPDATE

Nakasaad sa Enero 2011 *Liahona* na mga misyonerong taga ibang bayan ang naglilingkod sa Ivory Coast (tingnan sa Samuel Gould, "Sa Presensya ng mga Anghel," 50). Matapos ilimbag ang isyu nagbago ang mga sitwasyon doon, at inilipat ng destino ang mga misyonerong hindi tagaroon. Mahigpit na binabantayan ng Simbahan ang mga sitwasyong pampulitika saanman maglingkod ang mga misyonero at inaalis ang mga misyonero kapag kailangan. Ibinabalik lamang ang mga misyonero kapag natiyak na ligtas nang muli ang lugar.

## KOMENTARYO

### Pinagagaan Niya ang Ating mga Pasanin

Gustung-gusto ko ang magasing ito at lahat ng nilalaman nito. Gustung-gusto ko ang mga artikulo ng mga General Authority, lalo na ang mga mensahe sa kumperensya. Tinuturuan tayo nito at hinihikayat tayong sumulong, sa kabila ng ating mga pagsubok.

Ako ay 26 na taon nang miyembro ng Simbahan, at nabasa ko ang bawat isyu ng *Liahona.* Madalas kong basahin ang mga nakaraang isyu, at ang isang artikulong gustung-gusto ko ay "Ang Magiliw na Awa ng Panginoon," ni Elder David A. Bednar (Mayo 2005, 99). Tinutulungan ako nitong maalala kung gaano kadalas mamagitan ang Ama sa Langit dahil sa Kanyang magiliw na awa at pinagagaan ang ating mabibigat na pasanin.

**Iolanda Valenti, Italy**

### Ang mga Turo ay Nagmumula sa Panginoon

Nagpapasalamat ako buwanbuwan na matanggap ang mga salita ng mga buhay na propeta. Alam ko na ang kanilang mga turo ay nagmumula sa Panginoon at pagpapalain ang aking buhay kung ipamumuhay ko ang mga ito. Ang pagbabasa ng mga karanasan ng mga Banal sa buong mundo ay nagpapalakas ng aking pananampalataya at patotoo dahil nalalaman ko ang ginagawa ng iba para matiis ang kanilang mga pasanin.

**Byron David Calderon Mosquera, Ecuador**

*Mangyaring ipadala ang inyong feedback o mga mungkahi sa liahona@ldschurch.org. Ang mga isinumite ay maaaring i-edit para umakma ang haba o mas luminaw pa.* ■

## MGA IDEYA PARA SA **FAMILY HOME EVENING**

*Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na maaaring gamitin para sa family home evening. Narito ang ilang halimbawa.*

**"Na Lagi Siyang Alalahanin," pahina 20:** Isaalang-alang na talakayin bilang pamilya ang payo ni Elder Christofferson na "Makapagsisimula tayo sa pamamagitan ng pag-aalis ng lahat ng bagay sa ating buhay at pagkatapos ay pagsama-samahin itong muli ayon sa tamang prayoridad na nasa sentro ang Tagapagligtas." Isaalang-alang na talakayin ang ilan sa mga pagpapalang binanggit ni Elder Christofferson na darating kapag ating "laging aalalahanin ang Tagapagligtas."

**"Kapangyarihan ng Banal na Kasulatan," pahina 52:** Matapos basahin nang sama-sama ang artikulong ito, anyayahan ang mga miyembro ng pamilya na ibahagi ang kanilang damdamin tungkol sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan at pagdalo sa seminary. Anyayahan silang isulat sa kanilang journal ang kanilang patotoo tungkol sa kapangyarihan ng mga banal na kasulatan. Hikayatin ang inyong mga anak na pag-aralan at isaulo ang mga talata sa scripture-mastery.

**"Ang Tagapamagitan na si Jesucristo," pahina 56:** Habang samasama ninyong binabasa ang artikulo, anyayahan ang inyong pamilya na pakinggan ang kahagalahan ng isang tagapamagitan. Tanungin sila kung ano sana ang nangyari kung hindi tinulungan ng tagapamagitan ang lalaking may utang. Maaari din ninyong basahin ang mga banal na kasulatan tungkol sa Tagapagligtas at talakayin kung paano Siya naging ating tagapamagitan. Isiping basahin ang 2 Nephi 2:27–28 at Alma 42:24–25.



**"Bihis na Bihis," pahina 70:** Isiping anyayahan ang mga miyembro ng pamilya na magsuot ng costume o magkunwaring ibang tao. Bigyan ng pagkakataon ang bawat isa na ibahagi kung sino sila. Pagkatapos basahin ang kuwento, ipaliwanag na anumang tauhan ang ating gampanan, mga anak pa rin tayo ng Diyos.

### Masasayang Sandali at Walang Hanggang mga Ugnayan

Noong maliliit pa ang mga anak ko, mahilig silang maglaro pagkatapos ng family home evening. Isa sa mga paborito nila, ang "Trunky the Elephant," ay isinunod sa isang awiting natutuhan ng aming anak na si Jocelyn sa eskuwela. Pagkatapos naming kantahing lahat ang awitin, ako na si Trunky at pinapasan ko ang mga bata sa likod ko. Una, ang dalawang-taong-gulang kong anak na si Jorge; tapos, ang apat-na-taong-gulang kong anak na si Jocelyn; at sa huli ay ang asawa kong si Elizabeth, ang sumasakay. Pasan ang tatlo sa likod ko, ililibot ko sila sa sala. Napakasaya namin.

Makalipas ang ilang taon, kapwa na naghihintay ng mission call ang mga anak ko. Sa isang family home evening, naalala nila ang "Trunky the Elephant." Sama-sama naming kinanta ang awitin; pagkatapos matigil nang maraming taon, muli akong naging elepante. Una ang anak kong lalaki, tapos ang anak kong babae, at sa huli ay ang kanilang ina ang sumakay sa likod ko. Napadapa na lang ako sa sahig, at nagtawanan kaming lahat sa huli.

Dahil sa alaala ng sandaling iyon nagpapasalamat kami na naturuan tayo ng mga propeta tungkol sa family home evening. Nalaman namin na gaano man kasimple ang mga family home evening natin, ang pinakamahalaga ay may masasaya tayong sandali sa piling ng ating pamilya, mga sandaling nagpapatibay sa ating mga walang hanggang ugnayan. ■

**Víctor G. Chauca Rivera**

# KORONANG TINIK, KORONA NG TAGUMPAY


**Ni Larry Hiller**
Mga Magasin ng Simbahan

Buwan ng Agosto sa Banal na Lupain. Napapalibutan kami ng mga labi ng Capernaum na nasisikatan ng araw sa hapon. Napakagandang pagmasdan nito, ngunit ang aming tour guide at ang insektong cicada na nasa di kalayuan ay kapwa lumilikha ng ingay, at maraming pumasok sa aking isipan.

Maya-maya pa ay natuong muli ang aking pansin nang ituro ng tour guide ang puno na aming sinisilungan at sinabi nang parang walang anuman "Ang tawag nila sa punong iyan ay puno ng 'koronang tinik'." Tiningnan ko ang madahon na mga sanga. Nasaan ang mga tinik? Maingat kong hinilang palapit ang isang maliit na sanga.

Doon, sa mga murang dahon, nakita ko ang mga tinik. Manipis at kulay berde, matalim at kasing-haba ng aking hinlalaki, hindi ito makikita sa layong ilang talampakan. Ngunit sinumang mapalapit sa isa sa madahon na mga sangang iyon ay tiyak na masasaktan.

Naisip ko ang maraming dibuhong nakita ko kung saan nakatayo ang Tagapagligtas sa harapan ng isang mapangutyang hukuman, nakasuot ng bata na kulay ube at may putong na koronang yari sa pinilipit na tuyo at matinik na mga sanga. Bigla kong naisip na ang isang alipin o kawal na inatasang gumawa ng koronang iyon ay maaaring mas piliing gamitin ang mga berdeng sanga na tulad ng mga nasa punong iyon—sa halip na ang malutong at tuyong mga sanga. Higit pa riyan, gagamitin ang korona hindi lamang para manakit kundi para manghamak at manuya.



*Para sa akin ang koronang tinik ay naging simbolo na batid ng ating Tagapagligtas ang lahat ng ating mga lihim na pagdurusa—at ng Kanyang kakayahang paghilumin ang mga ito.*


Sa sinaunang daigdig ang berde at madahong putong o korona—na karaniwang gawa sa mababangong dahon ng laurel—ay kadalasang ibinibigay sa mga nananalo sa paligsahan at digmaan. Ang mga korona ng tagumpay ay nagsisilbing palamuti sa mga imahe ng mga hari at emperador. Marahil ang malupit na koronang idiniin sa noo ng Tagapagligtas ay madahon at kulay berde upang buong pangungutyang maiugnay sa sinaunang pagpaparangal na iyon. Ito ay haka-haka lamang at hindi isang doktrina. Ngunit para sa akin, ang paglalarawan nito sa ganyang paraan ay mas nagbibigay-linaw sa isang aspeto ng Pagbabayad-sala: batid ng Tagapagligtas ang ating mga pagdurusa, at kaya Niya tayong pagalingin.

Ang bata na ipinasuot sa Kanya ay mapanuyang sagisag ng isang hari. Tinakpan nito ang mga latay at sugat ng pagpaparusang dinanas Niya. Sa gayunding paraan, ang madahon na koronang tinik ay tila palamuti ng isang taong nagtagumpay ngunit ang totoo ay itinatago nito ang sakit na likha nito mismo.

Napakarami sa atin ang may mga lihim na pasakit. Itinuturo ng himno na "may lumbay na 'di makita, nakakubli sa puso" ("Panginoon, Kayo'y Laging Susundin," *Mga Himno,* blg. 164). Ngunit ang Tagapagligtas ang *tunay* na nakakakita nito. Alam na alam Niya ang ating mga paghihirap. Ang Kanyang ministeryo ay isinagawa bilang pag-asam sa Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli. Subalit hindi ito alam ng Kanyang mga tinuruan at binasbasan at pinagaling. Maging ang sarili Niyang mga disipulo ay nanatiling walang nalalaman.

Nakikita ng Tagapagligtas ang nasa loob ng ating mga "bata" at "korona" na tumatakip sa ating mga kalungkutan na dulot ng ibang tao. Dahil Siya ay dumanas ng "mga pasakit at paghihirap at iba't ibang uri ng tukso," Siya ay puspos ng awa at batid kung paano tayo tutulungan kapag inilagay natin ang ating mga pasanin sa Kanyang paanan (tingnan sa Alma 7:11–12). Siya ang pamahid na makapagpapagaling kahit sa malalim at nakakubling mga sugat. At ang koronang iniaabot Niya sa atin ay tunay na mula sa isang nagwagi. ■

*SI CRISTO NA MAY KORONANG TINIK*, NI CARL HEINRICH BLOCH, GINAMIT NANG MAY PAHINTULOT NG NATIONAL HISTORIC MUSEUM AT FREDERIKSBORG SA HILLERØD, DENMARK, HINDI MAAARING KOPYAHIN



*Umaga ng Pagkabuhay na Mag-uli,* ni Steven Edwards

*Sa Kanyang mortal na ministeryo, sinabi ni Cristo sa Kanyang mga disipulo na "kinakailangang . . . ang Anak ng tao [ay] . . . patayin, at muling ibangon sa ikatlong araw" (Lucas 9:22).*

*Matapos Siyang ipako sa krus, "nagsiparoon si Maria Magdalena at ang isa pang Maria upang tingnan ang libingan.*

*"At narito, lumindol ng malakas; sapagka't bumaba mula sa langit ang isang anghel ng Panginoon, at naparoon at iginulong ang bato, at nakaupo sa ibabaw nito. . . .*

*"At sumagot ang anghel at sinabi sa mga babae, Huwag kayong mangatakot; sapagka't nalalaman ko na inyong hinahanap si Jesus na ipinako sa krus.*

*"Siya'y wala rito; sapagka't siya'y nagbangon, ayon sa sinabi niya" (Mateo 28:1–2, 5–6).*



“Malinaw na kabilang sa pag-alaala sa Tagapagligtas ang pag-alaala sa Kanyang Pagbabayad-sala, na isinisimbulo ng tinapay at tubig bilang mga sagisag ng Kanyang pagdurusa at kamatayan,” pagsulat ni Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol. “Hindi natin dapat kalimutan kailanman ang ginawa Niya para sa atin, dahil kung hindi sa Kanyang Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli, mawawalan ng kabuluhan ang buhay. Gayunman, sa Kanyang Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli, walang hanggan at banal ang mga posibilidad sa ating buhay.” Tingnan sa “Na Lagi Siyang Aalalahanin,” pahina 20.

TAGALOG
4 02096 84893 9